

Libreng Pagkain Libreng Pabahay Libreng Medisina Libreng Edukasyon

U Z. ELISERIO

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES DILIMAN

JOURNAL DOI

<https://doi.org/10.31944>

ISSUE DOI

<https://doi.org/10.31944/20239602>

ARTICLE DOI

<https://doi.org/10.31944/20239602.04>

Abstract

This study discusses a variety of Philippine cultural artifacts and interrogates a variety of concepts, operating under a Utopian framework. The various utopias, while eventually assessed as unworkable and idealist, nevertheless serve as exposes of the ruling ideology.

Chapter 1, “Ang Tunay na Kahulugan ng Pasko” (The True Meaning of Christmas) attacks the utilitarian instrumentalization of animals as food as well as metaphors. It also melds a critique of the popular Filipino song by Jose Mari Chan, “Christmas in Our Hearts,” and an explication of the utopian meaning of the figure of the Child in the Manger.

Chapter 2, “Sa Pagitan ng Sining at Agham: Ang Kaso ng Epektibong Pakikipagkapuwa” (Between Art and Science: The Case of Effective Altruism) probes the limits of effective altruism as presented in the utilitarian texts of Peter Singer. Following the critic Rolando Tolentino, the chapter exposes the ideological underpinnings of charity, effective or otherwise. The chapter ends with a formal and social defense of art, explicating the views of art critic Alice Guillermo, art being the object of Singer’s utilitarian ire.

Chapter 3, “Sa Pagitan ng Moralismo at Semiotika: Tungo sa Legalisasyon ng Droga” (Between Moralism and Semiotics: Towards the Legalization of Drugs) extends the attack on utilitarianism and the defense of the “useless,” joining Chapter 2’s defense of art with a defense of the figure of the “drug pusher.” This chapter offers a metacriticism of the film, *BuyBust* (directed by Matti, 2018), as well as some aspects of Filipino film criticism. This metacriticism challenges the “moral lesson hunting” in film criticism even of politically charged, motivated, oriented, driven movies.

Chapter 4, “Ang Seksi at Hindi Seksi sa mga Maikling Kuwento ni Chuckberry Pascual” (The Sexy and Unsexy in the Fiction of Chuckberry Pascual) offers, absurdly, a defense of free- market fundamentalism, via a meta-criticism of the introductions to two of Pascual’s short story collections, *Ang Nawawala* (The Lost) and *Kumpisal* (Confession), by well-known novelists Jun Cruz Reyes and Rolando Tolentino, respectively. Pascual, as a

critic, offers a counter-intuitive reading of “Bagong Paraiso” (New Paradise) by respected writer Efren Abueg, interpreting it not as a moralistic warning against pre-marital sex, but a criticism of the ideal capitalist subject.

Criticism itself, however, cannot be burdened by expectations of usefulness and utility. Just as stories must be judged aesthetically, so too criticism.

Chapter 5, “Tungo sa Libreng Motor” (Towards Free Motorcycles) explores alternatives to the current form of capitalism: market socialism, universal basic income, and stakeholder grants. It offers several thought experiments regarding cryptocurrency, and explicates scholar-activist Ramon Guillermo’s anti-anarchist story story, “Anibersaryo” (Anniversary).

Chapter 6, “Balanseng Paggugrupo ng Trabaho: Ang Bisyon ng Parecon ni Michael Albert” (Balanced Job Complexes: Michael Albert’s Vision of Parecon), tests the relevance of Albert’s anarchist concept of participatory economics (parecon) through readings of activist Cristina Guevarra’s “Pagbisita kay Ericson” (Visiting Ericson) and Pascual’s “Mga Kotse sa Airport” (Cars at the Airport). Albert’s parecon may be a utopia, but, as two samples from the Best Philippine Speculative Fiction show, continuing with the capitalism-we-have into the future will be a complete nightmare.

Chapter 7, “Ipistemolohiya: Denaturalisasyon ng Pamilya” (Cockroach Epistemology: Denaturalizing the Family) explores the constructed nature of the Filipino family through a reading of Carlo Pacolor Garcia’s wonderful short story “Ang Batang Gustong Maging Ipis” (The Child Who Wanted to Become a Cockroach). A surrealist dissolution between the humanities and the social sciences as disciplines to “know” the world is proffered.

An introduction and an afterword tie up the utopian impulses in the literary works analyzed through examining the “text” of former Vice President and presidential aspirant Leonor “Leni” Robredo. Robredo embodies the limitations of good intentions against the logic of global capitalism.

Keywords

utopia, Philippine fiction, aestheticism, capitalism, utilitarianism

Libreng Pagkain Libreng Pabahay Libreng Medisina Libreng Edukasyon

INTRODUKSIYON

AYUDA, O, ANG ESPIRITU NG UTOPIA

Sa rebyu sa *Allegory and Ideology* ni Fredric Jameson, itinala ni Franco Moretti na sa kabanata na “tungkol sa” isang komposisyon ni Gustav Mahler, walong pahina muna ang dumaan bago sumilip si Jameson sa kahit na “single bar of the score” (Moretti 58). Mas nauna pa ngang sumipi mula kina, at tinalakay ni Jameson sina, Wagner, Mann, Goody, Kierkegaard, Deleuze, Kant, Frye, at White! At hindi man lang tungkol kay Mahler ang sipi mula kina Wagner at Mann. Buti na nga lang at mayroon din namang pagtala sa unang walong pahina na ito tungkol sa mga naunang pag-aaral kay Mahler.

Dati pa naman itong reklamo tungkol sa kritisismo ng panitikan, na mas interesado pa ang kritiko sa ibang kritisismo kaysa sa tula o nobela mismo. Pinalawig lang ni Jameson at ngayon pati kritisismo sa musika; hindi na ang mismong komposisyon ang sentro. Iyon nga naman ang punto ng kritisismo ni Jameson, sabi ni Moretti. Taliwas sa Bagong Kritisismo at pormalismo,

ang kahulugan ng teksto’y wala sa loob, kundi mula sa labas. O, para mas madaling intindihin, hindi lamang ang kultural na teskto ang kailangang basahin para sa wakas ay magsimula na ngang magbasa.

Ganito ba dapat ang maging estilo ng isang libro, tulad ng monograp na ito, na ang proyekto’y interbensiyon sa mga usapin ng katarungang panlipunan? Bakit mayroong pagpapatawa, paglalaro ng mga salita, halimbawa, sa “Tunay na Kahulugan ng Pasko”? Bakit tila impersonal ang pakikipag-usap sa mambabasa sa “Tungo sa Libreng Motor”? Magiging malinaw ang lahat kung ikokonsedera natin ang trope na maituturing ng librong ito, ang “utopia.”

Para kay Caroline Hau, ang mga “bisyon ng utopia” ay nagmumula sa mga labis o kalabisan na dala ng pagbubuo ng bayan. Inilista niya ang ilan sa mga labis na ito: “banyaga,” “pagkakamali,” “babae” (12–13). Idadagdag natin ngayon ang “hayop,” “ang maaaring mabilang,” “sining,” “droga,” “kalayaan” (!), “ang merkado,” “balanseng paggugrupo ng trabaho,” at “libre” sa listahang ito.

Sa “Tunay na Kahulugan ng Pasko,” inusisa ang pigura ng Diyos sa sabsaban, na siya rin namang Diyos sa krus, bilang kritika sa dibisyon ng ating lipunan sa mga mayroong pag-aari at sa mga walang pag-aari.

Hinugpong ang pigurang ito sa pigura ng mga batang nagkakaroling sa mga pinapaslang sa gera laban sa droga, iyong mga biktima ng extrajudicial killings. Ang Diyos mismo ay kawawa at aba, ang Diyos mismo ay “kriminal.” Silang mga tinalikuran ng ating lipunan ang itinataas (“Let the weak say I am strong”).

Sa “Tunay na Kahulugan ng Pasko” rin iniaangat ang kritisismo bilang diskurso ng mga diskurso, na hindi na kailangan ng hustipikasyon o lehitimasyon para isulat. Sa pag-uusig sa instrumentalisasyon ng hayop, bilang pagkain man o simbolo, iniaangat ng sanaysay ang anyong sanaysay. Wala itong “silbi,” pero hindi ba’t ang mga aba at kriminal din ay “walang silbi”?

Kaya nga tinotokhang na lamang ang mga kriminal, at pinupuri ang mga bastang kalyeng nagbebenta ng parol (“nagtatrabaho”) imbes na namamalimos lang. Ang instrumentalisasyon ding ito ang tinututulan sa social media, na tinatransforma ang awtentikong komunidad tungo sa komoditi.

Ang “utopia” naman na tinalakay sa “Pagitan ng Agham at Sining: Ang Kaso ng Epektibong Pakikipagkapuwa” ay ang kuwantipikasyon. Sa pilosopiyang ito, ang siyentismo (iba sa siyentipikong lapit) ang pinapairal, at nagsisimula ang siyentismo sa iyong mga maaaring mabilang. Tinatatwa ng epektibong pakikipagkapuwa ang charity na emosyonal, dahil hindi naman iyon nabibilang. Hindi nasusukat ang tulong na dulot ng paglilimos, kumpara sa epektibong pakikipagkapuwa nina MacAskill at Singer. Kaya mayroong counterintuitive na kongklusyon ang pilosopiyang ito. Halimbawa, na para itaas ang bilang ng mga nakakapagtapos ng elementarya sa Ethiopia, hindi dagdag na teksbuk ang kailangan kundi pagpupurga ng bulate.

Utopia ang ganitong kwantipikasyon, dahil nagbibigay ito ng lente na maaaring magbigay ng solusyon sa lahat ng problema. Malusog ba ang bata? Timbangin! Epektibo ba ang ganitong programa, magsarbey! Parangkohan ang tulong na ibinigay sa iyo, isa (1) bilang pinakamababa, sampu (10) bilang pinakamataas. Maaari pa ngang itrack ang tulong benepisyo ng mga programa sa paglipas ng mga dekada. “A, bumaba ng sampung porsiyento (10%) ang ating pagkaeipisyente mula 2010 hanggang 2020.” “Sa sarbey, inindika ng limampung porsiyento (50%) ng mga respondent na tubig ang kanilang priyoridad, malayong ikalawa lamang ang pagkain sa limang porsiyento (5%).” Madaling iparodiya ang ganitong lapit, pero hindi maikakaila ang kapangyarihan nitong mangumbinsi, at tumulong. Maaari nga kayang ang inaabangan nating rebolusyong tungong sosyalismo’y ipundar sa pagpapataasan ng ihi ng mga charity?

Nga lang, sa sobrang counterintuitive ng epektibong pakikipagkapuwa, napupunta na ito sa mga hindi kanais-nais na, pero, mula sa punto de bistanang ito, lohikal na kongklusyon. Ito’y dahil nakasandig ang epektibong pakikipagkapuwa sa utilitarismo, ang instrumentalisasyong inusig sa naung kabanata. Kontrobersiyal ang opinyon ni Singer tungkol sa “halaga ng buhay,” diumano, ng mga PWD, at si MacAskill naman ay pinupuri ang mga sweatshop.

Nasa loob na rin ng sanaysay ang korektibo sa pagmamalabis ng epektibong pakikipagkapuwa: ang valorisasyon nito sa sining. Sining para sa sining, tulad na lamang ng sanaysay para sa sanaysay ng “Tunay na

Kahulugan ng Pasko.” Mangyari pa’y hindi na bagong balita ang espiritu ng utopia na gumagabay sa “X para sa X.” Ito’y pagtangga sa hiling (demand) ng kapitalismo na magbigay ng halaga. “Ano bang nakukuha mo diyan?” “Magkano ba iyan?” “Anong mahihita mo sa pagpipinta, sa pagsusulat?” Ano nga ba ang nahihita sa paglalaro, sa pagiging tao? Para saan nga ba ang hayop tinatawag nating tao, kundi para sa tao?

Sa kabanatang “Sa Pagitan ng Moralismo at Semiotika: Tungo sa Legalisasyon ng Droga,” naging mas lahad na ang pulitikal na interbensiyon nitong Libreng Pagkain sa mga usapin ng lipunang Pilipino.

Utopia pa rin ang sandigan ng sanaysay, sa kasong ito ang pagtangga sa moralismo, sa “mabuting aral” school of criticism, na kinabibilangan ng rebyu ni Miguel Escobar sa pelikulang *BuyBust*, na sigurado naman akong mabuting tao. Pero: ang lohika ng pahayag na pagkaduhapang at korupsiyon ang sanhi ng karahasan at kamatayan ang siya ring lohika na nagbibigay hustipikasyon at lehitimasyon sa pagtotokhang. Nagpoprotesta ba tayo laban sa extrajudicial killings dahil ang mga ito ay extrajudicial, o dahil ang mga ito ay killings? Ang pagpatay ba ng estado sa mga “kriminal” na idineklara ng korte na “maysala” ay iba sa pagpatay ng estado sa mga hindi isinakdal at nabigyan ng abogado? Kung aalalahanin natin ang kampanyang “Help the User, Jail the Pusher,” maaari nating kwestiyunin: bakit natin ikukulong ang pusher? Karapat-dapat bang patayin ang pusher, o ikulong, pag napatunayan na siya ay nagbebenta ng droga at hindi “inosente”? Kung pagbibigyan ang argumentong ang isang kriminal ay hindi dapat pinaparusahan hindi lang dahil napuwersa lang siya sa krimen dahil sa kahirapan (e.g. gitnang-uri siyang piniling maging durugista), maaari na nating rebisahin ang napaglumaan nang kampanya: “Help the User, Help the Pusher.” Hindi man ito makatulong sa lipunan, makakatulong ito nang lubha sa mga nagtutulak ng droga.

Inihuhugpong sa indibidwalismo, kapitalistikong indibidwalismo, ang kalayaang tinutukoy sa “Ang Seksi at Hindi Seksi sa mga Maikling Kuwento ni Chuckberry Pascual.” Sa kabanatang ito, ang “kalayaan” ay kalayaan ng indibidwal na ibenta ang katawan, at ang kalayaan ng ibang indibidwal na bilhin ito. Nakikipagpatintero ang sanaysay sa nosyon na pantay nga, hindi lang pormal na pantay, ang sekswal na manggagawa at ang (kadalasa’y

lalakeng) bumibili ng kaniyang serbisyo (ikompara: manggagawa at kapitalista). Maaari pa ngang sabihing “nataya” (i.e. natalo na sa patintero) ang sanaysay re: pagtingin sa mga bagay-bagay sa konteksto nila (totalitisasyon).

Ang espiritu pa rin ng utopia ang namamayani rito. Maaaring pagpapanggap na maituturing, pero, kapag sinabi ng isang (kadalasa’y babaeng) seksuwal na manggagawa na mabuti na ang kaniyang trabaho kaysa sa iba niyang opsiyon, mas mainam sigurong paniwalaan siya. Utopia ang sandigan ng paniniwala sa isang call center agent na nagpapasalamat siya na hindi niya kailangang lumabas ng bansa (maging OFW) para makatulong sa kaniyang pamilya, at na mabuti ang kaniyang buhay ng pag-inom ng kape at alak, at pagbe-vape pag breaktime. Ang konsepto ng “seksmaks” sa sanaysay ay konsepto ng utopia. Tulad ng kantitibasyon ng epektibong pakikipagkapwa, may benepisyo at ganansiya sa pagiging “maksimalista sa seks.” Sa madaling sabi, ito lang naman ay paniniwalang ayaw ng tao sa sakit, at gusto ng tao sa sarap, at dapat isaayos natin ang ating lipunan sa paraang mas mababa ang sakit at mas mataas ang sarap. At: na ang merkado ang pinakaepisyenteng gamit para makamit ang layuning ito. Ano nga ba ang merkado? Kailangan itong iligtas mula sa kapitalismo. Ang kapitalismo ay ang walang hanggang akumulasyon ng kapital. Sa isang kampanyang video sa *YouTube*, iginiit ni Leni Robredo na “Kung may tiwala sa gobyerno, papasok ang puhunan, lalago ang negosyo, at dadami ang trabaho.” Maaari itong basahin sa dalawang paraan. Una, dahil liberal na ekonomista, naniniwala si Robredo na nariyan ang estado para tulungan ang kapital, na ang merkado ang pinakaepisyenteng paraan para magbigay-kaayusan sa isang lipunan. Pangalawa, naniniwala si Robredo sa mas magiit na interbensiyon mula sa gobyerno sa industriya at kalakal. Ang sipi ay itaas ay mula sa videong “Ibalik ang Tiwala sa Gobyerno.” Sa video namang “Suporta sa Maliit na Negosyo,” itinuturing ng Bise-Presidente na suporta nga sa maliit na negosyo ang “pag-ugnay [nito] sa mas malawak na merkado” at pag-alis sa red tape. Sa videong “Kalayaan sa Gutom,” binigyang-diin ni Robredo ang pangangailangan sa agarang ayuda kapag mayroong lockdown.

Sa ating paglaban sa kasalukuyang pasistang rehimen, nariyan ang panganib na ang liberal na demokrasya ang ating manunubos. Alam na natin

ang tungkol sa mga DDS, pero narinig ninyo na ba ang tungkol sa MDS? Moderate Duterte Supporter. Mariin niyang tinututulan ang “madugong” giyera laban sa droga. Itinuturing niyang krimen laban sa sangkatauhan ang mali-maling pagtugon ng administrasyon sa pandemya. Patuloy ang kaniyang pag-uusig sa mga seksista at patriyarkal na pahayag ng pangulo. Ano ngayon ang sinusuportahan niya kay Duterte? Ang mga neoliberal na ekonomikong polisiya ng administrasyon, na siya rin namang ugat ng ating kinasasadlakan. Tala: hindi ito pagkaila na ang Bise-Presidente ang pinaka-may pag-asang pigilan ang mas lalo pang pagkahulog ng Pilipinas sa pasismo at awtokrasya. Ito lamang ay paalala na sa kaniyang mga slogan (halimbawa, “trabaho para sa lahat”) ay tila ba hindi niya, o ng kaniyang campaign managers, kinikilala kung anong uri ng tigre o nadiskaril na tren ang kapitalismo. (I.e. nakasandig ang kapitalismo sa reserbang hukbo ng mga walang trabaho [ang “excess” o labis ni Hau].)

Tiyak ngang ang kalayaang ibinibida sa konsepto ng “seksmaks” ay kalayaan ng mercado, at hindi ng kapitalismo. Kung papayagang humugot ng slogan, maaaring: “merkado laban sa kapitalismo.” O: kapitalismo laban sa kapitalismo. Bilang moda ng produksiyon na mayroong kasaysayan, lohikal na kongklusyon itong ang “kapitalismo ay walang esensiya.”

Ipagpapatuloy ang ganitong pagtingin sa merkado (gamit ang lente ng utopia) sa tatlong susunod at magkakaugnay na sanaysay, ang mga kabanatang “Tungo sa Libreng Motor” at “Ipistemolohiya,” gayundin ang “Afterword.”

Simple lang naman ang pusta ng mga sanaysay: na, gamit ang kapangyarihan ng estado para makapagbigay ng ayuda, sa anyo man ng libreng motor, libreng cryptocurrency, o pamigay na pera, mapipili at pipiliin ng mga Pilipino ang pinamakamabuti para sa kanila at kanilang mga kaanak.

Isa sa maaaring maging argumento laban sa panlilibreng ito ay: sino ang manlilibre? Wala naman talagang libre, sasabihin. Kung may libreng edukasyon, may nanlilibre. Ang kadalasang rekursong mga gustong tumulong sa kapwa sa pamamagitan ng gobyerno (taliwas sa mga indibidwalistikong nananampalataya sa epektibong pakikipagkapwa halimbawa, na charity ang preference) ay ang pagtaas ng buwis. Bubuwisan ang mga bilyonaryo! Kadalasan nga lang, ang mga gitnang-uri at mahirap ang negatibong

naapektuhan ng pagtaas ng buwis. Pusta ng tatlong sanaysay na ang mas transparent na pamamahaling pinansiyal (piskal), gamit man ang teknolohiyang blockchain o hindi, ay magdudulot ng implasyon na siya namang epektibo at episyenteng maisasaalang-alang ng merkado. Lalaki nang lalaki ang suplay ng pera, pero dahil hayag at lantad ang prosesong ito, makakagapay ang mga rasyonal na ekonomikong hayop (i.e., ang mga tao) sa estruktura. Alinsunod lang naman ang ganitong mga panukala sa lohika ng ayuda sa panahon ng lockdown at COVID-19, ngunit sa mas malawakan at matinding ehkusyon.

Tulad ng sanaysay tungkol sa epektibong pakikipagkapwa, na nilalaman ang kritisismo- sa-sarili, itong Libreng Pagkain, Libreng Pabahay, Libreng Medisina, Libreng Edukasyon, primarya na ang trilohiya ng sanaysay tungkol sa libre, ay kahalubilo sa mga pahina ang sanaysay na umuusig sa kanilang pundasyon: ang “Balanseng Paggugrupo ng Trabaho: Ang Bisyon ng Parecon ni Michael Albert.” Isang anarkistang akda, utopia na maituturing ang parecon ni Albert, na iniwasan ang mga kalabisan ng kapitalismo at natatakan ang kakulangan ng estatistang pagpaplanong sinubukan noon sa Unyong Sobyet. Iwinawaksi sa parecon pareho ang merkado at estado. Ang mayroon lamang ay mga pantay-pantay na tao na nagtutulungan para maatim ang kanilang mga kolektibong layunin.

Kayrami namang sinabi para lang matalakay ang *BuyBust*, ang “Bayan Ko,” ang mga maikling kwento nina Ramon Guillermo, Cristina Guevarra, Carlo Pacolor Garcia, at lalong-lalo na iyong kay Chuckberry Pascual! Hindi ba maaaring hilingin sa kritisismo na maging itong lamang tungkol sa mga tula at nobela? Pero itong mga tula at nobela rin naman ay tungkol sa katawan, kalusugan, paghihirap, paghahabol sa pera, at pagtalikod sa lipunan. Ang mga likhang- sining at likhang pampanitikan din naman ang nagsimula ng usapan tungkol sa mga ekstra- artistikong abalihin, at sinakyan lang ng kritisismo ang usapan, sumunod lamang sa takbo ng usapan. Maaaring utopia (sa negatibo nitong konotasyon) ang hinahanap ng mambabasang pormalistikong interpretasyon sa ganito at ganyang teksto. O, maaaring ang hinahangad niya’y utopia (sa positibo nitong konotasyon), isang mundong

walang kailangan pang alalahanin kundi ang sarap ng mga salita. Mga mahal kong mambabasa, isang araw, magkikita-kita rin tayo sa lugar na iyon.

Sanggunian

Hau, Caroline S. *On the Subject of the Nation: Filipino Writings from the Margins, 1981–2004*. Ateneo de Manila UP, 2004.

Moretti, Franco. “Always Allegorize?” *New Left Review*, tomo 121, Ene./Peb. 2020, newleftreview.org/issues/ii121/articles/franco-moretti-always-allegorize.

Pagkilala

Ang “Sa Pagitan ng Agham at Sining: Ang Kaso ng Epektibong Pakikipagkapuwa” ay unang nalathala sa *Talas: Interdisiplinaryong Journal sa Edukasyong Pangkultura*, 2017, Tomo 2, National Commission for Culture and the Arts.

Ang “Balanseng Paggugrupo ng Trabaho: Ang Bisyon ng Parecon ni Michael Albert” ay unang nalathala sa *Bisig* 2015 (tomo 2), Institute of Labor and Industrial Relations, Polytechnic University of the Philippines.

Ang “Ang Tunay na Kahulugan ng Pasko” ay panayam na binasa sa Agos: 2nd PUP Literary Festival, Nemesio Prudente Hall, Polytechnic University of the Philippines, Disyembre 8, 2017.

Ang “Tungo sa Libreng Motor” ay unang nalathala sa *Bien! Bien! Alagad ng Sining, Anak ng Bayan*, inedit nina Teresita Maceda, Galileo Zafra (Sentro ng Wikang Filipino–Diliman, 2020).

Ang “Sa Pagitan ng Moralismo at Semyotika: Tungo sa Legalisasyon ng Droga” ay unang nalathala sa *Ang Mahaba’t Kagyat na Buhay ng Indie Sinema*, inedit nina Rolando Tolentino at Aristotle Atienza (Quezon City: University of the Philippines, 2023).

ANG TUNAY NA KAHULUGAN NG PASKO

Inanyayahan ako ng Sentro para sa Malikhaing Pagsulat ng PUP (Polytechnic University of the Philippines) para magsalita tungkol sa paksang “Kritisismo at Sining: ba’t kailangang gambalain ng sining ang mga ayaw makialam at walang pakialam.” Tanong ang ikalawang bahagi ng tema, pero bago ito masagot, kailangan ko munang magtanong, “Ano ba itong kritisismo, at ano ba itong sining na tinutukoy?”

Nga naman, kung itatanong natin kung bakit kailangang manggambala ng sining, ipinagpapalagay nating mayroon ngang bagay na tinatawag na sining. Paglaruan natin ang salita.

Noong unang panahon, habang sinasakop ng mga Espanyol ang mga islang tatawagin nilang Filipinas, mayroong isang conquistador na pumasok sa bahay ng datu. Gusto niya itong halughugin para sa mga mamahaling bagay bago sunugin. Sa loob, nakakita siya ng isang eskultura ng magandang dilag. “Ano ito?” tanong niya sa aliping namamahay. Pero hindi naman marunong mag-Tagalog ‘yung Espanyol, kaya ang natanong niya ay “Sino ito?” Sabi nung aliping namamahay, “Si Ning,” i.e., ‘yung eskultura ay representasyon ng anak ng datu na si Ning. Kaya ganoon na lang ang naging tawag ng mga Espanyol sa eskultura, at kalaunan sa lahat ng artes na natagpuan sa mga isla: *sining*.

Siyempre, kapag naririnig natin ang “sining,” naririnig natin ang “sin,” kasalanan. Madalas nating naididikit ang sining sa pagkakasala dahil sa sining, nasisiwalat, o nabibigyang- tinig, ang mga ipinagbabawal sa atin. Noong 1990s, halimbawa, ang Ginintuang Dekada ng Sineng Pilipino, iniluwal ng mga pinagpipitagang direktor ang mga klasiko tulad ng *Patikim ng Pinya, Talong*, at *Anakan Mo Ako*. Hindi na magpapatalo ang aughts (dekada 2000). Naalala ninyo pa ba ang likha ni Mideo Cruz, na nagdulot ng protesta at pananakot? Nakakatawa ang mga Pilipino kasi ikagagalit natin ang paglalagay ng titi sa poon pero ipagdiriwang natin ang pagpatay sa mga teenager.

Anagram din ang “sining” ng “inis ng.” Inis ng ano? Kung gagawa ng graffiti ang isang taga-PUP, halimbawa, at tatawagin natin itong halimbawa ng sining-PUP, puwede natin itong intindihin bilang “inis ng PUP.” Ang

sining-Pinoy, puwedeng inis ng Pinoy. Madali naman kasing mainis. Ang mas mahalagang tanong, “Inis kanino?” Bukod sa inis, ano pa? Ibig kong sabihin, bukod sa sining, ano pa?

Mula sa paglalarong ito maaari na siguro tayong magbigay ng probisyonal na pagpapakahulugan sa sining. Ito ay kahit anong magandang bagay na nagkakasala o di kaya ay nagbibigay-pahayag sa pagkainis. Sa malawak na depinisyon ng ito, puwede nating ipasok ang kahit ano, mula graffiti, hanggang patalastas, hanggang motel. Pero binibigyan din tayo ng depinisyon ko ng limitasyon. Kailangang may ganda. Kailangang may kasalanan. Kailangang may inis.

Ang maganda sa sining, bukas ito sa lahat. Gayundin, bukas ang pagbibigay-kahulugan dito. Kahit anong sabihin nila sa loob ng unibersidad, kahit anong italumpati ng damuhong ninyong guro, hindi pa rin nila makontrol ang sining. Patuloy itong humuhulagpos, kumakawala. Nagwawala.

Pero samantalang likas sa sining ang lumaban at makipagdigma sa pagkakahon sa sining, estrikto ang kritisismo. Iisa lamang ang depinisyon ng kritisismo, at ito ito: ang kritisismo ay iyong uri ng pagsusulat, na tumutukoy sa iba pang pagsusulat, na ang layunin ay lumikha ng iba pang pagsusulat.

Madali naman itong matunghayan in action. Kapag, halimbawa, binaril ako ngayon mismo ng riding-in-tandem na biglang pumasok dito sa kuwarto, at may nagsulat tungkol sa pangyayaring iyon, ang tawag sa pagsusulat na iyon ay balita. Kapag, pagkatapos ng isang siglo, may iskolar na inilarawan ang pagpatay sa akin bilang pruwera sa unti-unting normalisasyon ng karahasan sa Pilipinas, na ang climax ang Guro Massacre ng 2040, ang tawag sa pagsusulat na iyon ay kasaysayan. Itong ginagawa kong paglalarawan sa balita at kasaysayan ang kritisismo, dahil ang layunin nito ay mag-udyok sa iba pa na magsulat din, para magsulat ang iba pa.

Binibigyang-diin ko ang malaking papel ng pagsusulat sa kritisismo kompara, halimbawa, sa pagpokus sa pagpapahayag ng opinyon na maaaring maganap sa kritisismo dahil kahit sino namang gago ay puwedeng magpahayag ng opinyon, tungkol sa mga likhang-sining, o kahit ano pang bagay. Nitong nakaraang Biyernes lang ay dumaan ako ng Fully Booked. Nakinig ako sa usapan ng dalawang estudyante dahil halata namang gustong iparinig nung

isa sa buong Fully Booked ang kaniyang mga idea tungkol sa panitikan. Malakas kasi ang boses niya. Sabi niya, halimbawa, hindi naman talaga naging ipis si Gregor Samsa sa *Metamorphosis*, pakiramdam lang niya ay ipis siya dahil satrato sa kaniya ng kaniyang pamilya at trabaho. Gayundin, ang kahulugan daw ng *différance* ni Derrida ay walang kahulugan ang *différance*. Hindi ko alam kung tama ang kaniyang interpretasyon, at hindi ko naman nababasa pa ang mga tekstong kaniyang binaggit. Gusto ko lang ikuwento ang pangyayaring ito dahil nakakatuwang may mga estudyanteng passionate tungkol sa panitikan.

Maaari nating i-generalize ang mga pahayag ng estudyanteng ito bilang “Ang X ay Y.” Ang X dito ay ang bagay na nasa mundo, halimbawa, ang libro, at ang Y ay ang katotohanan tungkol dito. Ang mahalaga sa diskurso ng estudyante ay ang pagiging tama. *Kailangang* Y ang X. Kapag nalaman mo na ang Y ng kahit anong X, iyon na ’yon. Wala nang ibang Y na puwedeng magkaroon ang X. Ang dahilan kung bakit nagsasalita ang estudyante ay para masabi kung ano ang Y ng X.

May silbi ang ganitong uri ng diskurso. Gusto natin, halimbawa, na klaro sa lahat na “red na traffic light,” ang X, ang nangangahulugang “hinto,” Y. Kasi kung hindi, magkakamatayan tayo sa kalsada. O sa Jollibee, gusto natin na ang Chickenjoy ay sandaang piso, o ₱150, o kung anuman. Kasi, mahirap ’yung mag-iipon ka, tapos, iba na pala ang presyo ng Chickenjoy. Gusto ko ng masarap na manok.

Mahirap magsulat. Mahirap magsulat kasi madaling magsulat. Madaling magsalita kasi madaling magsalita. ’Yung estudyante sa Fully Booked, halimbawa, alam niya kung kailan puwede o hindi puwedeng magsalita. Kung meron siyang kausap, puwede siyang magsalita. Kung wala naman siyang kausap at nagsalita siya, para siyang gago. Pero ako, halimbawa, noong isinusulat ko ang mga salitang ito na binabasa ko ngayon sa harap ninyo, nadalian ako. Para lang akong nagtatae ng salita. Pero, hindi ko alam kung may babasa ng mga salitang ito, noong isinusulat ko sila. Baka, halimbawa, hindi matuloy ang lecture kong ito. At kung, kunwari, kritiko. Problema mo kung may maglalabas ng kritisismo mo, magazine, journal, o website. Puwede mong ilagay sa blog mo, siyempre, pero nariyan na ang mas malaking

problema. Meron bang magbabasa? Kaya mahirap magsulat. Bakit pa? Why bother?

May apat na dahilan kung bakit nagsusulat ang isang tao, na puwede ring dahilan kung bakit lumilikha ng sining ang tao: (1) komunikasyon, (2) pagkilala, (3) pera, at (4) pananampalataya.

Komunikasyon ang tingin nating pangunahing silbi ng wika. May sense naman iyon. Bakit nga naman ako magsasalita sa harap ninyo ngayon kung wala naman akong gustong iparating sa inyo? Kahit iyong walang saysay na “mmm” tsaka “hahaha,” o ‘yung smiley face at thumbs up sa Facebook messenger, pakikipagkomunika. Ito ‘yung tinatawag na “phatic communication,” at ang “mmm” ay puwede nating isalin bilang “Gusto kong magpatuloy makipag-usap sa iyo.” Samantala, ang thumbs up ay maaari nating isalin bilang “May sapat kang halaga para padalhan ng icon, pero hindi ng salita.” Komunikasyon pa rin.

Kahit nga iyong panlalait, komunikasyon pa rin. Para ka babuyin at dustahin ng isang tao sa Internet, kailangan muna niyang ipagpalagay na tao ka nga, nakakaintindi ng mga salita, nakakaintindi ng mga insulto, at mayroon damdamin na maaaring saktan at digdinidad na maaaring tapakan. Ito ‘yung paradoks ng pangungupal: itinataas ka sa proseso ng pagbababa sa ‘yo.

Ano nga ba ang kinokomunika ng kritisismo? Kadalasan, iniisip natin na ipinapaliwanag ng kritisismo ang likhang-sining. Kaya nga namang gawin ito ng pagsusulat, ang magpaliwanag. Pero, para saan pa kung lantad naman ang kahulugan, diumano, ng likhang-sining. Halimbawa, iyong “Kung ang tula ay isa lamang,” kailangan pa bang ipaliwanag iyon? Babalikan natin ang isyu ng teknik mamaya.

Maaari din na asahan natin mula sa kritisismo ang paglalantad ng mga itinatago ng likhang-sining. Halimbawa, iyong “Bayan Ko,” puwede nating ituring na instance ng victim blaming. Di ba ang lyrics, “At sa kaniyang yumi at ganda/Dayuhan ay nahalina.” So, kasalanan ng ating bayan kung bakit tayo kinolonisa? Kasi, kung hindi mayumin at maganda ang ating mga isla, hindi sana nahalina ang banyaga. Puwede naman talaga natin itong gawin sa mga likhang- sining, itong salungat na pagbabasa. Ginawa ito ni Caroline Hau sa

kaniyang sanaysay sa *Sa mga Kuko ng Liwanag* ni Edgardo Reyes (133–76). Diniskas niya kung paanong mayroong uri ng nation formation na nakabase sa pagdusta ng Bukod o Iba, sa kaso ni Reyes, mala-halimaw ang depiksiyon ng Tsinong si Ah Tek. Mas madalas itong mga salungat na interpretasyon, makikita natin sa pagsusuri ng popular na kultura.

Balik ngayon tayo sa isyu ng teknik. Puwedeng idiskas sa komentaryo ang mahusay na teknik na ginamit sa isang tula para isiwalat ang pagsasamantala ng kolonyalismo. Gayundin, maaaring idiskas kung paanong *itinago* ng isang advertisement ang pagsasamantala sa kapitalismo. Ito man ay kailangan din ng sopistikadong teknik. Mahirap magsinungaling, mahirap manloko ng tao.

Ang problema, kung komunikasyon ang magiging papel ng kritisismo, dehado ito. Halimbawa, may pelikula mula sa Hollywood na sikat na sikat. Tapos, gumawa ka ng sanaysay na tumutuligsa sa mga pailalim na kahayupan nito. Pinost mo sa *FB*. Nakakuha ka ng one thousand views. Kaso kumita 'yung pelikula ng sampung bilyon sa buong mundo. Sige, ni-like 'yung post mo ng walong tao. Nakumbinsi mo sila. Pero mas matindi pa rin ang epekto nung pelikula. Hindi naman masama—walang masama sa ginawa mo. Hindi nga lang epektibo.

E kunwari, feminista ka. Gusto mo talaga ng pantay ang karapatan ng mga babae at lalaki. Puwede kang magsulat ng sanaysay. Ilang oras ang igugugol mo dun? E kung 'yung oras mo dun, iginugol mo sa pagkita ng pera—tapos, idinonate mo 'yung limanlibong piso sa *Women on Waves*. Ang *Women on Waves* ay isang nonprofit organization na lumilibot sa buong mundo. May dala silang bapor, tapos, pupunta sila dun sa mga bansang ilegal ang aborsiyon, dadalhin nila 'yung mga babaeng gustong magpaabort sa international waters, kung saan walang soberenya ang kanilang bansa, at doon gagawin ang procedure. Sa perspektiba ng pagkaepisyente, mas nakatulong sa feminismo ang donasyon mo.

Hindi ko sinasabing huwag magsulat. Ang sinasabi ko, kulang ang komunikasyon bilang motibasyon sa pagsusulat. Kasi, kung gusto mong magkomunika, malamang, dapat meron kang gustong ikomunika. Ang tanong, iyong bang gusto mong ikomunika ay nasabi na nang mas mahusay ng ibang tao? At kung oo, e ba't di mo na lang i-share 'yung post nila? Nakatipid

ka pa ng oras. 'Yung oras na 'yon, puwede mong itulog. E di nakatakas ka sa mapagsamantalang makinarya ng kapital.

Kung ang kritisismong itinatangka mong isulat ay pro o anti sa kung ano mang likhang- sining o teksto, nagiging ang isinusulat mo'y mahabang bersiyon lang ng thumbs up/thumbs down sa *Reddit*. Bakit hindi mo na lang igugol ang oras mong gagamitin sana sa pagsusulat sa pagbabasa nang sa gayon ay mas marami kang ma-thumbs up o thumbs down? Kinakailangang bigyan ang kritisismo ng pag-iral na kapantay sa antas ng likhang-sining, kundi lagi itong magiging subordinate. Kung hindi primarya ang kritisismo, hobby lang ito. Pero para maging karapat-dapat sa primaryang antas, kailangan itong magkaroon ng mga katangian na pambihira. Babalikan natin ang isyung ito.

Pagkilala ang pangalawang naisip kong maaaring maging motibasyon para sa pagsusulat ng kritisismo. Ang pagkilala ang pinakaimportanteng pangangailangan ng isang tao bilang tao. Ito rin ang pinakamapanganib, dahil walang kasapatan ito.

Nakakatawa sigurong marinig na gusto ng mga kritiko ang pagkilala. Hindi ba ang mga kritiko ang kumikilala? Sila ang pipili kung alin ang Best Picture sa Oscars. Sila ang magsasabi kung sino ang karapat-dapat na bigyan ng National Book Award. Ang tinutukoy kong kritisismo, ang tanging kritisismo, ay iyong pagsusulat/pasulat.

Nabanggit na ngang mahirap magsulat. Kahit iyong maikling post sa FB, kailangan nun ng lakas-paggawa. So, sumulat ka nga ng panunuligsa sa sikat na pelikula mulang Hollywood. Pinost mo 'yung kritisismo mo. Ikaw lang ang nag-view. Walang nag-like (madalas itong nangyayari sa mga status ko). 'Pahiya ka. Samantala, iyong pelikula, sandaang bilyong dolyar na ang kinikita, nanalo pa ng Best Original Screenplay sa Oscars.

Hindi lang kasi sa gusto mong magkomunika. Kailangan, alam ng iba na *ikaw* ang nagkomunika ng ideyang kinokomunika mo. Kaya nga may byline, para sa ego mo. Kaya nga hindi ka na lang namimigay ng kopya ng teksto ng ibang tao. Kasi gusto mo, teksto mo ang sikat. Ikaw dapat ang nagba-viral.

Nasasalat na natin dito ang pagkukulang ng kritisismo re: komunikasyon at pagkilala. Isipin na lang natin 'yung graffiti. Mas episyente kasi mas

madaling isulat. At mas maraming makakabasa, hindi lang *FB* friends mo. At direct to the point, hindi maligoy. Sabi ng isang poster sa UP, halimbawa, “#BanTrump.” Hip pa, may hashtag e.

Wala ring ego na kailangan ng papuri. Walang ako na nag-aako ng isinulat.

Imposible ang pagkilala, kahit sa mga nakakatanggap nito. Paano’y laging maaaring may maidagdag sa mga tagahanga mo. Kung masaya ang kinseng like, bakit hindi treynta? Kung sandaan ang nag-share, puwede bang itaas sa sanlibo?

Madalas nating matunghayan ang mga artista na sumikat pero sinara ang buhay. Paano’y nakakalulong ang kasikatan. At madali ring magsawa ang madla. Oo, merong loyalist. Meron iyon nga ang kalikasan ng pagkilala. Hindi mo ninanais ang pagkilala ng mga kumikilala na sa iyo. Ang gusto mo ay iyong mga hindi ka kinikilala. Walang hanggan ang pagnanasang ito.

Makikita natin ito halimbawa sa institusyon ng Gawad Palanca. Kapag nagsisimula ka pa lang na manunulat, gugustuhing mong manalo sa Palanca. Kahit third place lang. Kapag naka- third place ka, gugustuhin mo ulit na sumali. First place naman. Kapag pati ’yon na-achieve mo, kulang na. Kailangan na, Hall of Fame. Mas mahirap iyong makuha. Nangyayari, hindi ka na manunulat, hindi ka na alagad ng sining. Tagahabol ka na lang ng award.

Ang maganda sa kritisismo, simula pa lang, alam mo nang imposibleng makamit ang pagkilala. Samantalang pinupuri ang mga artista sa paligid natin, sinong kritiko ba ang kilala natin?

Pero dahil pangunahing pangangailangan ng tao ang pagkilala, kahit ang kritiko ay hindi ligtas sa pagnanasa dito. Ano ang solusyon? Walang solusyon. Kailangan mo lang na magsulat na alam mong pagkilala ang ninanasa mo at malay na hindi mo makakamit ang pagkilalang ito. Para kang gago, bale.

Nabanggit ko na rin naman ang Palanca, pumunta na tayo sa pera. Hindi maliit na bagay ang premyo sa Palanca. Puwede itong pambili ng bagong cellphone, bigas, o di kaya’y pambayad ng utang. Panlibre sa mga kaibigan, o kaya’y budget sa bakasyon.

Siguro’y nakakatawa ang suhestiyong magsusulat ang kahit sino ng kritismo para sa pera. Pero malaking pera din ang pinag-uusapan dito. Halimbawa, kung may grant ka para sa iyong pananaliksik. Sa UP, kapag sa ibang bansa, kapag sa banyagang dyornal nalathala ang sanaysay mo, bibigyan ka ng pera. Gayundin, ang mga maraming nakalistang publikasyon sa kanilang CV ay mas mabilis at mataas ang promosyon.

Praktikal na magsulat para sa pera, dahil kailangan natin ng pera para sa mga batayang pangangailangan natin, tulad ng pagkain, bahay, medisina, at edukasyon. Ang maganda sa pera, bukod dito, ginagawa nitong kantitatibo lahat. Ano ang katumbas ng dalawampung pahinang papel mo? Singkuwenta mil, kunwari. O sampung piso. Kesa naman walang numero. Ano ang katumbas ng limang daang pahinang magisterial study mo ng maikling kuwentong Pilipino? Zero. Hindi man lang nga zero e. Hindi sa hindi ka binayaran. Binayaran ka ng wala.

Kailangang magbigay dito ng ilang tala tungkol sa pera. Baka kasi nakakarinig kayo ng mga taong nagsasabing hindi mahalaga ang pera, o marumi ang pera, o hindi ito dapat gawing sentral sa buhay. Hindi lang sa mahalaga ang pera, pero hindi ito madumi, at hindi man ito ang dapat maging sentral sa buhay ninyo, kailangan nitong maging isa sa inyong priorities. Kaya nga tayo nagde-demand ng mas mataas na suweldo, dahil importante ang pera.

Kahit sa magandang kinabukasan natin ay may pera. Ang pinagkaiba nga lang, hindi ito nasa kamay ng iilan lamang.

Ang dapat iwasan sa pera ay iyong pagkonsumo. Nakatira nga tayo sa isang consumer society. Araw-araw, oras-oras, bino-bombard tayo ng mga patalastas na inaakit tayong gumastos. “Magkapera; huwag gumastos” ang dapat nating maging slogan.

Kung tila ba parang nalalayo tayo sa orihinal nating paksa, huwag matakot. Iyan ang maganda sa kritisismo, na siya ring ganda ng sining: walang bawal na paksa, walang hindi puwedeng pag-usapan.

Mula pera ay madali nang tumalo sa pananampalataya. Hindi nga ba’t ang pera ang isa sa pinakapurong ekspresyon ng pananampalataya? Kapag nagtrabaho ka, at bilang kapalit, binigyan ka ng asul na papel, hindi ka

nagreklamo. At iyong papel na iyon, tatanggapin ng taong may bigas, bibigyan ka niya ng isang kilo. Paano nangyaring katumbas ng papel ang iyong paghihirap, ang bigay, ang manok, ang baboy? Kasi nananampalataya tayo sa estruktura, nananampalataya tayong mahalaga ang papel na iyon.

Gayundin, nananampalataya tayo sa kritisismo, at nananampalataya tayo sa sining. Kasi, sumasampalataya ang kritisismo. Sumasampalataya ang sining. At sa wakas, narating na rin natin ang dahilan kung bakit tayo dapat manggambala sa kritisismo at sining na ating nililikha.

Paano nga ba manggambala? Paano ba magambala. Nagagambala lang tayo kapag hindi natin mapasok sa ating ideolohiya ang isang pangyayari. Kung merong konserbatibong nakakita ng naghahalikang teenager, halimbawa, magagambala siya. Pero kung may liberal na nakakita, baka magkibit-balikat lang siya. O baka nga, hindi pa niya “makita,” ibig sabihin, kasing ordinaryo at normal lang ang eksenang ito ng kaniyang mundo. Para na lang itong building o puno o jeep.

Ikompara natin ito sa pornograpiya. Ang problema raw sa pornograpiya, kapag napuno mo na ang pagnanasa para sa isang uri ng high, wala ka nang satisfaction sa susunod na maengkuwentro mo ito. Kaya, kunwari, una, nanood ka ng threesome. Kailangan sa susunod, foursome. Tapos, iyong tinatawag nila sa marahas na paraan bilang “gang bang.” Hanggang sa hindi ka na masaya sa pornograpiya.

Ganito rin sa karanasan. Kapag unang punta mo sa Baguio, tuwang-tuwa ka. Wow, anlamig. Wow, mura ang taxi. Wow, ang ganda ng ganito at ganiyang eksena. Pagbalik sa mo susunod na taon, e, malamig na naman. E, mura na naman ang taxi. E, Café by the Ruins na naman. Buti nga, nasunog ang Café by the Ruins; at least nagkaroon ng bagong makikita. Ano ang solusyon sa pagiging unexciting ng mga naranasan na? Siyempre, ang pagpunta sa ibang lugar, ang paghagilap ng bagong karanasan.

Ang ganitong kalikasan ng pagnanasa ng tao ang pinagsasamantalahan ng mga kapitalista. Alam nilang lagi tayong naghahanap ng bago. Iyong “bago,” nagawa nilang isalin bilang “bagong bilihin.” Pinagsawaan mo na ang iPhone 7 mo; kailangan iPhone X naman. Kaya tayo click nang click; kaya

tayo refresh nang refresh ng feeds natin. Ito ang tinatawag na consumer society.

Narito ngayon ang paradoks ng sining. Sa isang banda, kailangan nitong maglatag ng bago, kundi, wala na itong puwersa. Sa ibang banda ang pagkahayok sa bago ang kalaban nito. Ano na ang magiging kritikal na tindig ng sining kung parehas na ang mga katangian nito sa pornograpiya, turismo, *Facebook*, at ABS-CBN.

Para maging bago, kailangan ng sining na maging luma. Kailangan nitong sumalungat sa kulto ng sariwa. Ang ipagpupunyagi natin ngayon ay ang gasgas, ang nakasanayan, ang pinaglumaan. Muli, makibaka. Muli, ibagsak.

Ito ay pagkilala sa pagiging buhay ng sining at kultura. Hindi magkahiwalay ang luma at bago. Sabi nga ni Rolando Tolentino (158–64), para magkaroon ng bago (iPhone X), kailangan meron munang luma (iPhone 7). Hindi magkahiwalay na bagay na magkarelasyon ang iPhone 7 at iPhone X, walang bagay na magkarelasyon, meron lamang relasyon.

Para maging nakakagambala ang sining, kailangan meron itong pinupuntirya. Dapat meron itong karelasyon. Sa tinatarget nito, institusyon man, o tao, o idea, o artistic movement, meron dapat itong antagonistic na relasyon. Kasi nga, kung ila-like mo lang, wala kang bagong nasabi. Pero hindi rin puwedeng simpleng pag-downvote lang. Matatrap ka kasi ng kalaban mo. Kailangan, transformativo ang iyong pakikipagrelasyon.

Balikan natin ang “Bayan Ko,” paglaruan natin. Sabi roon, “Ibon man may layang lumipad / Kulungin mo at umiiyak.” Tapos, ikompara sa bayan, na, dahil nga malaibon, hindi na mahirap ma-imagine itong “magnasang makaalpas.” Kawawa naman ang bayan, parang ibong nakakulong! Pero sino ang mas kawawa? Iyong ibon! Kasi, talinghaga na lang siya. Naging instrumento sa pagtatangkang palayain ang bayan. Iyon nga naman ang tingin natin sa mga hayop. Instrumento para sa mga layunin ng mga tao. Wala man lang ngang specifics dun sa ibon! Aling ibon ang madalas ikulong at hindi natin naririnig magreklamo? Manok! At anong ginagawa natin sa manok? Kinakain. Pero bago natin kainin, may kumakatay para sa atin. May pumapatay para sa atin. Kaya nga siguro tayo blase sa pagpatay sa ating mga

kapuwa-tao, araw- araw naman tayong kumakain ng mga pinatay nating kapuwa-hayop.

(Para lang hindi ako magmukhang moralist terrorist: kumakain po ako ng manok. At baboy.)

Napakahirap ng ipinipinta nating obligasyon ng sining. Kailangan na nga nitong maging luma para lang maging bago sa lipunang hayok sa bago, kailangan pa nitong maging instrumento laban sa instrumentalisasyon.

Bakit natin kailangang tutulan ang instrumentalisasyon? Sapagkat ang mga tao, at ang mga hayop, ay hindi lamang instrumento. Hindi lamang bagay. Isipin mo na lang kung may kaibigan kang lagi kang inuutangan, tapos kapag wala ka nang pera hindi ka na pinapansin. Kaibigan ba 'yon? Sa social media, kailangan mo laging magtanghal. Kailangang likable ang iyong mga status. Kailangang double-tappable ang mga pinopost mo sa Instagram. Sa social media kasi, ikaw ang produkto. Ikaw ang binebenta sa mga advertisers. Gayundin, ikaw ang binebenta sa kapuwa mo user. Kasi kapag di na exciting ang mga post mo, mawawalan ng insentibo ang mga kakilala mong manatili doon sa app. E kailangan nga tayong logged in para ibenta sa mga advertisers.

Kapag nakikita mo ang iyong mga kapuwa-tao bilang instrumento, wala nang komunidad, wala nang bayan, meron na lamang network. Network na ang best case scenario! Kunwari, meron kang kupal na social media friend. Asar na asar ka sa posts niya, pero hindi mo mabara kasi baka kailanganin mo siya bukas. Ang tingin natin ngayon sa isa't isa, resource. Asset. Wala ka na ngang awtentikong kaibigan; wala ka pang awtentikong kaaway.

Kapag nakikita natin ang sining bilang instrumento imbes na layunin, daan imbes na patutunguhan, pinapalakas nito ang lohika ng instrumentalisasyon. Kalimutan na natin ang pagkompara dito sa propaganda. Wala na itong pinagkaiba sa patalastas, sa ad. At hindi nga ba't ang pinakamahasag na video sa kasalukuyan ay ang mga viral ads ng iba't ibang korporasyon? Ang paborito ko ay iyong sa beer sa Thailand. Iyong mga lalaking nasa loob ng kotse, akala nila, wala silang mapaparkingan. Pagkatapos ay nakatagpo sila ng espasyo. Nagdiwang sila, tuwang- tuwang parang mga gago.

Kung ang isang eskultura o isang piyesa ng musika ay mahalaga lamang dahil sa gamit nito, baka hindi ang isang hayop, ang isang tao? Hindi ba't kaya

okey lang tayong pinapatay ang mga akala nating adik? Kasi, akala natin, wala naman silang silbi sa lipunan? Pero kung ang isang tao ay mahalaga lamang dahil meron siyang silbi, walang taong mahalaga. Kung gayon, para tunay na maging makatao, kailangan nating ipagtanggol ang paniniwalang ang mga tunay na mahalaga ay iyong mga walang silbi.

Pero kung merong isa na mahalaga lamang dahil sa silbi nito, laging may panganib na hindi lang isa ang kailangang may silbi para maging mahalaga. Kung gayon, kailangang pahalagahan muna natin lagi ang inherent na halaga ng lahat, lampas at bukod sa silbi nito.

Ang sining, kung gayon, ay kailangang maging luma para maging bago. At kailangan nitong maging walang silbi para ipagtanggol ang halaga nating lahat.

(Klaripikasyon: ang mga komentong ito ay may lohika lamang sa consumer society tulad ng mayroon tayo dito sa Maynila. Kapag, halimbawa, nadulas tayo tungo sa pasismo o sa diktatura, kakailanganin ng adjustment sa programang ito.)

Sa pagtasa ng kahit anong likhang-sining, ang unang bibigyang-diin natin dapat ay ang anyo. Pero hindi lamang ang anyo ng pagkakasulat, kundi ang mga institusyong nakapalibot sa sinulat. Kung ang mga painting ay mga gallery at museo, at ang mga dula ay may mga production company at teatro, nariyan ang mga editor at publisher sa daigdig ng panitikan. Ang editing ay hindi simpleng paghahanap lamang ng typo, kundi ang pagbibinyag kung aling teksto ang itinuturing na karapat-dapat. Ikompara, halimbawa, ang gatekeeping na nagaganap sa mga tradisyonal na publishing house tulad ng Anvil, VisPrint, at ng mga university press; at ang anarkistang lapit ng Internet, hindi lamang sa *Wattpad* kundi kasama na rin iyong mga indibidwal na blog at kahit mga post sa social media. Kaya nga matindi ang pagtutol ng mga elitetari sa self-publishing, dahil nilulusaw nito ang kanilang aura, hindi na sila ang magdedesisyon kung ano ang maganda o hindi, kundi ang mga mambabasa.

Gayundin, ang mga publisher ay naglalathala para sa pera. Tandaan, hindi ko sinasabing masama ang pera. Tandaan ding wala namang masama o mabuti, meron lamang kapangyarihan.

Sa tradisyonal na publishing, nasaan ang kapangyarihan? Nasa kamay ito ng editor, na siyang unang sumasala ng mga teksto. Pagkatapos, iyong mga referee na nagdedesisyon para sa publisher kung ilalathala o hindi ang gawa. Kapag lumabas na ang libro, bukod nga sa pera, isa pang nais ng mga tradisyonal na publisher ay mga award. Kahit ang mga institusyon, nangangailangan ng pagkilala ng ibang institusyon. Meron pa bang kagandahan sa ganitong uri ng setup? Hindi nga ba't nahilig lang ako sa pagsusulat dahil mahilig akong magbasa? Bakit naging mas mahalaga na iyong pakikipag-network sa mga editor, publisher, at award-giving body? E di mag-*Facebook* na lang ako; mas madali pang makakuha ng likes.

Trabaho ng kritisismo na pagmunihan ang ganitong uri ng estruktura. Pero ang kritisismo mismo'y hindi nakakaalpas sa mga institusyon. Itong papel kong binabasa ngayon ay maaaring magkaroon ng reactors, na siya namang magsasabi kung kagaguhan o hindi ang mga pinagsasabi ko. Kung nais ko itong mailathala, dadaan muli ito sa mga editor at referee. Baka hindi lang ang mga kagaguhan ko ang ipatanggal, kundi ang mismong salitang “kagaguhan.” Censorship!

Kailangang kritikahin ng kritisismo hindi lamang ang mga institusyong pumapalibot sa sining, at ang sining mismo, kundi ang mga institusyong pumapalibot sa kritisismo. Ang kritisismo mismo. Sa huling pagsusuri, ang pinapaksa ng bawat teksto ng kritisismo ay sarili nito.

Hindi ito solipsism o navel-gazing. Ang pagsusuri sa sarili ay pagsusuri sa mga institusyong nakapaligid sa sarili. Nasaan ang kapangyarihan? Sa sitwasyong itong naimbitahan akong magbasa ng lecture, nasa PUP. Nasa Sentro para sa Malikhaing Pagsulat. Nasa akin din, dahil ako ang nagsasalita at kayo ang nakikinig. Pero, nasa inyo rin, dahil kung wala kayo pero nagbabasa pa rin ako dito, hindi na ako lecturer kundi baliw. Wala na akong pakialam kung may kausap ako o wala.

Bakit nga ba tayo nakikialam? Bakit may mga taong walang pakialam?

Sa *Super Laff-In*, may character si Vhong Navarro na “Super Sawsaw.” Naka-costume siyang pang-superhero, pero wala naman siyang ibang ginagawa kundi sumingit sa pagtatalo ng ibang tao. Iyon ang superpower niya—naririnig niya ang boses ng mga nag-a-argue, pagkatapos ay may

magbubuhay sa kaniya sa balikat at binti para dalhin sa lugar kung saan ang argumento. Tapos, iyon na nga, sasawsaw siya.

Ang naaalala ko kay Super Sawsaw ay iyong kakilala ko, at lahat tayo’y may kilalang ganito, na may opinyon tungkol sa lahat ng bagay. Kahit iyong mga nasa labas na naman ng kaalaman nila, dadada pa rin sila.

Hindi ganito ang inaasahang pakikialam mula sa kritisismo, at hindi ito ang inaasahang pakikialam mula sa sining.

Ang sining at kritisismo ay pananampalataya. Kapag nagsulat ka, nananampalataya kang may magbabasa sa iyo. Na maiintidihan ka nila, imbes na babanggain ng maling interpretasyon. Na may magaganap na komunikasyon, prosesong hindi sigurado dahil sa kalikasan ng wika. Kapag nagsusulat ka para sa pera, nananampalataya ka rin. Na may halaga ang papel na ipinalit mo para sa iyong lakas-paggawa. Kapag nagsusulat ka para sa pagkilala, nananampalataya ka rin. Sa kapangyarihan ng mga institusyon. Sa katapatan ng mga huwes at hurado. Higit sa lahat, ang sining ay nananampalataya sa sining, at ang kritisismo ay nananampalataya sa kritisismo. Nananamapalataya tayong may katuturan ang ginagawa natin. Na may kuwenta ang ating kuwento, na hindi lang tayo abo sa mundo. Nananamapalataya tayo, kahit na alam naman nating abo nga lang tayo. Walang kuwenta ang ating kuwento, kayo tayo lalong kumakapit dito.

Hindi kailangang i-justify ng sining, ng kritisismo, ang sarili nito sa kahit sino, kasi unjustifiable naman din ang ibang bagay, ang ibang gawain. Bakit sining? Bakit kritisismo? Bakit hindi?

Siyempre pa, hindi naman ito napaka-inspiring na pahayag. Kung kasing walang kuwenta ng sining ang pagdodroga, e ba’t di na nga lang tayo magdroga? Pero may pagkakaiba ang sining at droga. Samantalang ang droga ay iyong walang kuwentang bagay na tumatalikod sa buhay, ang sining ay iyong walang kuwentang bagay na tumatalikod sa buhay at humaharap sa sarili, at sa ganitong paraan ay siyang sumasagot ng “Oo!” sa tanong na “Tama bang mabuhay?”

Ang buhay na malay na walang kuwenta ang buhay ang tanging uri ng buhay na may karapatang mabuhay ayon sa sarili nitong sukatan. Hindi masamang bagay na maging walang kuwenta.

Ang buhay na ito, ang buhay na pinakikielaman ng sining, ang buhay na ipinagtatanggol ng sining, ay buhay na hindi umaasa sa kabilang mundo, sa darating sa kinabukasan, sa iyong laging nasa ibang lugar at panahon. Ang buhay na narito, sa sandaling ito mismo, ang siyang ubod ng halaga sa sining.

Nananampalataya tayo sa buhay na ito, buhay na *may* hangganan. Lahat ng tao ay mamamatay. Kahit ang araw, isang araw, mamamatay, at hindi siguradong tutuloy-tuloy ang siklo ng sansinukob. Walang walang hanggan. Ito ang mabuti aral ng Diyos ng sabsaban, at ito ang mabuting araw ng Diyos ng krus.

Sabi ng persona sa “Christmas in Our Hearts,” tuwing nakakakita siya ng mga batang lansangang nagbebenta ng parol, naiisip niya ang sanggol na Hesus, natutulog. Pero hindi niya naisip, sinong kumikita sa pagbebenta ng mga bata ng parol? Hindi ba child labor ‘yon? Hindi ba dapat nag-aaral ang mga bata, o naglalaro? Hindi ba mapanganib na makipagpatintero sa mga jeep at UV? Ang mga batang ito ay tinalikuran ng ating lipunan, tulad din ng mga pinapaslang sa kabi-kabilang kanto. Para lang sina Jose at Maria, walang magbubukas ng pinto para patuluyin sila ngayong Pasko.

Sanggunian

Hau, Caroline. *Necessary Fictions*. Ateneo de Manila UP, 2000.

Tolentino, Rolando. “Ang Bago at Experimental sa Kasalukuyang Panitikan,”

Philippine Humanities Review, tomo 5, 2001, pp. 158–64.

SA PAGITAN NG SINING AT AGHAM: Ang Kaso ng Epektibong Pakikipagkapuwa

May paulit-ulit na joke sa isang sikat na estasyon ng radyo. “Ikaw, Juan,” tanong ng guro, “anong gusto mo maging paglaki?” Sagot ni Juan, “Mam, gusto ko pong maging doktor, para makatulong sa kapuwa.” “Ikaw naman, Maria,” tanong ulit ng guro, “anong gusto mo maging paglaki?” Sagot ni Maria, “Ma’am, gusto ko pong maging nars, para makatulong sa kapuwa.” “Ikaw, Jose,” tanong ulit ng guro, “anong gusto mo maging paglaki?” Sagot ni Jose, “Mam, gusto ko po maging kapuwa.” Nakakatawa, at nakakagising ng diwa. Paano nga ba tayo tutulong sa ibang tao? Hindi nga ba’t nagkakaroon ng herarkiya ng posisyon sa pagtulong, ang nasa taas ay ang tumutulong, ang nasa baba ay ang tinutulongan. At bakit nga ba tayo dapat tumulong sa ibang tao?

May tatlong bahagi ang papel na ito. Una, ipapaliwanag ang konsepto ng “epektibong pakikipagkapuwa.” Sa pilosopiyang ito, hindi lang tayo dapat tumulong sa ating kapuwa, dapat ay episyente rin ang ating pagtulong. Sa pangalawang bahagi, ididiskas ko naman ang ilang kritisismo sa pagbibigay ng donasyon, na ayon sa epektibong pakikipagkapuwa ay siyang dapat gawin ng mga tao, ordinaryo man o mayaman, para tumulong sa mga mahirap. Sa huling bahagi, magbibigay ng mabusising pagbabasa sa *Social Realism in the Philippines* ni Alice Guillermo. Magbibigay din sa kongklusyon ng ilang suhestiyon sa kung ano ang maaaring gawin ng isang ordinaryong Pilipino na nakumbinsi sa kaso ng epektibong pakikipagkapuwa.

Ang papel na ito ay kontribusyon sa pilosopiya, sining, at Araling Pilipino. Inaasahan itong makatulong sa mga guro at mag-aaral sa kanilang pag-iisip at pananaliksik tungkol sa etika at kultura.

Para sa pilosopong si Peter Singer, obligasyon ng isang tao na tumulong sa kaniyang kapuwa tao. Mali daw na hindi tumulong kung wala namang masamang mangyayari sa iyo (Singer, *The Life* xiv, 15). Dapat nating gawin ang kabutihang kaya nating gawin (Singer, *The Most Good* 79). Tinutuligsa niya ang pagbili ng mga hindi naman tunay na kinakailangan.

Halimbawa, tubig na nakaplastik na bote (Singer, *The Life* xi; tingnan din sa 5, 11, 18, 139, 149). Ayaw din niya doon sa mga bigay-hilig sa mga anak, at kinukwestiyon niya ang moralidad ng pagmamana (8). Isa sa mga pinuri niyang tao ay si Chuck Collins:

When he was twenty-five, [he] gave his inheritance to foundations promoting social change. That was more than twenty years ago. The cofounder of an organization called Responsible Wealth, Collins believes that inherited wealth is bad for children and bad for society. Responsible Wealth has been a leader in efforts to persuade the U.S. Congress not to abolish the estate tax. (Singer, *The Life* 68)

Galit si Singer doon sa mga bumibili ng luho imbes na tumutulong (Singer, *Ethics* 161). Kinamumuhian niya lalo na ang mga megamayaman na mayroong dambuhalang yate (Singer, *The Most Good* 158–59). Ipagpalagay na natin na tama si Singer, at dapat tayong tumulong sa ating kapuwa. Ang tanong ngayon ay, paano tayo tutulong? Ang epektibong pakikipagkapuwa ay balangkas (framework) na nagtatangkang magbigay ng direksiyon sa sinomang sumusubok sagutin ang tanong na ito.

Epektibong Pakikipagkapuwa

Sa kaniyang Twitter account na “Kuwentong Twit,” inusal ng premyadong manunulat at gurong si Rommel Rodriguez noong 6 Hulyo 2017 ang sumusunod na abiso tungkol sa pakikitungo sa mga mahirap: “Sakaling may pulubing bukas-palad na naghihintay ng limos, magbigay ng anumang madudukot sa balsa. Tandaang may kapalit ang laang kabutihan.” Ito ang uri ng pagbibigay, ng pakikipagkapuwa ni tinutuligsa ni Singer, pati na rin ng pilosopong si William MacAskill. Para maintindihan ang kanilang posisyon, sundan natin ang diskusyon ni MacAskill sa kaso ng PlayPump. Kombinasyon ito ng merry-go-round at poso, na hinangaan ng maraming Norteamerikano. Marami itong naengganyong magbigay ng donasyon, kasama na ang gobyerno ng Estados Unidos. Makakatulong daw ito nang malaki sa South Africa. Pinuri ito sa media nila. Pero wala pala itong kuwenta. Kayraming nasayang na pera sa hindi gumaganang aparato, samantalang napakamura

ng normal na poso (MacAskill 4–5). Argumento ni MacAskill, sana sa mas epektibong proyekto nailaan ang pera ng mga nagbigay ng donasyon. Ito para sa kaniya ang sentral na tanong ng epektibong pakikipagkapuwa: paano maging pinakaepisyente sa pagtulong (5, 11–12)?

Ibinibida ni MacAskill ang siyentipiko o makaagham na metodo. Susi rito para sa kaniya ang tinatawag na randomized controlled trials (7; ikompara sa Singer, *The Most Good* 153–54, 156). Bilang pinakasimpleng pagpapaliwanag, sa ganitong uri ng eksperimento, ang isang grupo’y makakatanggap ng tulong, at isang katulad nila ay hindi. Kapag nakitang may pag-angat sa buhay ng unang grupo kompara sa huli, ito ang itinuturing na “patunay” na epektibo nga ang uri ng pagtulong na ginamit. Ang maganda raw sa siyentipikong metodo, kapag napatunayan na mali ang isang paraan, imbes na igiit na tama ang mali, ang sumusunod sa balangkas ng epektibong pakikipagkapuwa ay magbabago ng kaniyang paraan ng pagtulong.

Ibinigay ni MacAskill na halimbawa ang mga reporma sa edukasyon na maaaring ipatupad (lahat ng halimbawa sa papel na ito’y sa pamamagitan ng mga charity at NGO, hindi ng gobyerno). Ang pagbibigay pala ng mas maraming teksbuk ay walang silbi kung wala ring gurong gagabay (7). Samantala, ang proyekto ng deworming (pagpupurga ng bulate), napataas ang bilang ng araw na pumasok ang mga estudyante sa pinag-eksperimentuhang komunidad ng beynte singko porsiyento (8; ikompara sa Singer, *The Most Good* 155). Ayon kay MacAskill, sampung taon pagkatapos ng pag-aaral na ito, binista muli ang mga batang pinurga, at nakitang mas asenso sila sa buhay kompara sa mga batang hindi pinurga (9). Kailangan kasing matuklasan ang pinakapektibong paraan ng pagtulong at iyon muna ang gawin (12). Kumbaga, kapag napatunayang ang pagpupurga ay mas napapataas ang bilang ng araw ng pagpasok ng mga estudyante, dapat doon ilaan ang pondo at pera imbes na gastusin at sayangin sa pag-imprenta ng teksbuk. Para ditong may triage system sa pakikipagkapuwa. Kapag daw kasi nagbigay ka na ng pera sa pagsaliksik sa HIV, hindi ka na makakapag-abot sa mga biktima ng lindol (31).

Talinghaga ni MacAskill ang pagkompara ng pagbili ng grocery at pagbigay ng donasyon sa mga charity. Hindi ka naman daw bibili nang hindi

nag-iisip para sa sarili mo sa grocery. Ang pagbibigay naman ng donasyon ay parang pagbili ng grocery para sa ibang tao. Kailangan din daw pag-isipan (33, 107). Meron nga lang taboo laban sa pag-iisip tungkol sa pagbibigay (10). Marahas ang konklusyon ni MacAskill: kung wala ring tulong na naibigay ang iyong donasyon, walang kuwenta ang donasyon mo (34). Dito’y puwede nating alalahanin ang mga nagbigay ng wedding dress bilang tugon sa paghingi ng mga biktima ng Yolanda para sa donasyong damit (Corrales).

Bukod sa pagbida sa agham, tila ba may obsesyon si MacAskill sa numero, sa pagbibigay ng bilang sa mga iniisip nating hindi mabibilang. Madalas siyang magbanggit ng mga estadistika at sarbey. Halimbawa, binanggit niya ang isang report, sinasabing ang isang sumusuweldo ng dalawang libong dolyar kada taon, kapag dumoble ang suweldo, matutuwa. Iyon daw sumusuweldo ng isang libo kada taon, kapag dumoble rin ang suweldo (22). Magpakapantay ang kaligayahang dala ng pagdoble ng dalawang libo at pagdoble ng isang libo! Kaya nga para kay MacAskill mas mahalaga ang isang dolyar sa isang Indiano kompara sa isang Norteamerikano (20).

Itong pagbibigay-bilang (quantification) ay lagi’t laging ginagawa ni MacAskill. Sa kaniya, halimbawa, mas okey na mawalan ng isang paa kaysa dalawang paa (34; ikompara sa Singer, *The Most Good* 6–7). Gayundin daw, nang nasa isip ang triage system, mas mahusay di- umanong magligtas ng limang buhay kompara sa tatlo. Kung masasabi nga naman daw natin na mas mainam iligtas ang buhay ng isang tao kaysa magbigay ng ice cream sa isa pa, may saysay daw mag-isip sa ganitong paraan (MacAskill 40). Para kay MacAskill, dahil mas maraming buhay ang maliligtas sa paggamot at pagbura ng smallpox mula sa mundo kaysa pagpigil ng mga giyera (i.e., mas maraming napatay ang smallpox kompara sa Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig), masasabi nating mas mainam manaliksik tungkol sa paggamot ng smallpox kaysa magkampanya para sa pandaigdigang kapayapaan (46). Maiuugnay ito sa pilosopiya ng gamitismo (utilitarianism) na siyang sinusundan ni Singer, isa sa mga inspirasyon ni MacAskill. Ayon kay Singer, mas mabuting tumulong sa paggamot ng tigdas kaysa pag-opera sa conjoined twins (dahil mas maraming matutulungan) (MacAskill 110).

Para kay Singer, ang mas konting paghihirap at mas maraming saya ay mas mahusay, mas maraming paghihirap, at mas kaunting saya (*The Most Good* 7). Minsan ay nakakalito ito dahil lumalabas na kung kailangang pumatay ng isang tao para magligtas ng 1,000, tama ang pagpatay (51; tingnan din ang 48). Nagkakaroon tuloy ng sitwasyon na lumalabas na merong mga mabuting gwardya ng mga oven ng Nazi, dahil mas masamang maging sundalong Nazi (53). Mayroon ding kuwestiyonable at may pagkaseksistang pahayag si Singer tungkol sa pagkukompara ng kamatayan at panggagahasa (MacAskill 135). Si MacAskill man ay kahindik- hindik ang tila ba'y pagtatanggol sa mga abusadong pabrika (sweatshops) (130).

Katulad ni MacAskill, mahusay para kay Singer ang pag-iisip nang may bilang (*The Most Good* 78, 98). Lohikal na konklusyon ng pagbibigay-bilang na ito ang konsepto ng *quality-adjusted life year* (QALY), o isang taon ng buhay na may pag-angat ng kalidad. Kunwari, ang bilang ng isang “normal” na tao sa kaniyang buhay ay sampu. Si Pedro, dahil sa sakit, ay lima lang ang bilang sa kaniyang buhay. Si Juan naman, may sakit din, pero anim ang bilang sa buhay. Kapag nagbigay ng sandaang libo kay Pedro, mabubuhay pa siya ng sampung taon at tataas ang bilang niya sa kaniyang buhay mula lima papuntang siyam. Samantala, si Juan, kapag tinulungan, magiging pito lang ang bilang sa buhay, pero meron pa siyang tatlumpung taon ang ilalagi sa mundo. Merong apatnapung puntos si Pedro, samantalang si Juan ay magkakaroon ng tatlumpung puntos. Dapat mas tulungan si Juan. Para kay MacAskill, masusukat ng qaly kung dapat kang tumulong na (1) mapataas ang ranking ng isang tao sa kaniyang buhay (e.g., gamutin ang kaniyang kabulagan) o (2) mapahaba ang buhay ng isang tao kahit manatili sa sa parehong ranking ang kaniyang buhay (e.g., pahabain ang buhay ng isang HIV carrier). Para sa kaniya, mas maraming qaly ang makukuha kapag nagbigay ng sampung libong dolyar sa paggamot sa kabulagan kaysa pagbigay ng gamot sa may HIV (MacAskill 36; tingnan din ang Singer, *The Most Good* 131–32).

Para kay MacAskill, dapat epektibo ang mga charity. Dapat doon lang sa mga epektibong charity nagbibigay ng donasyon. Kung si Juana at Maria ay parehong magaling sa pagpupurga ng bulate, pero si Juan kailangan lang ng

limampung piso at si B kailangan ng sandaan, dapat kay Juana magbigay kasi doble ang maitutulong niya, mas marami siyang matutulungan sa parehong gastos (MacAskill 110). (Sinusuportahan din ni MacAskill ang direktang pagbibigay ng pera, na ayon dapat sa pananaliksik ay nakakatulong talaga. Dapat doble-doble ang husay ng charity sa pagtulong sa tao kompara sa pagbigay na lang nang direkta sa tao para maging may saysay ang pagbigay sa charity [115].)

Muli, magkabagang sa ganitong pagtingin sa pagtulong si MacAskill at si Singer. Sayang na sayang nga si Singer sa paggastos ng Make a Wish Foundation ng \$10,000 (sa kaniyang estima) para sa isang batang may sakit na tinagurian nila sa Estados Unidos na Batkid. Hindi rin naman nagamot ang kaniyang sakit at imbes ay nabigyan lang siya ng pagkakataong magsuot ng costume na Batman ay makisalo sa isang pagtatanghal (Singer, *The Most Good* 6). Ang ayaw na ayaw ni Singer ay ang pagbibigay ng donasyon sa mga museo at iba pang may kinalaman sa sining (*The Most Good* 9; tingnan din ang 49, 118–19; Singer, *Ethics* 167, 171–73, at Singer, *The Life* 149; ang kaso ng sining ay bibigyan ng karampatang diskusyon sa seksiyon sa dulo ng papel). Kahit ang kalikasan ay hindi ligtas kay Singer. Kung wala rin naman daw tao o hayop na nakatira sa bahagi ng kalikasan na nais ipreserba—tawagin nating Puno A—o di kaya’y wala namang makakaapektuhang tao o hayop sakaling mawala itong Puno A, bakit pa magbibigay ng donasyon sa preserbasyon nito (146–47)?

Isa pang mahusay na konseptong tinalakay ni MacAskill ang pag-iisip sa gilid. Mas maraming sweter, mas walang kuwenta ang bagong sweater (MacAskill 57). At dahil mas marami nang nagbibigay sa pananaliksik para sa kanser, mas makakabuti kung magbibigay para sa pananaliksik para sa malarya (62) dahil mas malaking pagkakaiba ang maidudulot ng parehong dami ng pera kapag ibinigay ito sa pananaliksik sa malaria kompara sa pananaliksik sa kanser. Kontra-sentido komun ang ganitong uri ng pag-iisip. Halimbawa, kongklusyon ni MacAskill na, sa Estados Unidos, di rin naman ganoong kalaki ang maitutulong ng isang taong gustong tumulong kung mag-aaral siya para maging doktor (65–66, 75). Ito’y dahil sobrang dami naman ng nagdodoktor. Rekomendasyon niya sa mga taong gustong tumulong sa

kapuwa na pumasok sa ibang larangan, tulad ng pinansiya, imbes na medisina. Mas kaunti raw kasi ang may mabuting-loob sa pinansiya (tingnan din ang Singer, *The Most Good* 41). Hindi mahalaga para kay MacAskill kung sino ang tumulong, basta nagawa ang pagtulong (69–70). Para kay Singer naman, hindi mali na ipagmalaki ng isang nagbigay ng donasyon na ginawa niya ito dahil nakakalikha pa nga ito ng kultura ng pagbibigay ng donasyon (i.e. “normal” ang pagtulong, ang pagbigay ng donasyon, ito ay bagay na *basta*, ginagawa *natin*; tingnan ang Singer, *The Life* 65).

Lumalabas na nakakatulong talaga ang pagbibigay-bilang at maka-
agham na pananaw sa pagbabalangkas ng pagtulong sa ibang tao. Halimbawa, para kay Singer ay magkatumbas ang mga taga-Estados Unidos at South Africa, magkatumbas ang malapit at malayo (2015, 80). Kaya kung mas makakatulong siya sa taga-South Africa kesa Estados Unidos (dahil nga mas malaki ang maitutulong ng kaniyang dolyar sa taga-South Africa), ang taga-South Africa ang kaniyang tutulungan. Gayundin, puwede nating sabihing pareho lang ang mga taga-Ethiopia at mga Pilipino, at kung mas malaki ang maitutulong mo, kahit Pilipino ka, sa isang taga-Ethiopia, dapat iyong taga-Ethiopia ang iyong tulungan. Itong pagkakatumbas ng mga tao bilang bilang, i.e., ang pagiging pantay-pantay ng mga tao, ang esensiya ng epektibong pagkikipagkapuwa.

Ilang Kritisismo

Talaga bang pagbibigay ng donasyon sa mga epektibong charity ang paraan para makatulong sa mga mahirap? Hindi ba’t dapat ang ugat ng kahirapan ang puksain para hindi nakadepende ang mga nagdarahop sa kagandahang loob ng nag-aabot ng tulong? Para kasi kay MacAskill, hindi sigurado kung ano ang tunay na ugat ng kahirapan, i.e. hindi niya nakikita ang kapitalismo bilang sanhi ng paghihirap ng marami (201). Si Singer pa nga, ibinibida ang kapitalismo (*The Most Good* 50), at ang kabutihang dulot ng mga entrepreneur (*The Life* 29). Sabi pa ni Singer, sakali man na naniniwala ang isang tao na rebolusyon ang solusyon sa mga problemang panlipunan, kung *hindi posible* ang rebolusyon at gusto pa rin ng taong ito na makatulong, kailangan niyang humanap ng ibang solusyon (*The Life* 36).

Ang mga estruktural na katangian naman ng pagbibigay ng donasyon ang krintika ng sosyolohistang si Linsey McGoe (8–9). May tatlong punto siya: una, dahil pribadong mga kompanya ang mga charity, wala silang pananagutan sa mga taong tinutulungan nila. Halimbawa, tayong mga Pilipino, kung hindi tulungan ng ating gobyerno, may karapatan tayong magreklamo. Kapag magreklamo tayo sa mga nagbibigay ng donasyon, baka tawagin pa tayong inggrato. Ito nga ang dahilan kung bakit sinabi ng manunulat na si Nicole Aschoff na “hindi demokratiko” ang mga charitable foundation (134). Tutulong ang mga ito sa paraang gusto nila, at walang tinig ang mga “tinutulungan.” Magpapasalamat na lang tayo kapag binigyan tayo ng teksbuk, pero paano kung ang gusto at kailangan natin ay pabrika? Ang pagiging mula sa “itaas” imbes na mula sa “ibaba,” ang pagkakaroon ng saray o herarkiya sa estruktura ng pagbibigay ng donasyon ang siyang inusig ng kritikong si Rolando Tolentino tungkol sa “MaAgang Pamasko” ng Jollibee (58).

Pangalawang punto ni McGoe, kung magiging natural o siyang inaasahan na ang tutulong sa mga mahirap ay mga pribadong kompanya imbes na ang gobyerno, baka lalo lang iaabandona ang ideya ng pagpopondo para sa mga pampublikong serbisyo. Sa iba na mapupunta ang pera sa budget na laan dapat sa ospital at eskuwelahan. Pangatlong punto ni McGoe, marami sa mga tinatawag na pilantropo, sa totoo’y nanggaling sa mga imoral o ilegal na paraan ang yaman. Partikular niyang pinupunto si Bill Gates, isa sa tatlong trustee ng Gates Foundation, na kaya nagkaroon nang pagkarami-raming pera ay diumano’y ginamit kasi ang kapangyarihan ng monopolyo sa industriya ng computer para pahinain ang mga kakompetisyon. Natunghayan na natin ang maaaring maging sagot nina Singer at MacAskill sa kritisismong ito. Kung mas maraming natulungan si Gates kaysa napinsala, maaari pa ring sabihing tama o moral ang kaniyang ginawa. Sa paliwanag nga nina Perseville Mendoza, Theresa Payongayong, at Jeanette Yasol-Naval sa tinatawag nilang “utilitarianismo” (utilitarianism, isinalin bilang gamitismo sa itaas):

. . . malalaman lamang kung nakapagbigay ng mas marmaing kaligayahan ang isang pagkilos depende sa kinahinatnan nito. Sa ebalwasyon ng kinahinatnan ng isang pagkilos, susukatin ang kaligayahang natamo hindi

lamang ng taong may gawa kung hindi pati ang kaligayahan ng mga taong sangkot at/o apektado ng ginawang pagkilos. Samakatwid, kaligayahan sa kabuuan ang kinakailangang tingnan bago masabing tama nga o mali ang isang pagkilos. Bilang diin, naniniwala ang utilitarianismo na tama ang isang pagkilos kung ito ay naghatid ng mas maraming kaligayahan kaysa sakit, at mali kung mas maraming sakit ang naidulot nito kaysa kaligayahan. (27–28)

Para sa Sining

Nabanggit sa itaas na isa sa mga pinanghihinayangan ni Singer ay ang perang ginagastos at sinasayang sa mga likhang-sining na ubod ng mahal. Isa sa kaniyang mga target, halimbawa, ay ang maestro ng Abstract Expressionism na si Barnett Newman (Singer, *Ethics*179). Pero hindi nito ibig sabihin ay laban siya sa sining mismo. Nakikita niya ang halaga ng pagpinta bilang pagpapahayag ng sarili para sa maraming tao. Para sa kaniya, korupsiyon ang dulot ng pera sa sining. Kung talagang nais ng mga artista at kritiko na makatulong sa iba gamit ang sining, dapat magpokus sila sa mga mahirap na bansa (181). Iyon namang mga itinuturing na obra maestra’y dapat ilapit sa mga karaniwang tao sa pamamagitan ng mahusay na reproduksiyon (Singer, *The Most Good* 125).

Ang tinutukoy ni Singer dito’y mga larawan (painting) at eskultura. Siyempre pa, nakikitaan pa rin niya ng gamit (utility) ang sanaysay. Naniniwala siya na nakakakumbinsi ang pagsusulat ng libro para mahikayat ang iba na tumulong sa kapuwa. Sinabi niya halimbawa na may epekto ang libro niyang *The Life You Can Save* sa pag-iisip ng bilyonaryo-pilantropong si Bill Gates (169). Si MacAskill naman, naniniwala sa kapangyarihan hindi lang ng libro, kundi ng independiyenteng mass media (104–20), pati pamimigay ng leaflets (143)! Pareho silang may website.

May saysay naman ito. Sabi nga ni MacAskill, sinusubukan ng epektibong pakikipagkapuwa maging siyentipiko, pero hindi pa rin ito nasa antas ng pisika (180). Kinakailangan pa rin, halimbawa, ni Singer na maglatag ng mga argumento para mapatunayan na tungkulin ng mga taong tumulong sa isa’t isa. Hindi ito testable at falsifiable, na dalawang katangian ng mga tesis na nagsusubok binyagang “makaagham.” Mas pa nga itong

matatawag na siyentismo imbes na siyentipiko. Ang siyentismo ay ang pananamapalatayang ang agham ang puno't dulo ng pag-iral ng tao (para sa mas malawak na paliwanag, tingnan ang Ferriols 35–37). Dudulog tayo sa bahaging ito sa ideolohiya, mas espisipiko, sa sining. Sa bahaging ito magbibigay ng mabusising pagbabasa sa *Social Realism in the Philippines* ni Alice Guillermo (1987). Sa aking palagay, sa diskusyon sa libro ni Guillermo, masasagot ang mga butas sa presentasyon nina Singer at MacAskill.

Kilala bilang aktibistang guro at kritiko, magtataka ang sinomang may manipis na pagkakaunawa sa sining na isa sa mga binibigyang-diin ni Guillermo ay ang anyo. Pero, iyon na nga, napakahalaga sa kaniya ng anyo ng mga sinusuring likhang-sining (9, 49). Tungkol sa *Gomburza at Metamorphosis* ni Jaime de Guzman, tinukoy ni Guillermo ang “influence of the artist’s tutelage under the Mexican Siqueiros, are in the large-scale mural format, with energetic *gestural* brushwork conveying the surge of patriotic ardor, with the dramatic use of reds, blues, and blacks to express bloody struggle” (7, akin ang diin). Samantala, itong anyo din ang batayan kung bakit nakukulangan siya sa ibang likha ni Leonilo “Neil” Doloricon: “*Itaas ang Sahod*, the artist’s first oil work, shows the influence of Carlos “Botong” Francisco in its *pastelly* colors and flat, poster-like effect . . . The harmonious and rhythmic style of Carlos Francisco may not quite jibe with the temperament of this artist with his usually stark and intense perceptions of reality” (77, akin ang diin).

Kailangan kasi ng sining ng mataas na anyo, hindi hiwalay dito ang kahulugan (15). Kahit nga mga likhang propaganda, na sa akala ng marami’y simple lang gawin at walang utak para intindihin, para kay Guillermo kailangan ng “minimum standard of technical competence” (18). Bukod sa anyo binigyang-diin niya ang moda ng distribusyon. Malaking usapin para sa isang pintor kung sa aling gallery siya mag-eeksibit (o kung hindi talaga siya mag-eeksibit sa alin mang gallery!) (8).

Hindi na, kung gayon, nakapagtataka na malawak ang pagpapakahulugan ni Guillermo sa realismo, sa sosyal na realismong tinutukoy ng pamagat ng kaniyang libro. Nakikitaan niya ng politikal at estetikang husay ang expressionism (4), cubism (5), at iba pang mas pangkalahatan at modernistang

pananaw sa sining tulad ng Dada at surrealismo (30). Kahit ang conceptual art ay hindi itinatakwil (107), at higit sa lahat may espasyo para sa personal na estilo (50). Sentral dito ang bisyon ng artista o alagad ng sining, na siyang nagbibigay-kabuoan o katatagan sa watak- watak at sabog (16). Binubusisi talaga ni Guillermo ang mga pinta at eskultura na kaniyang pinag-aaralan. Narito, halimbawa, ang kaniyang pagpapaliwanag sa serye ng mga gawa ni Renato Habulan na pinamagatang *May Bahid ang Kahapon*:

The historical allusions through the period costumes—and in one painting, through a sepia-simulated reproduction of the famous photograph of MacArthur’s landing—give the work a sense of the flow of history and the dialectical interplay that gives momentum to the process. The idea of class distinction and contradiction is further brought out by the geometric framing device to section off elements. There is a certain meticulous attention to detail that derives from a fascination with the ilustrado costumes, but this becomes subsumed to the theme. To lend gravity to the subject and enhance its historical implications, the colors are generally subdued, tending to the sepia browns of old photographs, except for accents of red or other colors. (89)

Madaling papasok sa imahinasyon ang pagkainip at pagkapagod hindi lamang ng mga taong hindi akademiko sa diskusyong ito, kundi pati ang mga lumalabas ay nagmamadaling pilosopo (nagmamadali dahil milyon-milyon ang namamatay!) tulad nina Singer at MacAskill. May punto rin naman si Singer sa sinabi niyang kahit ang mga antikapitalistang likhang-sining ay hindi siguradong makakatakas sa pang-aangkop ng kapitalismo mismo (*The Most Good* 124). Ilang beses nabanggit, halimbawa, ni Guillermo ang husay ni Ben Cabrera sa *Social Realism in the Philippines*, at hindi naman pinagdududahan ito, o ang pagiging makabayan at makatao ng ngayon ay Pambansang Alagad ng Sining. Sa isang banda, umabot ng sampung milyon ang ginastos ng kolektor na nanalo sa bidding para sa *Sabel* ni Cabrera (Tabora). Tiyak na masasayangan si Singer dito. (Panis pa rin naman si Cabrera kay Newman. Ang *Onement VI* nitong huli ay nabili sa halagang \$43.8 milyon [Vogel].)

Samantalang hindi nga minsan makahulagpos ang mga likhang-sining mula sa kapital, lumalabas na hindi rin naman sila makaalagwa mula sa

kasaysayan. Ano't anuman ang intensiyon ni Luna sa *Spoliarium*, ngayon ay binabasa nating mga Pilipino ito bilang pang-uusig sa kolonyalismong Espanyol (Guillermo 1). Kahit nga ang “sining para sa sining” ay hindi ligtas sa bisyon ng kritiko. Siyempre pa, ito ay pagtalikod sa komersiyalisasyon at burgis na kultura (12–13), limitado nga lang ang kapangyarihan laban sa kinaaway.

Sining bilang bisyon din ang kasong inilatag ni Jonathan Beller sa kaniyang *Acquiring Eyes: Philippine Visuality, Nationalist Struggle, and the World-Media System* (203). May paradoha rito. Sa isang banda, ibinibida ni Beller, tulad ni Guillermo, ang kapangyarihan ng sining na magbigay ng kabuuang larawan ng mundo. Pero sa isang banda, may pagpuri pa rin sa kapangyarihan ng indibidwal. Masasabi nating ang landas tungo sa tunay na pagiging katangi- tangi ay ang todo-todong pagyakap sa komunidad.

Sa kaniyang libro, ang sinuri ni Beller ay mga isinulat at ipininta ni H. R. Ocampo, ang mga pelikula ni Lino Brocka, at ang mga gawa ni Emmanuel Garibay. May diin ang diskurso ni Beller sa teknolohiya at sining-biswal, itong huli'y sa tingin niya'y susi sa pagpapaliwanag ng kasalukuyang estado ng globalisadong mundo (2–3). Para kay Beller, ang panonood at pagtingin ay produktibo, at ang nalilikhang yaman ng mga mata ay pinagsasamantalahan naman ng mga kapitalista (183–84, 187, 261). Mula rito masasabi natin na ang sining, partikular ang sining-biswal (hindi lamang iyong mga larawan at litrato, kasama na rin ang mga imaheng umiikot sa Internet), ay tereno ng tunggalian. Ang paglikha ng sining ay pakikipaglaban. Ito ay paglikha ng bagong mundo, mundo kung saan hindi lang nagbibigay ng pera sa mga mahirap kundi wala nang mahirap (Beller 245, 247). Ito ang puntong hindi matama-tamaan ni Singer, nagrereklamo man siya sa pagiging nakakabagot ni Newman o nagrerekomendang magbigay ng donasyon sa mga pintor ng Ikatlong Daigdig (na pilit niyang tinatawag na “umuunlad na bansa” o “developing countries”). Bagaman ang bisyon ng alagad ng sining ang pinapaksa nina Guillermo at Beller, mahalaga ring pansinin ang bisyon ng kritiko. Kung ang bisyon ni Singer ay may kaunting puwang lamang para sa sining, ipinipinta ng kay Beller ang kabuuan. Tunghayan, halimbawa, ang kaniyang “teorya ng halaga ng atensiyon,” na

. . . has the merit of being able to explain, in part, why a Van Gogh painting can be valued at US\$50 million. When images are circulated in contemporary culture, the value produced by the looking of others accretes to the image and to its proprietors. In the case of the unique work of art, its madd mediation, through catalogues, reproductions, and scholarly articles, confers its value from the looking of others. The image, like the commodity, is built from the expropriation of subjective activity from its producers--be they workers on the assembly line, spectators in the cinema, or patrons in a museum. (43)

Sa ganitong pananaw, hindi na lamang mga mahirap ang mga mahirap sa Ethiopia, South Africa, at, ipasok na natin, Pilipinas. Sila ay mga pinagsasamantalahan. Ang muling-pagbibinyag na ito ang unang hakbang sa paghanap ng pangmatagalang solusyon sa kanilang abang sitwasyon. Kung mayroon mang pagtataka sa kaisahan ng papel na ito (ano naman ang kinalaman ng kritisismo sa charities?), sana ay nasagot kahit papaano ng diskusyong ito. Tila ba ang sining ay pagsalungat sa nais bigyang-diin ng pilosopiya nina Singer at MacAskill: “epektibong pakikipagkapuwa.”

Unang punto, hindi talaga sigurado kung gaano epektibo ang sining. (Ayon kay Sartre, wala namang nakumbinsi ang *Guernica* ni Picasso [4].) Hindi ito mabibigyang-bilang ni MacAskill. Maaari sigurong magsagawa ng sarbey sa labas ng museo. Ipapa-rate sa mga bisita kung gaano na sila naaawa sa mga mahirap pagkatapos maglagak ng isang oras sa Vargas, 1 bilang “wala pa ring awa” at 10 bilang “awang-awa,” pero estruktural ang pagmintis ng haypotetikal na pananaliksik na ito. Hindi nabibilang ang sining, bagaman nabibilang ang presyo ng maraming larawan. Ang tao ang nagbibilang. Hindi nagbibilang ang sining.

Nais kong klaruhin na hindi matatawaran ang buti na naidudulot ng mga charity na pinupuri nina Singer at MacAskill. Inirerekomenda ko nga ito (tingnan ang personal na tala sa ibaba). Hindi nila sinasabing magpakahirap dapat para tumulong sa iba. Counterproductive nga raw ito, sabi ni Singer (*The Most Good* 28). Ang sinasabi ni Singer, mas mainam na magbigay ng donasyon sa mga mahirap kaysa gumastos sa mga hindi kinakailangang bagay, tulad nga ng mamahaling eskultura at bote ng tubig (ayon sa kaniya, malinis ang tubig na lumalabas sa gripo sa Estados Unidos). Dagdag pa rito,

pareho nilang sinasabi na imbes na lumungkot dahil nawalan ng pera at di nakabili ng luho, mas sumaya pa nga ang mga nakikipagkapuwa (tingnan ang Singer, *The Most Good* 97–104).

Pangalawang punto, hindi rin maituturing na pakikipagkapuwa ang sining. Samantalang para kina MacAskill, mahusay na magtrabaho sa pinansiya at saka magbigay ng donasyon sa mga mahirap, suntok sa buwan ang ganitong opsiyon para sa pintor na nais ding magmalasakit sa iba. Yayaman ka, at talagang may maibibigay sa mga charity kapag nagtrabaho sa hedge fund o investing company. Kapag pinasok mo ang pagpipinta, malaki ang tsansang ikaw ang mangangailangan ng donasyon. Nakakaubos din ng oras ang paglikha ng mga eskultura o kahit ng meme. At sa sagot ni Singer na siyempre, kailangan ding magpokus sa sariling kaligayahan ang isang taong nais magbigay ng ligaya sa kapuwa, kailangan nating igiit na hindi rin naman kasiyahan ang paglikha ng sining. Hindi man ito trabaho para sa marami, paggawa ito para sa lahat ng practitioner. Hindi na nga ito epektibo para sa kapuwa, hindi man lang ito garantiyang epektibo para sa alagad ng sining mismo. Maaari pa nga itong maging sanhi ng pagdurusa. May pagkaromantiko ang pananaw.

Pilit inihuhugpong nina MacAskill ang agham sa etika. Ang pagiging mabuti bilang proseso na maaaring makalkula. Merong tinatawag na politikal na sining, pero walang etikal na sining. Merong politika-bilang-etika (virtue ethics), at estetika-bilang-politika (pasismo), at meron ding estetika-bilang-etika (postmodernismo), pero walang etika-bilang-estetika. Pagkapangit-pangit kasi ng pagiging mabuti. Hindi raw ito “sexy” sabi ni MacAskill (5, 11).

May estruktural na problema ang kanilang “epektibong pakikipagkapuwa,” na hindi man napupunuan ng sining ay nabibigyang-diin naman nito. Estetika-bilang-estetika. Ang sining ay hindi argumento at hindi rin pagmamakaawa, kundi paglikha.

Sa sanaysay na ito, isinalin ko ang “altruism” nina Singer at MacAskill bilang “pakikipagkapuwa,” pero kagyat na mahahalata ng mambabasang malayang salin ito. Hindi lang naman pagtulong ang pakikipagkapuwa. Hindi man lang ito pananaw na ang “ako” ay hindi kumpleto kung wala ang iba. Sa pakikipagkapuwa, wala nang iba. Hindi tayo iba sa ating kapuwa. Pero maaari

siguro tayong umigpaw sa mga kabatiran ng Sikolohiyang Pilipino (Enriquez 52, 54) at sabihing hindi nga kailangang tao ang iyong kapuwa (deklarasyong sasang- ayunan ni Singer kung hayop ang pinag-uusapan, pero hindi kung kalikasan o ibang bagay ang itinuturing). Ang sinasabi ko, maaaring maging likhang-sining mismo ang iyong kapuwa. Pero wala na ngang likhang-sining. Hindi na hiwalay ang alagad ng sining sa sining mismo.

Alinsunod kay Rosa Rosal, ito ang ating slogan: “Sining ko, mahal ko.” Kung para kina Singer at MacAskill, dapat ay magbigay tayo ng *bahagi* ng ating kita sa ibang tao (tingnan ang personal na tala sa ibaba) sa ganitong pagturing sa sining, hindi lang bahagi at hindi lang pera ang kailangang ialay sa sining, kundi buong buhay.

Personal na Tala

Nitong Hunyo 8, 2018, sinubukan ko ang website na givingwhatwecan.org ni MacAskill. Tumutulong itong magkalkula kung magkano ang maaaring itulong ng isang tao sa mga charity. Meron silang seksiyon na “How Rich am I?” kung saan ipinasok ko ang ilang detalye tungkol sa aking suweldo. Ayon sa website, bahagi raw ako sa 12.3% pinakamayamang tao sa buong mundo, ay siyam na beses mas mataas ang aking income sa pandaigdigang average. Kung ido- donate ko raw ang sampung porsiyento ng aking kita, kasama pa rin ako sa 13.7% pinakamayaman sa buong mundo, at walong beses na mas malaki pa rin ang aking income sa pandaigdigang average. Kada tao raw ay maaaring makabili ang aking donasyon ng 175 kulambo na may pesticide (para sa pagpigil ng pagkalat ng malarya), o 897.9 na gamot para sa mapaminsalang bulate. Kapantay daw ito sa pagtulong makabigay sa isang tao ng labing-isang taon na magandang buhay (mahirap nga namang magkamalarya o schistosomiasis). Nakakapagtaka ito. Pakiramdam ko naman hindi ako mayaman. Isa pa, malaki ang pagkakaiba ng buhay sa Pilipinas kompara sa Estados Unidos, o sa Europa. Hindi mahusay ang healthcare sa Pilipinas, halimbawa. Magastos. Pero sampung porsiyento nga lang naman ang hinihiling ng givingwhatwecan.org sa akin. Mas malaking pera ang hinihiling ng epektibong pakikipagkapuwa sa mga mayamang taga-Kanluran tulad nina MacAskill (15–20) at Singer (*The Life* 164–65).

Sanggunian

- Aschoff, Nicole. *The New Prophets of Capital*. Verso, 2015.
- Beller, Jonathan. *Acquiring Eyes: Philippine Visuality, Nationalist Struggle, and the World- Media System*. Ateneo de Manila UP, 2006.
- Corrales, Nestor. "Tagle Hits Gown Donation During Yolanda: Don't Send What You've Thrown Away." *Inquirer.net*, 28 Ene. 2016. newsinfo.inquirer.net/759769/tagle-hits-gown-donation-during-yolanda-dont-send-what-youve-thrown-away. Binuksan 12 Hun. 2017.
- Enriquez, Virgilio. *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*. U of the Philippines P, 2008.
- Ferriols, Roque. *Pilosopiya ng Relihiyon*. BlueBooks, 2014.
- Giving What We Can*. Effective Ventures Foundation, www.givingwhatwecan.org/. Binuksan 2 Nob. 2023.
- Guillermo, Alice. *Social Realism in the Philippines*. Asphodel Books, 1987.
- MacAskill, William. *Doing Good Better: How Effective Altruism Can Help You Help Others, Do Work that Matters, and Make Smarter Choices About Giving Back*. Avery, 2016.
- McGoey, Linsey. *No Such Thing as a Free Gift: The Gates Foundation and the Price of Philanthropy*. Verso, 2015.
- Rodriguez, Rommel [@KuwentongTwit]. "Sakaling may pulubing bukas-palad na naghihintay ng limos, magbigay ng anumang madudukot sa balsa. Tandaang may kapalit ang laang kabutihan." *Twitter*, 6 Hul. 2017, 3:22 a.m. twitter.com/KuwentongTwit/status/882907560226848770.
- Sartre, Jean-Paul. *What is Literature?* Routledge, 2001.
- Singer, Peter. *Ethics in the Real World*. Princeton UP, 2016.
- . *The Life You Can Save: Acting Now to End World Poverty*. Random House, 2009.
- . *The Most Good You Can Do: How Effective Altruism is Changing Ideas About Living Ethically*. Yale UP, 2015.
- Tabora, Brylle. "BenCab's "Sabel" Sold for ₱20 Million in León Auction." *Lifestyle. INQ*, 15 Dis. 2014, lifestyle.inquirer.net/180084/bencabs-sabel-sold-for-p20-million-in-leon-auction/. Binuksan 12 Hun. 2017 .
- Vogel, Carol. "Record Auction Price for Barnett Newman, \$43.8 Million, Is Set at Sotheby's." *The New York Times*, 15 Mayo 2013, www.nytimes.com/2013/05/15/arts/design/record-auction-price-for-barnett-newman-at-sothebys.html. Binuksan 12 Hun. 2017.
- Yasol-Naval, Jeanette, et al. *Pamimilosopiya: Mga Pagdulog at Konsepto*. Sentro ng Wikang Filipino, 2011.

SA PAGITAN NG MORALISMO AT SEMIOTIKA: Tungo sa Legalisasyon ng Droga

Inihugpong ng lider-komunistang si Antonio Gramsci sa sanaysay na “Cocaine,” na isinulat bago ang kaniyang mahabang pagkakapiit sa bilangguan, na ang paggamit ng ilegal na droga sa sibilisasyon ang basehan ay ang lakas-paggawa ng iba. Ang kataka-taka para kay Gramsci, hindi na may gumagamit ng droga, kundi na sobrang konti ang gumagamit nito. At ang dahilan kung bakit hindi mas malawak ang bisyo ay hindi moralidad kundi kawalan ng pakialam (71). Dagdag pa ni Gramsci, magkasinghungkag ang droga at ang mga salita tulad ng “bansa,” “sangkatauhan,” at “katarungan.” Kongklusyon niya: “The use of cocaine is an index of bourgeois progress: capitalism is evolving. It constitutes categories of people who are entirely irresponsible, with no worries about tomorrow, no troubles and no scruples” (72). Paalala, ang dinidiskas ni Gramsci rito ay cocaine, at hindi ang paborito nating shabu. Pero meron pa ring kabatirang mapupulot sa kaniyang mga pagmumuni-muni.

May tatlong bahagi ang sanaysay na ito. Una, magbibigay ito ng mabusising pagbabasa sa rebyu ng kritikong si Rolando Tolentino sa pelikulang *BuyBust* (2018, direksiyon ni Erik Matti) sa kaniyang Facebook page (“Thought Balloon”). Pangalawa, maglalalatag ito ng panimulang argumento para sa legalisasyon ng droga sa Pilipinas. At pangatlo, magbibigay ito ng metakritikal na pagbasa sa artikulong “How Has the Drug War Figured in Filipino Films?” na lumabas sa website ng *Esquire* sa Pilipinas. Ang eksplikasyon sa listicle na ito, na binubuo ng introduksiyon, link sa mga trailer, at hirit ay magiging lunsaran ng proposisyon para sa “puwede” sa politika at sining.

Samantalang para kay Gramsci, ang kapitalismo ay hindi lamang “nariyan,” at ang paggamit ng cocaine ay pilosopikal na paksa, gayundin para sa atin ang interpretasyon ng pelikula ay okasyon para ihambing ang retorika ng mga tumutuligsa sa drug war at ng rehimeng Duterte. Spoiler alert: mga moralista lang tayong lahat.

Paano Magbasa ng Isang Pelikula?

Argumento ng Norteamerikanong kritikong si Fredric Jameson na hindi naeengkuwentro ng mambabasa ang kahit anong tekstong panliteratura nang sariwa, na ang mga tekstong ito’y naeengkuwentro nang “nabasa na,” o “nainterpreta na” (ix–x). Kahit ang isang bagong pelikula, kung papalawakin natin ang sakop ng teorya ni Jameson, tulad halimbawa ng *BuyBust*, ay naeengkuwentro ng manonood na nasanay na sa ganito at ganireng metodo ng interpretasyon. Sa kaniyang rebyu ng pelikula, halimbawa, binigyang-diin ni Miguel Escobar ang karahasan at aksiyon ng teksto, at sa unang talata pa lamang ay, tulad ng *BuyBust*, ay magpapasiklab ang sanaysay, tatatarin tayo ng mga salita tulad ng “brutal,” “beatdown,” “shootouts,” “relentless,” “painful,” “pandemonium,” “raucous,” at “violence” (*BuyBust Is Ruthless*). Sa kasamaang- palad, tulad din ng *BuyBust*, bibigyan tayo ng rebyu ng mabuting aral: ang karahasan at kamatayang inilantad sa pelikula ay dulot ng “greed and systemic corruption of those at the top.” Karaniwan ang uri ng estratehiya ng pagbabasang ginamit ni Escobar, hindi siya “may kasalanan,” bagkus ay tipikal na Pilipino. Tinuligsa na ng kritikong si Bienvenido Lumbera ang ganitong lapit sa pagbabasa ng panitikan (“A New Spirit” 84), pero hindi nga namang linear ang takbo ng kasaysayang intelektuwal. Hindi ito personal na atake kay Escobar, bagkus ay pagbibigay-diin sa mga habit natin bilang komunidad na nag-iinterpretar. Halo-halo man ang kaniyang mga talinghaga, nahuhuli pa rin ang isda sa bibig nito: “the audience must stew and simmer in the gore—enjoy it, cringe at it, and endure it—before we can get to the center of the *BuyBust* Tootsie Pop” (Escobar, “*BuyBust Is Ruthless*”). Tatlong dekada mahigit ng teoryang Pranses, naghahanap pa rin tayo ng sentro.

Ikompara natin ang praktika ng kritisismo ni Escobar sa praktika ng kritisismo ni Tolentino. Sa isang *Facebook* status, inilatad niya ang kaniyang rebyu sa *BuyBust*, sa pamamagitan ng pag-juxtapose dito sa pelikulang *Mission Impossible: Fallout* (direksiyon ni McQuarrie, 2018). Katulad ni Escobar, inihanay din ni Tolentino ang pelikula sa genrenge aksiyon. Pero, dagdag dito, binasa niya rin ang *Buy Bust* bilang horror, zombified ang mga mahirap. Gayundin, sinalungguhan ni Tolentino ang papel ng kasarian sa pelikula, si Nina Marasigan (Anne Curtis) na “babaeng lead ang pinaka-

tortured victim,” kompara sa “matitikas na lead na lalakeng may position of authority, . . . matalas mag-isip, kayang makipagbakbakan laban sa lahat” (Tolentino, “Thought Balloon”). Pinansin din ni Tolentino ang pagiging “emosyonal” ng babaeng bida, wala sa hinagap/radar ni Escobar ito, para sa kaniya si Curtis ay “badass.” Samantala ngang pinuri niya ang production values ng *BuyBust*, “the look and feel of *BuyBust* owes so much to its mise en scène: a sprawling and elaborately constructed slum that became the movie’s Barangay Gracia ni Maria. The production went into such detail to recreate the grit and squalor of Metro Manila’s poorest areas, and the resulting set is itself a star of the movie—the perfect fray, which situated the action like Castle Black did in *Game of Thrones*’ “Watchers on The Wall” episode” (Escobar, “*BuyBust* Is Ruthless”), itinuring itong pagkakataon ni Tolentino para sa interpretasyon. Susi ang paghahambing ni Escobar ng pelikula sa tinukoy na banyagang palabas sa telebisyon. “Global cinema” ang turing ni Tolentino sa *Buy Bust*, iba nga lang sa espesipikong uri ng global cinema na siyang *Mission Impossible: Fallout*. “Niche” ang globality ng *Buy Bust*, niche ang hinahanap na global audience. Si Matti, ang direktor, ay “auteur ng Third World dark action at horror.”

Hindi rin naman nakalimutan ni Escobar ang mga pormal na aspekto ng pelikula. Bukod sa ilang tala sa performance ni Curtis at mga costar nitong sina Brandon Vera (Rico Yatco) at Arjo Atayde (Biggie Chen), nagawa rin niyang purihin ang estilo ng *BuyBust*: “The film is mostly dark, but splashed with color by neon lights. Camerawork is nice and brisk, if a little too shaky at times; and everything looks and feels appropriately claustrophobic to induce the requisite tension. The film’s musical score shines as well, by blending the cacophony of Metro Manila slums with the signature sounds of a Spaghetti Western” (Escobar, “*BuyBust* Is Ruthless”). At dahil nga may mga habit na tayong mga Pilipino sa pag-iinterpreta, hindi maiwasan ni Tolentinong sabihin na ang *BuyBust* ay “nakatutok” sa (basahin “tungkol sa”) “failure of state intelligence . . . pero sa huli, recuperation pa rin ng state intelligence, na ang tapat at wagas na paramilitary intelligence ang magliligtas sa immoral na iniinugang mundo” (Tolentino, “Thought Balloon”).

Siyempre pa, hindi naman hinihingi ang daigdig mula sa dalawang kritiko. Rebyu nga lang naman ang kanilang isinulat, “thought balloon” pa nga ang kay Tolentino. Alangan namang umasa sa isang frame-by-frame analisis ng *BuyBust* ang mambabasa. Ang pagsusuring iyon nga ay hindi uso sa Pilipinas, hindi ito kasama sa mga habit natin ng interpretasyon, anuman ang pakonsuwelo de bobo ni Escobar tungkol sa “camerawork” ni Matti.

Imbes, nilalapitan natin ang pelikula lagi bilang higit sa pelikula. Lagi itong tungkol sa iba, sa ibang bagay, sa lahat ng puwedeng maging paksa nito. Lagi itong iba sa sarili nito. Lagi itong “tungkol sa.” Kung pelikula ang mga pelikula, sila ay *Pasan Ko ang Daigdig*.

Ngayon, hindi mauuwi ang sanaysay na ito sa apologia para sa “sining para sa sinining.” Hindi ito magiging rant na ang gusto lang naman sabihin ay “puwede po bang manood na lang ako ng sine nang walang kung ano-anong kailangang isipin?” Samantalang pinapalapot at pinapalawak ng kritisismo ang mga pelikula sa muwestrang “ano ka pa, higit sa pelikula?”, maaari kayang hilingin din natin ito sa kritisismo ng pelikula, at sa kritisismo mismo? Ibig sabihin, “Ano ka pa, higit sa kritisismo?”

Kataka-takang habang itinatakwil sa akademya ang paghahanap ng “mabuting aral” sa mga kultural na teksto, tila ba naging bawal magkaroon ng posisyon sa mga akademikong sulatin. Ang mga gawa ng mga iskolar ay laging nauuwi sa paglalarawan, “ito ang posisyon ni ganito,” “iyon ang paniniwala ni ganire.” Laging sa implikasyon mahihinuha lamang ang politika ng akademikong nagsusulat, walang asersiyon. Hindi naman lahat ay ganito. Hinusgahan, halimbawa, ni Lumbera ang makatang Alejandro Abadilla; ipinapahiya raw ng huli ang kaniyang mga kabababayan (“Poet” 235). Pero madalang, madalang na madalang na makakita ng kritiko na magsusulat ng ganito:

Ang kasalukuyang lipunan, na malawak at malalim ang hidwaan ng distribusyon ng yaman sa pagitan ng mahirap at mayaman, na maigting ang pyudal at kolonyal na kamalayang nagpapalaganap sa sexistang status quo, ay *dapat* nang buwagin. Malinaw ang ating adhikain tungo sa isang mapagpalayang lipunan. Malinaw na kakailanganin ng katumabas na

pagkilos at pagwawaksi sa *maling* kaisipan. (Tolentino, *Richard Gomez* 27, akin ang diin)

Ang pelikula bilang kultural na teksto ay hugpong-hugpong. Kung gayon, walang *BuyBust* bilang *BuyBust* lamang. Mas malikhain, mas produktibo kung ang mga tekstong ating pag-aaralan ay *BuyBust-at-rebyu-ng-BuyBust*, at higit pa rito, *BuyBust-at-rebyu-ng-BuyBust-at-rebyu-ng-rebyu-ng-BuyBust*. Hindi naman taliwas sa espiritu ng *BuyBust* ang ganitong pagsusulat. Kung ikakategorya natin ang pelikulang ito bilang “indie,” (i.e. ang indie ay genre, tulad lang ng aksiyon, drama, komedi...), hindi mahina ang ating argumento. Inilarawan ni Tolentino ang ilang katangian ng pelikulang kasama sa genreng indie: neorealista, a-day-in-life- of ang kuwento, subaltern ang mga tauhan (*Indie Cinema* xiii–xiv), at gayundin, may “premium pa rin na ibinibigay sa bisyon ng filmmaker” (4). Nasa *BuyBust* ang tropes ng genreng ito, at ang tropes ng genreng horror. Sa paghahalo ng genreng indie at horror, nakalikha si Matti ng bagong teksto.

Ang mga sanaysay din ay may genre. Nariyan ang mga travelogue, ang mga rebyu, ang mga polemiko. May kaniya-kaniyang kumbensiyon (tropes) ang mga ito. Sa lapit na tatawagin kong semiotika, naiuugnay ang teksto sa iba’t ibang bagay, pero hindi itinutuloy ng mga nagsusulat ng sanaysay ang ganitong pag-uugnay-ugnay sa lohikal nitong kongklusyon: ang kanilang mismong interbensiyon sa paksang diumano’y pinapatungkulan ng tekstong kanilang sinusuri, pelikula man ito o nobela.

Balikan na natin, sa wakas, si Gramsci. Tungkol sa cocaine ang kaniyang sanaysay. “Cocaine” pa nga ang pamagat nito. Pero ang susing seksiyon ng teksto ay tungkol sa moralidad, at paggawa:

Work is the only thing that confers moral impulses; it is the crucible in which the spiritual essences that can give *meaning to our lives* are volatized. The fatherland, the family, humanity, goodness, justice, if they are to be real, need to be put into practice over and over again in the course of the day, in humdrum activities, which demand work and sacrifice, and which give satisfaction and joy . . . Morality consists simply in relating the smallest activity to the greatest end, and this is what makes it so necessary to practise

those small, inconsiderable actions, an infinite rosary of these actions to tell every day. (71–72, akin ang diin)

Kataka-taka ito dahil, kadalasan, iniisip natin na ang moralidad ay tungkol sa tama at mali, sa pagsunod o paglabag sa batas. At ang tingin naman natin sa paggawa ay bagay na, kung di man dapat iwasan, ay bagay na tinitiiis. Ang paggawa ang siyang pinagdadaan habang hinihintay ang gusto talaga nating gawin. Siyang tunay—hindi ito ang una nating iisiping magbibigay kahulugan sa ating buhay! Kailangang tandaan na, sa panahong isinulat ni Gramsci ang kaniyang sanaysay, hindi ilegal ang cocaine sa Italya. Gayundin, kailangang ipaalala na hindi ang pagiging droga ng cocaine ang tinutuligsa ni Gramsci, kundi ang hungkag na buhay na siyang nirerepresenta ng paggamit ng cocaine. Maraming kritiko ang giyera laban sa droga ng rehimeng Duterte, kasama na rito ang *BuyBust* (kakailanganin ng mahusay na mahusay na semiotician para sumulat ng argumento na pro-drug war ang pelikula). Bueno, atake naman tayo nang atake sa drug war, ipagtanggol na natin ang paggamit ng ilegal na droga.

Tungo sa Legalisasyon ng Droga

Mula sa pormal na punto de vista, hindi nakasunod ang *BuyBust* sa three-act structure ng Hollywood—malaking kakulangan sa pelikulang nagtatangkang magpaka-Hollywood. Samantalang klaro ang pagtatapos ng unang habagi sa ikalawa (natunugan ng mga nagbebenta ng droga ang presensiya ng bagong team ni Marasigan, at pinatay ng mga ito ang kanilang mga asset; kailangang tumakas ng mga ahente ng PDEA mula sa maze ng Gracia ni Maria, kundi ay mamamatay din sila), malabo ang pagtatapos ng ikalawa at simula ng ikatlo. Pero puwede na nating sabihing ang sa wakas ay pagpasok ni Marasigan sa muog ni Chen ang simula ng katapusan—nang magharap na ang dalawa, matutuklasan na ni Marasigan ang katotohanan.

At ano ang katotohanang iyon? Argumento ni Chen na negosyo lang ang kaniyang pagbebenta ng droga, at negosyo lang din ang pagtatangka siyang hulihin ng mga pulis. Ilang beses na nga siyang nagbabayad ng ransom e—kinikidnap siya ng mga alagad ng batas para palayain para sa pera.

Pero paano kung hindi? Paano kung lahat ng pulis ay katulad ni Marasigan na matino at malinis? Maipagtatanggol pa rin ba ang pagbebenta ng droga? At ang paggamit nito? Argumento ng independiyenteng iskolar na si Richard Lawrence Miller, hindi tauhan sa pelikula kundi aktuwal na taong matagal nang pinag-aaralan ang giyera laban sa droga sa Estados Unidos, matagal nang legal ang paggamit ng maraming droga sa kaniyang bayan. At ang tinutukoy niya dito’y hindi ang mga “legal” na droga (i.e. gamot), kundi ang caffeine, sigarilyo, at alak (1–2; ikompara sa Porto at Maciel 109). Parehas lang ng cocaine, heroin, shabu, at marihuwana ang lebel ng panganib kapag inabuso ang kape, sigarilyo, at alkohol. Sa kaniyang rebyu ng mga nauna nang pag-aaral sa mga gumagamit ng ilegal na droga, natuklasan ni Miller na hindi nakakaapekto ang paggamit ng mga ito sa pag-aaral, pagtatrabaho, at sa pangkalahatang takbo ng buhay ng mga gumagamit (user). Ang pagtrato, ang pagpaparusa ng gobyerno ng Estados Unidos ang nagdudulot ng malaking pagkakaiba sa buhay ng mga gumagamit. Iba-iba ang reaksiyon ng mga tao sa droga, sigarilyo man o alak, dahil iba-iba ang personalidad ng mga tao, at iba-iba rinang kanilang sitwasyon. Argumento ni Miller, “Plenty of psychopaths smoke tobacco, but cigarettes did not turn those users into psychopaths. The same holds for heroin and other drugs. Scientists report that even PCP (phencyclidine or “angel dust”) fails to live up to its notorious reputation of transforming docile people into unstoppable killing machines. Persons who behave violently while using PCP have a history of violence when not using PCP” (5; ikompara sa Hughes at Stevens 2). Kinokontra din ni Miller ang ideyang nakakaadik ang mga droga, kahit nga sa kaso ng cocaine, karamihan sa mga gumagamit hindi nagiging adik (6).

Sa kaniyang diskusyon ng paksa, pinasok ni Miller ang konsepto ng “krimen ng estado” (status crime). Ibig sabihin, hindi nakabatay ang krimen ng paggamit ng droga, o pagiging adik, sa ginawa ng “kriminal,” kundi sa kaniyang *estado* bilang adik o gumagamit ng droga (ikompara sa isang magnanakaw, na kriminal dahil sa kaniyang *aksiyon*, o sa mamamatay-tao). May problema sa ganitong uri ng krimen: “Status crime reduces legal requirements that must be met before punishing someone: Authorities need not prove that a victim has done anything at all” (11).

Isyu ng moralismo ang pumapasok dito. Para sa ilan, at iilan lamang sila, masama ang gumagamit ng droga kasi gumagamit siya ng droga. Pero para kina Maria Stela Grossi Porto at Wellion Caixeta Maciel, mga iskolar mula sa Unibersidad ng Brasilia, nakakagulo ang pagsusuri ang pagpasok ng mga absolutong standard ng kabutihan at kasamaan. Imbes na paghuhusga, tinatanong nila, paano kung “the decriminalization of drugs occurred and a countless amount of activities that currently took place in the underworld of invisibility, within the logic of terror, fear, accusation, and inhumanity were introduced into the market and regulated competition” (102), at humupa ang karahasang nakapaligid sa mga aktibidad na ito? Hindi lang ekonomikong transpormasyon ang tinututukan nina Porto kundi mga usaping pangkalusugan din. Kapag nadekriminalisa ang paggamit ng droga, makakatutok doon sa mga naghahalo ng yeso sa kanilang cocaine na ibinebenta, imbes na sa lahat ng nagbebenta ng cocaine.

Samantalang hypothetical pa lamang ang kaso nina Porto, ilegal pa rin ang droga sa Brazil, iba ang kaso ng pinaksa nina Caitlin Hughes at Alex Stevens, mga mananaliksik, dahil kaso ng Portugal ang kanilang kinilatis. Ipinatupad noong 2001 sa Portugal ang Law 30/2000. Hindi ito pagliligalisa ang droga, kundi’y “[decriminalization of] the use, possession and acquisition of all types of illicit substances for personal use, which was defined as being up to ten days supply of that substance” (1; tingnan din ang Laqueur 2). Samantalang kriminal pa ring itinuturing ang mga nagmamanupaktura ng ilegal na droga, sinenyas sa mga mas kaswal na gumagamit na may mga available na avenida ng paggamot sa kanilang adiksiyon. Nagbigay ng malaking budget sa mga tinaguriang “Commissions for the Dissuasion of Drug Addiction” (“Comissões para a Dissuasão da Toxicodependência”).

Sa implementasyon ng dikriminalisasyong ito, ilang epekto ang naitala nina Hughes at Stevens. Una, paradoxically, tumaas ang bilang ng mga drogang nahuli (3). Dahil nga iniwasan na ang mga maliit na isda, nakapagbigay ng panahon at atensiyon sa mga nagmamanupaktura. Gayundin, bagaman tumaas ang bilang ng mga gumagamit ng marijuana, bumaba naman ang bilang ng mga gumagamit ng heroin (9). Ayon sa kanila, “the recorded patterns in Portugal support the idea that decriminalization

may lead to overall increases in drug use, but with reductions in drug-related public health problems” (5). Imbes na hulihin ang mga gumagamit ng droga, ginagamot ang mga ito. Imbes na kulungan ay health professional ang kanilang nakakaharap. Patuloy pa nina Hughes,

For the health sector, decriminalization has increased professional understanding of the different types of users, their motivations for and patterns of use. This has been important, since Portugal has traditionally provided a limited range of options, with primarily abstinence-based approaches. Professionals have increasingly recognised that such approaches do not suit all drug users, and that a broader range of responses can facilitate demand and harm reduction. The increased recognition of heterogeneity is argued to have enabled a more realistic response, more driven by experience and evidence than ideology. (7)

Mamabutihin ko nang bigyan ng mas eksaktong pagpapakahulugan ang terminong moralismo sa seksiyong ito, nang sa gayon ay masalungguhan ang mga pertinenteng punto mula sa mga pag-aaral na binanggit sa itaas, at pati na rin sa naunang seksiyon.

Tinatawag kong “moralista” ang kahit anong kritisismo na humuhusga sa tekstong kinikritika gamit ang mga categoryang “masama” at “mabuti.” Ang mga ganitong categorya ay nakakasagabal sa pagsusuring nais nina Porto at Maciel pagdating sa sosyolohiya, at ang siya ring pinapasaringan nina Hughes at Stevens nang pagtalabin nila ang “karanasan” at “evidensiya,” laban sa “ideolohiya.” Mahahalata na ang mga categoryang ito ang siya ring ginagamit para magtalaga ng pagkakaiba sa pagitan ng gumagamit ng droga at hindi. Ang gumagamit ng droga ang masama, at ang hindi gumagamit ng droga ang di-umano’y mabuti.

May tendensiya sa Kritisismo sa Pilipinas, malaking K, lampas pa sa film studies lang mismo, na maging moralista sa pagdidiskurso. Maaari itong nakasulat sa bokabularyo ng ideolohiya at panunuri, pero hindi mapigal ang eksortasyon at panghahalina. Ang halimbawa nito ay matatagpuan sa “Re-imahinasyon sa Identidad at Kasarian ng mga Bakla sa Dula at Pelikulang Pilipino” ng makata at kuwentistang si Rommel Rodriguez. Nakatungtong sa

lunsarang hindi neutral at obhetibo ang pananaliksik at scholarship, kundi partisan, masasabi niya:

Mahalaga ang pagpapanibagong hubog ng kamalayan. Isang mapagpalayang hakbangin upang higit na mapalawak ang kamalayan sa aspeto ng kultura. Hindi lamang ito simpleng pagmamartsa tuwing darating ang araw ng mga bakla at lesbian tulad ng Gay and Lesbian Pride March o paglatad ng mga organisasyon (eg. U.P. Babaylan, Lagablab, Pro-Gay, U.P. Sappho at iba pa). Hindi ito bonggang selebrasyon na nahulog sa patibong ng romantisasyon: narito kami, espesyal, kilalanin, maganda, isang sub-kultura . . . Marapat na nakabatay ang ideolohiya sa matibay na pagsusuri ng lipunan at hindi sa isang mabilisang asumpsyon bunsod ng nakapupurgang mga pangyayari sa lipunan. (“Re-imahinasyon” 107)

Pagpapatuloy pa niya, “Kung titingnan (marapat tingnan), at pag-aaralan ang kabaklaan sa konteksto ng kulturang Pilipino, marapat munang ipaliwanag ang usapin ukol sa kultura. Ang kultura ay likha at hindi likas” (110). Bago ako magpatuloy nais ko munang klaruhin na hindi ito panunuligsa kay Rodriguez, o sa kung sino man na mababanggit sa sanaysay na ito, tawagin ko mang moralista o hindi, bagkus ay paglalarawan sa ating mga gawin sa kritisismo. Maaari pa ngang sabihin na, dahil hindi naman maiiwasan talaga ang paggamit ng “dapat” sa pagsusulat, i.e., kahit iyong mga pinapalagay ang halaga ng politika o etika sa pagsusulat at hindi kasing- explicit ni Rodriguez ay meron pa ring “dapat,” wala naman talagang kritikal na sanaysay o akademikong papel na hindi moralista (maski ang sanaysay na ito, kung gayon). Iyon nga mismong mas pumapanig sa paglalaro ng mga signifier, ang tatawagin kong lapit na semiotika, ay moralista, dahil sinasabi nila, bagaman hindi hayag, na dapat ay ihiwalay ang politika at likhang-sining. Babalikan ang puntong ito sa baba. Nais ko munang sampolan dito ang uri ng kritisismo na nalilikha ng ideolohikal na pagsusuri ni Rodriguez. Narito ang kaniyang pagtatasa sa pelikulang *Ang Tatay Kong Nanay*:

Sa unang sulyap, mapapansin ang tema ng pelikula ukol sa kakayanan at marapat na ibigay na karapatan sa mga bakla na magkaroon ng anak subalit sa mas malalim na pagtalakay . . . ang pagtingin sa isang bakla sa pelikulang ito ay mula sa pananaw ng isang bata na maaaring talinghaga ng

kamangmangan . . . Sa halip na paglilinaw, inilalatag nito ang pagpapalabo sa usapin ng kasarian. Sa halip na radikal na pagtingin, mas binigyan-prayoridad ng pelikula ang pagpapalabo sa usapin ng kabaklaan. Ang pelikulang ito ay magandang halimbawa sa talinhaga ng panlipunang pagkakapon. Bagamat naglatag ang pelikula ng mga opresyo at pagsasantabi ng mga bakla sa lipunan, di naman nito natugunan ang radikal na pagtalakay sa kabaklaan bilang lehitimong kasarian . . . (118)

Isa pang halimbawa, maikling sipi na lang, para lang patunay na ganito nga ang naging moda ng analisis ni Rodriguez sa kabuuan ng kaniyang papel, ito ang komento niya sa *Pusong Mamon*: “nahulog din [ang pelikulang ito] sa patibong ng hilaw ng radikal na pagsusulong sa identidad ng mga bakla” (119). Kulminasyong maituturing ng ganitong lapit ang seksiyon sa papel ni Rodriguez kung saan naglatad siya ng table na may tatlong kolum: “Pelikula,” “Tauhang Bakla,” at “Pagtalakay sa Isyu” (120). Maaaring sabihing unfair ito kay Rodriguez, dahil pinapaksa niya ang masalimuot na isyu ng representasyon ng bakla sa pelikula, at hindi ang drug war na siyang pinagkakaabahalahan ng *BuyBust*. Pero sa totoo ang ganitong lapit sa pelikula ay, nasabi na nga, hindi naman abnormal na kritisismong Pilipino. Narito ang maituturing nating pundasyon ng kritikang Pilipino, narito muli si Bienvenido Lumbera, sinasabi na kailangan nating basahin ang mga sineng pinapanood natin, at paano:

Kailangan bang maging kritiko ang bawat manonood? Kung maaari nga lamang sana. Pero hindi naman kailangang pakabusisiin ng manonood ang isang palabas, gaya ng ginagawa ng kritikong isinusulat ang kanyang pagsusuri para sa isang publikasyon. Ang kailangan lamang ay maging gising ang kamalayan ng manonood sa panahong sumusubaybay siya sa kuwentong inilalahad sa iskrin. Gising, upang hindi siya mapaglanlangan, upang hindi siya mailigaw, upang maging kapaki-pakinabang ang kanyang paglilibang sa loob ng sinehan. (“Basahin” 301)

Pasubali: popular na teksto ito ni Lumbera, isinulat para sa isang magazine, at mayroon pang tandang pandamdang ang pamagat (“Basahin ang Sine!”). Gayumpaman, masasabing sa iisang moda o espiritu nakasulat ang gawa nina Lumbera at Rodriguez, at Escobar.

Para sa kakulangan ng ganitong moda, kakailanganin nating humingi ng tulong mula sa isang kritiko ng panitikan. Sa kaniyang *The Chinese Question*, ipinagtanggol ni Caroline Hau ang nobelang *An Embarrassment of Riches* ni Charlson Ong laban sa kritikang hindi nito hinarap ang mga problema ng kolonyalismo. Bagaman tanggap naman ni Hau ang “validity” ng ganitong uri ng kritika, para sa kaniya hindi lang ito ang tanging paraan para basahin ang nobela. Ang pang-uusig daw na iyon sa nobela ni Ong, na may “literal-minded approach to the objectives of the Centennial Literary Contest assumes that a novel can only ever be effective if its spells out (an unkind equivalent would be “spoon-feed”) the “lessons” from Philippine history.” Pagpapatuloy pa niya, nang may hindi matatawarang kutya, “Such prescriptions for “social relevance,” when heeded by less-gifted writers, have played no small role in producing some of the most stultifying boring novels that do more damage to Philippine literature by turning readers off reading Philippine texts” (274).

Nais ko ritong kapitan ang salitang “boring.” Bagaman may punto si Hau tungkol sa mga gawa, nobela man o pelikula, na nakakabagot nga dahil sa inuna ng mga lumikha ang pagkakaroon nito ng “kamalayang panlipunan,” maaari nating sabihing kung “less gifted” nga naman ang may likha, kahit pa “sining para sa sinining” ang kanilang ideolohiya, sa kanilang kawalan ng talento naman nakasadka ang pagiging nakakabato ng kanilang teksto. Gayundin, hindi naman trabaho ng kritiko na “mag-enjoy” sa kaniyang binabasa o pinapanood, kundi ang magkritika. At kung hindi man nagbabasa ang mga Pilipino, hindi ito dahil sa mga pangit na gawa, kundi dahil mahal ang libro at wala silang pambili, o di kaya’y mas busy sila sa mas mahalang gawain sa buhay tulad ng pag-aalaga ng anak at paghahabol sa suweldong kapos. Panghuli, subjective naman talaga ang pagtalaga kung aling teksto ang boring o hindi. May dalawa akong kasamang manood ng *BuyBust*, at ako lang ang katulad ni Escobar na na-excite dito.

Mahalaga ang “boring” ni Hau dahil maiuugnay ito sa semiotika. Maituturing na boring ang isang gawa kapag hindi ito nakapukaw ng pagnanasa sa manonood man o mambabasa na lumikha ng sarili niyang teksto (tingnan ang Eagleton 119). “Masama” ang isang gawa hindi dahil nag-advocate ito ng kabuktukan, kundi kapag wala nang masabi o masulat tungkol

dito. “Mabuti” naman iyong bukas sa interpretasyon, nanghahali ng marami at mas marami pang komentaryo. Kinakailangan ng kritisismo sa kritisismo, metakritisismo, hindi dahil mali ang isang kritiko at tama ang isa pa, kundi dahil ipinako na ng huling kritiko ang kahulugan ng huling teksto, at para ito buksan muli—wag sabihing palayain!—kailangan kritikahin ang naunang kritika. Sa metakritisismo, nagiging walang hanggang ang pagsusulat, ang paglikha. Imbes na ipasailalim ang semiotika sa moralismo, ang moralismo ang ipapasailalim natin sa semiotika. Nanghuhusga tayo ng “tama at mali,” “dapat at hindi dapat,” “konserbatibo/liberal at radikal,” para hindi tumigil sa pagsusulat.

Marka ang anyo ng *BuyBust* ng kahusayan nito. Nag-iimbita ito ng iba’t ibang interpretasyon at pagbabasa. Stunt casting ang kay Anne Curtis; hindi ito ang tipikal na ginagampanan ng artista. Mainit na isyu ang drug war, at naihuhugpong pa ito sa maraming paksa, tulad na nga lang ng legalisasyon ng droga na isinusulong ng papel na ito. Pelikulang aksiyon ang pelikula, pero may hibo ito ng iba pang genre. Nakasasakal na lunan ang Gracia ni Maria, claustrophobic, pero malawak na talampas ang *BuyBust*—kung saan-saan ka mapapadpad sa paggalugad nito. Nilulusaw nito ang tunggalian ng masama at mabuti (sino nga ba ang mabuti, ang drug lord, ang pulis, ang lumpen?). Napapatunayan ang lakas ng ganitong pagbabalangkas sa resulta. Kapag sinunod ang mga moralista, anyong “moral lesson” man o ideolohikal ang bokabularyo, titigil ang pagsusulat. Kung ituturing ang sining bilang bagay na nagrerepresenta at ang moralidad bilang bagay na narerepresenta, may hantungan ang ito: ang tamang pagrepresenta ng tamang irerepresenta. Kapag ang isa, dagdagan mo ng isa, ay dalawa. At may nagsabi nang ang isa, kapag dinagdagan ng isa pa, ay dalawa. Wala nang ibang puwedeng sabihin.

Ilang Politikang Implikasyon

Sa kaniyang listicle na “How Has the Drug War Figured in Filipino Films?”, inilista ni Miguel Escobar ang labindalawang pelikulang tinawag niyang “signs of the times.” Bagaman, tulad ng artikulo ni Lumbera, isinulat itong “How” para sa popular na (Ingleserong) audience, mainam pa ring busisiin ito, bilang “sign” ng kasalukuyang estado ng kritisismo ng pelikulang Pilipino.

Tulad ng lahat ng mabuting moralista/semiotista, binuksan ni Escobar ang kaniyang teksto sa pamamagitan ng isang paghahati: ang ngayon (ang times) natin kung kailan “the Internet and social media [are] our primary tolls and venues for sociopolitical commentary” at ang “1970s and ’80s,” na pelikula ang instrumento para sa pagsiyasat ang lipunan. Tinawag niyang “legendary” ang mga direktor na sina Mike de Leon, Ishmael Bernal, at Lino Brocka, at sa kanila isasalungat ang mga hindi legendaring direktor ng mga ilista niyang pelikula. Ang tesis ni Escobar, “while some are more hilarious than others, all are pretty grim” (Escobar, “How Has the Drug War Figured”). Nga lang, sa kalakhan ng teksto, panay ang gamit ni Escobar sa salitang “message,” kasama na rin ang “stance” at “stands.” May komentaryo rin naman siya sa tinatawag niyang “plot,” “production values,” at “star power,” pero dahil nga listicle, nauuwi lang din sa huli ang teksto sa pagbanggit kung aling pelikula at trailer ang may pagtukoy kay Rodrigo Duterte.

Ang isang listicle, siyempre pa, ay maaaring ituring na hindi naman pinaghirapang isulat. Listahan nga lang ito, kadalasan ay may “clickbait” na pamagat, na ang layunin ay mabilisang ikonsumo ng mambabasa sa internet habang siya ay bino-bombard ng mga patalastas. Ang giyera sa droga nga ay mainit na isyu, kaya kapag pinaksa ito, may mabibitag na magbabasa. Pero masyadong seryoso kung giyera sa droga lang ang papaksain, kaya ihahalo sa pelikula, para pop. Maaari na ritong gumawa ng binaryanismo: ang mga pelikulang lumilikha ng komentaryo, at ang mga listicle na lumilikha ng click. Madaya nga lang ikompara ang dalawa. Sa kalikasan ng mga anyo, iniimbitahan ng sine ang pag-iisip at pagsusuri, samantalang layunin ng mga artikulo sa Internet ang panatilihin ang nasa Internet sa Internet--anuman ang “nilalaman” nila. Inaalingawngaw ng teksto ni Escobar ang kay Rodriguez. Pinalitan lang ang “Tauhang Bakla” sa kadenang “Pelikula”–“Tauhang Bakla”–“Pagtalakay sa Isyu” ng “Tauhang Adik,” o “Tauhang Durugista.” Ito ay humanismo, nakasalalaysay sa teorya ng representasyon (tingnan ang Rodriguez, “Piniping mga Sigaw” 36–40). Muli, hindi ito pang-uusig kina Escobar at Rodriguez. Imbes, ito ay hiling. Ang suhestiyon ko, palitan ang “dapat” ng “puwede.” Halimbawa, sa politika, sa kaso ng droga. Sinubukan na ang iba’t ibang paraan ng pagpigil dito. Maaari kayang

subukan ang dekrimalisasyon, kundi man legalisasyon? Ito ang pragmatiko sa politika. Imbes na sabihing “Masama ang droga, nakakasira ito ng pamilya, atbp, atbp,” itanong natin, “Ano ang puwedeng gawin?” Kayrami nang namatay sa gera laban sa droga, bakit hindi subukan ang paggamot imbes na pagpiit sa pagresponde. Sa kaso naman ng sining, kasama na ang pelikula, lahat posible, kaya lahat, puwede. Hindi ito pagtakwil sa politikal sa pelikula, kasi nga *puwede* maging politikal sa pelikula. Hinihiling na sa pagtasa sa mga pelikula, ang tutukan ay ang pagtulak ng teksto sa mga posibilidad ng anyo nito. Gayundin sa kritisismo. Malayong-malayo na ito sa “Cocaine” ni Gramsci—at sa *Buy Bust!*—pero baka ito ang kritisismong kinakailangan natin sa kasalukuyang panahon.

Sanggunian

- Eagleton, Terry. *Literary Theory: An Introduction*. U of Minnesota P, 1996).
- Escobar, Miguel. “*BuyBust* is Ruthless, Anne Curtis is a Badass, and Erik Matti is Back in Action.” *Esquire Philippines*, 3 Ago. 2018. www.esquiremag.ph/culture/arts-and-entertainment/busbust-2018-erik-matti-anne-curtis-movie-review-a00207-20180803. Binuksan 21 Ago. 2018.
- . “How Has the Drug War Figured in Filipino Films?” *Esquire Philippines*, 22 Nob. 2017, www.esquiremag.ph/culture/arts-and-entertainment/how-has-the-drug-war-figured-in-filipino-films-a00207-20171122-lfrm. Binuksan 1 Okt. 2018.
- Gramsci, Antonio. “Cocaine.” *Pre-Prison Writings*, inedit ni Richard Bellamy, Cambridge UP, 1994, pp. 70–72.
- Hau, Caroline. *The Chinese Question*. Ateneo de Manila UP, 2014.
- Hughes, Caitlin, at Alex Stevens. “The Effects of Decriminalization of Drug Use in Portugal.” *The Beckley Foundation Drug Policy Programme*, briefing paper 14, Dis. 2007. *ResearchGate*, https://www.researchgate.net/publication/238070854_The_Effects_of_Decriminalization_of_Drug_Use_in_Portugal. Binuksan 15 Set. 2018.
- Jameson, Fredric. *The Political Unconscious*. Routledge, 2002.
- Laqueur, Hannah. “Uses and Abuses of Drug Decriminalization in Portugal,” *Law and Social Inquiry*, tomo 40, blg. 3, tag.
- Lumbera, Bienvenido. “Basahin ang Sine!” *Writing the Nation*, U of the Philippines P, 2000, pp. 299–301.
- . “A New Spirit in Literary Studies.” Lumbera, *Revaluation 1997*, pp. 84–86.
- . “Poet in Search of an Audience.” *Revaluation 1997*, pp. 231–35.

- . *Revaluation 1997: Essays on Philippine Literature, Cinema, and Popular Culture*. U of Santo Tomas Publishing House, 1997.
- Miller, Richard Lawrence. *Drug Warriors and Their Prey: From Police Power to Police State* Praeger, 1996.
- Porto, Maria Stela Grossi, at Welliton Caixeta Maciel. “Decriminalization of Drugs: An Alternative to Decrease Brazilian Violence?” *Open Journal of Medical Psychology*, tomo 3, blg. 2, Ene. 2014, pp. 101–12, <https://doi.org/10.4236/ojmp.2014.32013>.
- Rodriguez, Rommel. “Pi(ni)ping mga Sigaw, Imahinasyon ng Pagpapakahulugan: Balangkas ng Estetika ng Panitikang Bakla sa Pilipinas.” *Philippine Humanities Review*, tomo 5, 2001, pp. 24–43.
- . “Re-Imahinasyon sa Identidad at Kasarian ng mga Bakla sa Dula at Pelikulang Pilipino.” *Kasarinlan: Philippine Journal of Third World Studies*, Vol. 16, No. 1, 2001b, 97–130.
- Tolentino, Rolando. *Indie Cinema at mga Sanaysay sa Topograpiya ng Pelikula sa Filipinas* U of Sto. Tomas Publishing House, 2016.
- . *Richard Gomez at ang Mito ng Pagkalalake*. Anvil, 2000.
- . “Thought balloon matapos back-to-back na mapanood ang *Buy Bust* at *Mission: Impossible Fallout (MIF)*.” *Facebook*, 6 Ago. 2018, www.facebook.com/rolando.tolentino.395/posts/1120800238078051?_tn_=K-R. Binuksan 4 Nob. 2023.

ANG SEKSI AT HINDI SEKSI SA MGA MAIKLING KUWENTO NI CHUCKBERRY PASCUAL

Layunin ng papel na ito na ilarawan ang seksuwal na kosmos sa mga maikling kuwento ni Chuckberry Pascual, pangunahin sa una niyang koleksiyon na *Kumpisal* (2015). Para kay Pascual, ang seksuwalidad (sa pangkalahatang pagpapakahulugan, at hindi bilang espisipikong terminong tumutukoy sa seksuwal na oryentasyon) ay nanunuot sa lahat ng aspekto ng indibidwalidad, at kung gayon ng lipunan. Dahil sa sentralidad ng seksuwalidad sa pag-iral, ito ay nasasalabat din sa iba pang mga aspekto nito, mulang politika at ekonomiya, hanggang kultura at sining. Si Pascual, kung gayon, ay maituturing na maksimalista ng seks, o mas tamang sabihing maksimalista ng seksuwalidad (seksmaks). Pero itong seksmaks ay hindi ang bargas o magaspang na seksmask na madalas ay mali-maling iniuugnay sa sikoanalisis ni Freud. Ang seksmaks ni Pascual ay suson-suson, at superyoridad nito sa bulgar na bersiyon (na hindi naman talaga ipagtatanggol ng kahit sinong seryosong palaisip) ay matutungyahan sa kapangyarihan nitong ipaliwanag ang kasalukuyan nating mundo.

Sa papel na ito rin makikipagdiyalogo ang piksiyon ni Pascual sa mga teoristang kanluraning mula sa makakaliwa at makakanang politika. Hindi ito pagbibigay ng hindi naman kinakailangang lehitimasyon mula sa mga puti kay Pascual, kundi paghihimay sa maaari nating sabihing globalisadong zeitgeist. Sa partikular, tatalakayin ang diskusyon ng prostitusyon, o mas mainam na tawaging seksuwal na paggawa, sa makakanang *Defending the Undefendable* ni Walter Block, at ng makakaliwang *Playing the Whore* ni Melissa Grant.

Introduksiyon sa Pagbabasa

Sa kaniyang introduksiyon sa ikalawang koleksiyon ng maikling kuwento ni Pascual, itinanong ng bantog ng kwentistang si Jun Cruz Reyes: “Paano . . . basahin ang [*Nawawala*]?” (Pascual, *Ang Nawawala* 8). Pagpapatuloy niya, “Hindi . . . pala ito paghahanap *lang* sa kilig factor o pagbubuo kaya ng buod at paghahanap sa kung nasaan ang literariness ng akda. Usapin . . . pala

ito ng e ano ngayon, naiintindihan mo ba ang nangyayari sa iyong panahon/ paligid? Yes, may silbi ang panulat tinatala nito ang nariyan sa paligid na hindi na natin napapansin” (8–9, akin ang diin). Samantalang standard itong pagtasa sa panitikan mula sa punto de bistang politikal, o di kaya’y social realist, tulad na lang din ng paglalaro ni Pascual sa genreng detective, may paglalaro din si Reyes sa orthodox na pagtanaw sa pagsusulat. Ang panitikan, para sa kaniya, ay pagsasaayos. Aniya, “Magulo ang mundo sa totooong buhay. Kahit ang ating buhay, na walang kasiguruhan kung matatapos ang mga problema, kung makakamit ang ninanasa, kung matutupad ang mga pangarap, o kung anong klaseng dulo ang naghihintay maliban sa kamatayan. Kaya nga kailangan natin ng art. Sa fictive na mundo, ang manlilikha ang masusunod. Maliwanag ang conflict na lulutasin, ang mga tauhang mananalo at matatalo. Magulong buhay na nilagyan ng rhyme and reason kaya *masarap basahin*, ganoon ang nagagawa o ginagawa ng isang manlilikha” (4–5, akin ang diin). May namumuong kontradiksiyon sa pagdadalumang ng panitikan dito. Sa isang banda, ito ay nagsisiwalat ng katotohanan. Sa isang banda, ito ay lumilikha. Pero para kay Reyes walang kontradiksiyon. Ito ang paradoks, na siyang kapangyarihan, ng panitikan: “Sa piksiyon, may makikita tayong totoo” (9). At samantalang “lang” lang ang kilig, para kay Reyes may sarap sa pagbabasa kay Pascual, at kung itutulak ang lohika, ng lahat ng may karapatang tawagin ang sarili na panitikan. Muli, may pag-igpaw mula sa mas mababang lebel. Una, mula sa tunay na magulong mundo, tungo sa tunay na imbento. Pangalawa, mula kilig tungong sarap. Itong kilig ay maaari ding tawaging “tuwa,” na ang ibig sabihin ay tuwang di-malay, o tuwang di-repleksibo: “Tuwang-tuwa tayo na hindi alam kung bakit, at tuwang-tuwa na hindi natin alam kung bakit tayo’y tuwang-tuwa, tulad ng Pasko, ipinagdiriwang natin ito sa pagkain ng masarap at pagsusuot ng bagong damit, na sa dulo’y si Henry Sy [SLN] lang naman talaga ang tuwang-tuwa” (3–4, sa akin ang SLN).

May saray sa halagahan ni Reyes, na dapat lang, dahil walang halagahang karapat-dapat tawaging halagahan na walang saray. Nais ko ritong pangunahan ang maaaring maging maling akala (misrecognition) na inaatake ko nang personal si Reyes. Ito ay sinserong pakikipagdiyalogo

hinggil sa idea, at hindi dapat isiping ad hominem ng sinuman. Gayundin, kailangan kong aminin na kumakain ako ng hayop, bago ipagpatuloy ang diskusyon. Ngayong nasabi ko na nga, balikan natin ang halagahan ni Reyes at ang isa pang saray nito. Sa kaniyang paglalarawan sa kontemporaryong Pilipinas, binanggit niya ang isyu ng extrajudicial killings (EJK). Aniya, “Marami pa ring kaso ng EJK, pero ang ikinagagali natin ay pananakit sa aso. Iligtas ang mga aso, hayaang mamatay ang mga taong matitigas ang ulo, na mas malamang ay mahirap. Samantala, punong-puno ng *himutok sa kagalit at papuri sa sarili* ang social media” (4, akin ang diin). Dito, ipinapalagay ni Reyes na mas importante ang mga tao kaysa aso, at tinutuligsa ang lumalabas ay kabaliktaran nito (i.e., ang pagiging galit sa pananakit sa aso at pagiging okey lang sa pagpatay sa tao). Siyempre pa, puwede rin namang maging galit sa pananakit sa aso at maging laban sa EJKs. Gayundin, maaari nating sabihin dahil sa pang-araw-araw na karahasan natin laban sa mga mas mahina sa atin sa lebel ng species (i.e., sa mga hayop, e.g., iyong mga kinakain natin) kaya tayo okey lang sa karahasan laban sa mga mas “mababa” sa atin sa lebel ng uri. Ang hirit naman ni Reyes, sa sipi, tungkol sa social media ay isa muling saray. Muli, sa pagitan ng mababaw na diskurso na dominante sa social media, “papuri sa sarili,” ay mas mababa kompara sa mataas na diskurso ng panitikan, na nakapagkomentaryo sa “ngayon.”

Ang maikling ekskursiyon na ito sa introduksiyon ni Reyes sa koleksiyon ni Pascual ay para makapagbigay ng maituturing na ortodokso ngang konseptuwalisasyon sa panitikan sa Pilipinas sa panahon natin ngayon. Bagaman may hibo ng utilitarismo (may “silbi” ang panitikan), tatawagin nating moral na kritisismo ang ganitong uri ng pagbabasa. Sa introduksiyon, ramdam na nahusayan si Reyes sa koleksiyon pero may saray pa rin. Ang isa namang ito’y sa pagitan ng kasalukuyang Pascual at ang Pascual-na-darating:

Sa dulo ng imbestigasyon nina Bree at ni Pascua, nakapagtala sila ng ilang mahahalagang detalye sa lipunan. Parang isang indexing ng mga kahangalan. Hindi *pa* siya [si Pascual] humahatol, hindi rin nagpapaliwanag. *Mula rito, marami pang idadagdag at isusulat si Pascual. Ikukuwento* rin niya hindi lamang ang nawawala kundi pati na rin ang kaniyang mga natagpuan at gustong panindigan. (7–8)

Moral ang kritisismo ni Reyes dahil inaasahan nito ang paghatol; nakukulangan ito sa pag-iindeks. Hindi sapat na maging salamin ang panitikan, at kung hindi man ito umabot sa lebel ng martilyo, kailangan itong maging medida o timbangan man lang—kailangang may kakayahang sumukat.

Kakatwa, pero pareho ang pagtasa ni Reyes sa Pascual ng *Ang Nawawala* at ni Rolando Tolentino sa Pascual ng *Kumpisal* kung ang pag-uusapan ay kasarihan at seksuwalidad. Para kay Reyes, halimbawa, para sa bidang si Bree ng *Ang Nawawala*, “ang maliwanag lamang sa kaniya ay ang kaniyang gender, na hindi na naman mahalaga sa istorya at sa bida, dahil hindi naman iyon ang kaniyang pinuproblema” (7). Ganito rin ang pagtasa ni Tolentino sa iba’t ibang tauhan ng *Kumpisal*. Aniya, “wala nang problema nga sa isyu ng kasarian at sexualidad bilang isyu ng tunggalian dahil non-isyu naman ito sa maraming aba’t mababang uri na pamayanan . . . Hindi na isyu ang kabaklaan sa mundong ito maliban sa ito ang nagbibigay ng natatanging impetus kung paano at bakit nagaganap ang nangyayari sa kuwento” (*Kumpisal* xix). Kung meron mang queer kay Pascual para kay Tolentino, matatagpuan ito sa pormal na aspekto ng kaniyang mga maikling kuwento. Aniya:

Queer ang pagmumundo ng kuwento at ang kabuuang tinig ng manunulat, hindi dahil queer ang tauhan kundi dahil sa sopistikasyon ng pagkakatwa at pagkakaiba ng paglalahad ng mga detalye, kapamaraan ng pagbubuo ng kuwento, at ang akto ng pagbabasa. Queer ang paglamlam dahil may inaantabayanan sa nilalamlam . . . Paratihang sablay sa inaakala, dahil kung tutuusin, inakda na ng tauhan sa kuwento at manunualt ng kuwento sa simula pa lang ang pagiging kontraryo ng mga detalye, kapamaraan ng pagbubuo ng kuwento ang kontraryong akto ng paglamlam sa pagbabasa ng kuwento. (xx)

Isa ito sa mga dahilan kung bakit nasabi ni Tolentino na paradoksikal ang queer (xxi). May kakaibang kilig o tuwa na madadama sa kotraryong pagbasa nina Reyes at Tolentino kay Pascual, i.e., na hindi problema ang kasarian at seksuwalidad sa mga gawa ni Pascual. May diyalektikal na pagkagulat, tulad na lamang kapag may nabasa tayong sanaysay na pinamagatang “Ang Pakikisangkot sa mga Isyung Panlipunan ni Jose Garcia Villa,” o di kaya’y “Joi Barrios, Ahente ng Patriyarkiya.” Sa ganitong aspekto ng kaniyang

kritisismo, iniinwan na ni Reyes ang moralidad, at mas lumalapit sa formal na pagtatasa ni Tolentino.

(Sa pagturing sa kritisismo ni Tolentino bilang pormal, hindi sinasabing ito ay apolitical o antipolitical. Ang mayorya ng kaniyang introduksiyon sa *Kumpisal* ay historikal na pagsasakonteksto kay Pascual bilang manunulat [xvi–xvii]. Ang tanging pulitikal na kritisismong matatawag ay historikal, at kung gayon ay kakailanganing maging pormal. [Alinsunod sa pagkakategoryang ito, itong mismong sanaysay na maihahanay sa moral na kritisismo.]])

Si Pascual din mismo ay may pagkiling sa paradoksikal o kontraryong pagbabasa. Sa kaniyang *Ang Tagalabas sa Panitkan*, halimbawa, may pagbasa siya sa maikling kuwentong “Bagong Paraiso” ni Efren Abueg. Sa kamay ni Pacual umiigpaw ang akda ni Abueg mulang muling-pagkukuwento kina Adan at Eba, o simpleng moralistang pagbababala sa pagtatalik sa labas ng institusyon ng kasal. Ang moralidad mismo ang pinaglaruan ni Pascual, at sa kaniyang pagbasa ang moralidad ay hindi tungkol sa mabuti at buktot, kundi sa pagsunod o pagtaliwas sa sosyoekonomikong orden:

Sinusugan ng kuwentong ito ang pagdatal ng bagong relihiyon ng kapital sa siyudad. Ang kabataan ay tinitingnan bilang bigo kapag hindi nila nakamit ang inaasahang gampanin na maging tornilyo sa makinang nagpapaikot sa kapital. May conflation din ito sa relihiyon at moralidad, dahil ang pagnanasang maging responsableng manggagawa o empleado ay binabalot ng isyu ng moralidad: masama ang makipagtalik hangga’t hindi pa kasal, masamang sumuway sa magulang, at ano ba ang gusto ng magulang? Ang maging mabuting mamamayan ang anak, iyong nagtatrabaho, kumikita, nagbabayad ng buwis. Sa madaling salita, isang ideyal na subheto ng kapitalismo. (*Ang Tagalabas* 93)

Yaman din lamang at nabanggit na ang kapitalismo, mainam nang tumuon sa mga pagtatasa sa prostitusyon at seksuwal na paggawa.

Tungo sa Legalisasyon

Si Walter Block ay makakanan at matatawag na pundamentalista ng malayang merkado. Para sa kaniya, ang relasyon ng bumibili at binibili sa institusyon ng prostitusyon ay para lang ding palitan ng nagbebenta ng

gatas at nagbebenta ng tinapay. Parehong nasiyahan ang dalawang panig sa kanilang malayang kalakalan (, 3). Mainam na ikompara ang relasyong ito sa kaso ng gobyerno at ng mga mamamayan pagdating sa pagbubuwis. Para kay Block, hindi mahalaga kung ang isang gobyerno ay gumagawa ng mga pampublikong proyekto. Sapilitan kasi ang pagkuha ng gobyerno ng pera ng mga mamamayan, may karahasang nakapangako sakaling di ka magbayad ng buwis (xiv). Hindi malaya ang kalakalan sa pagitan ng gobyerno at ng mga mamamayan. Paano pa kaya sa Pilipinas, na hindi man lang sa mga pampublikong proyekto napupunta ang ninanakaw sa ating buwis, bagkus ay ginagamit pa nga ito para manakot, manupil, at pumatay ng mga Pilipino?

Nakakabigla ang librong *Defending the Undefendable* ni Block, dahil hindi lang ang seksuwal na manggagawa (na ididiskas ko sa ibaba) ang kaniyang ipinagtatanggol, kundi pati ang bugaw. Ayon kay Block, bagaman merong marahas at mapanupil na bugaw, ang kalikasan ng trabaho ng pambubugaw ay hindi marahas at mapanupil. Ang bugaw ay isang broker, parang real estate broker o broker sa stocks, ibig sabihin ay namamagitan sa pagitan ng isang bumibili at nagbebenta para sa mas madulas na transaksyon (10–11). Siyempre pa, hindi sinasabi ni Block na okey lang ang sex trafficking at iba pang aktibidad na may elemento ng pamimilit. Pero kailangang amining may malinaw na pagkakaiba ang marahas na bugaw at lehitimong bugaw. Ang nakapagtataka kung gayon ay bakit natin ayaw na ayaw sa bugaw, na nag-aalok ng serbisyo nang walang pananakot at dahas, at humaling na humaling tayo sa gobyerno, na pinagsisilbihan natin dahil sa takot sa dahas.

Ngayon ay pumunta na tayo sa seksuwal na manggagawa. Ang termino ay hindi kay Block, “prostitute” ang kaniyang gamit. Pero mas mainam na ngang gamitin ang seksuwal na manggagawa kaysa puta o prostitute, alinsunod na rin sa politikal na pilosopiya ni Block (ang libertaryanismo). Siyempre ulit, hindi ipinagdiriwang ni Block ang mga seksuwal na manggagawa na kinidnap o blinackmail at sapilitang ipinasok sa propesyon. Ang inaatake niya ay ang ideya na may pagkakaiba ang serbisyong inilalako ng mga seksuwal na manggagawa, kompara sa ibang propesyon. Ito ang unang argumento ni Block, na trabaho lang ang seksuwal na paggawa, walang pinagkaiba sa pagdodoktor o pagkakarpintero. May mga panganib din ito tulad ng ibang

trabaho, at may mga partikular na benepisyo. Isipin na lamang ang mga domestic helper na Pilipino. Maraming sa kanila ang dinadahas, kinukulang sa bahay at itinatago ang pasaporte. Pero ang pandarahas at pangungulong ang krimen, hindi ang trabaho mismo ng pagiging kasambahay.

May isa pang argumento ni Block. Dagdag sa pagsabing ang seksuwal na paggawa ang katulad din ng ibang trabaho, iginiit niya na hindi lang ang ibang trabaho, pero lahat ng uri ng kalakal ay katulad din ng seksuwal na paggawa. Isa sa mga halimbawa niya ay ang romansa. May hibo ang argumentong ito ng argumento ng malayo sa politika ni Block, ang bantog na anarkistang si Emma Goldman. Maaari nating sabihing para kay Block, lahat ng relasyong pangtao ay kalakal o palitan, at ang mahalaga ay kung malaya ito o sapilitan. Kaya niya nasasabing bayani ang isang seksuwal na manggagawa. Aniya: “prostitution should be viewed as just one kind of interaction in which all human beings participate” (7).

Ano ang nangyayari kapag hindi naganap ang ganitong pagkilala sa seksuwal na paggawa? Samantalang sa popular na imahinasyon ay dinadahas ang seksuwal na manggagawa ng kaniyang kustomer (subhetibong karahasan man, e.g., pananapak, o obhetibong karahasan, i.e. patriarkiya), punta ni Block at ng feminista at seksuwal na manggagawa ding si Melissa Grant, ang karahasan ay nagmumula sa mga di-umano’y nagtatanggol sa puri o buhay ng mga seksuwal na manggagawa, at gayundin mula sa mga nagpapatupad ng batas (5–7). Dahil sa kriminalisasyon ng seksuwal na paggawa, nagkakaroon ng palala at palalang epekto sa lipunan ng kanluran. Halimbawa ni Grant ang isyu ng paggamit ng condom. Aniya, sa New York:

the practice of using condoms as evidence of prostitution is so routine that the supporting depositions filed out by cops upon arrest have a standard field available to record the number of condoms seized from suspected sex workers. This is the tragedy of enforcement: A system that is supposed to use surveillance by law enforcement as a tool for combating violence against women . . . produces violence against other, less defensible women. Sex workers refuse condoms from outreach workers, and from each other, as a way to stay safe from arrest. (33)

Bagaman makakaliwa, katulad ni Block, inihahalintulad din ni Grant ang seksuwal na paggawa ibang uri ng paggawa/trabaho. Halimbawa, tungkol sa mga hinaing ng mga seksuwal na manggagawa: “These complaints are common to all works and shouldn’t be exceptional when they are made about sex work. As labor journalist Sarah Jaffe said of the struggles at her former job as a waitress, No one ever wanted to save me from the restaurant industry” (39).

Para kay Grant, walang iisang industriya ng seksuwal na paggawa (48, 53). Imbes, may iba’t ibang uri ng paggawa na maaaring isailalim sa kategorya. Halimbawa rito ang pornograpiya at pag-eeskort, gayundin ang mga tinatawag na “webcam model.” Tagapagtaguyod si Grant ng legalisasyon ng seksuwal na paggawa dahil para sa kaniya, kapag legal ito, mas maraming magagawa ang mga seksuwal na manggagawa para sa kanilang sarili. Tinututulan niya ang mga argumento para sa legalisasyon na ang pokus ay pagbubuwis, gayundin ang mas maigting pang pamumulis (131–32).

Ang pamumulis na ito ay hindi lamang sa mga pulis o gobyerno nanggagaling. Sa karanasan ni Carol Leigh, ang nagpasikat sa terminong “seksuwal na panggawa,” at isa sa mga impluwensiya ni Grant, kahit ang mga feminista sa Estados Unidos ay nagsagawa din ng pagmamatyag at simbolikal na pandarahas laban sa mga seksuwal na manggagawa. Komento nga ni Grant tungkol sa isang martsa laban sa seksuwal na paggagawa na isinalaysay ni Leigh:

A march like this could only be construed as a feminist activity if they believed that the people they targeted had in some way directed or requested such a protest. They would have to conclude that these marches were somehow distinguishable, to those workers, from the vice raids that targeted the same businesses—their workplaces—that the marchers were protesting against. Or the marchers would have to tell themselves that they simply knew—better than the sex workers—what was in their best interests. (17)

Tinutuligsa din ni Grant ang pagbabalangkas ng “paglaban” sa seksuwal na paggawa bilang “pagligtas” sa mga seksuwal na manggagawa. Hindi ekstraordinaryo kay Grant ang seksuwal na paggawa; ito ay paggawa. Kaya

nga daw, sa mga kumperensiya tungkol sa seskwal na paggawa, isa sa mga dapat maging paksa ay, ano-ano ang mga salik kung bakit *hindi* nagbebenta ng seks ang mga babae (36). Nakakagulat ang tanong na ito, dahil tinatanggap nito bilang pang-araw- araw at normal ang pagbebenta ng seks, at ang hindi pagbebenta nito ang akademikong kuryosidad.

Itong politika nina Block at Grant, bagaman mula sa magkaibang pagdadalumat, ay matatawag nating demoralisasyon ng usapin ng seksuwal na paggawa. Ang demoralisasyon ay walang kinalaman sa pagiging “demoralized,” ang tinutukoy ko dito’y ang paghiwalay ng isyu ng masama at mabuti sa seksuwal na paggawa. Inaabandona ang isyu ng moralidad at sinasapo ang seksuwalidad bilang larangang may sariling standard. May internal nang panukat, lampas na tayo sa masama at buktot. Ang demoralisasyon ng seksuwalidad at ang usapin ng seksuwal na paggawa ay puwede rin nating tawaging pormalisasyon nito. Tulad lang din sa panitikan, ang pormal na pagtasa sa seksuwal na paggawa ang tanging matatawag na politikal na pagturing dito. Maaari na natin ngayong tunghayan ang maksimalisasyon ng seksuwalidad (seksmaks) sa mga maikling kuwento ni Chuckberry Pascual.

Seksmaks

Ano ang ibig sabihin kapag sinabing seksuwal ang lahat ng bagay sa mundo? Ano ang implikasyon ng pagiging maksimalista sa seksuwalidad? Kung seks lahat, lahat ay pantay- pantay. Walang pinagkaiba sa lebel ng kairalan o eksistensiya ang aso at ang tao, ang cisgender at transgender, ang babae at lalaki. Gumuguho ang mga saray ng moralidad sapagkat sa moralidad, merong mabuti (ako/tayo), at merong buktot (hindi ako/hindi tayo). Nawawala ang ipinagpapalagay na kabuktutan ng pagbebenta ng seks, gayundin, isa pang halimbawa, ang paggamit ng droga. Pero hindi ibig sabihin na lahat ay seks ay wala nang mabuti at masama, wala nang standards. Bagkus, nagiging mas mahirap lang ang paghatol at paghusga kung sino ang mabuti at buktot habang ginagamit ang balangkas ng ako/tayo laban sa hindi ako/hindi tayo. Wala na nga kasing seks/hindi seks, kung lahat ay seks.

Para maging mas malinaw ang mga abstraktong konseptong ito, tunghayan natin ang mga maikling kuwento ni Pascual. Una nating idiskas ang “Boylet,” mula sa koleksiyon na *Kumpisal*. Lunan ng kuwento ang motel, ang bida ay ang baklang si Gabriel, na may karelasyong straight, diumano, na si Alejandro, ang boylet ng pamagat. May girlfriend si Alejandro, pero nagseseks sila ni Gabriel. Alam ni Gabriel na straight si Alejandro, pero umaasa pa rin siyang mahalín siya nito. Lihim ang kanilang relasyon, at nag-aabot ng allowance si Gabriel. Dapat ay straightforward ang kanilang ugnayan. Gusto ni Gabriel ng seks, at gusto ni Alejandro ng pera. Pero hindi lang seks ang gusto ni Gabriel, kundi pagmamahal. At hindi lang pera ang gusto ni Alejandro, kung discretion, pag-unawa, pagka-wary, o puwede ring takot, paglalambing. Isang beses nagtampo si Alejandro. Pagkatapos ng ilang araw, nakipagkita si Gabriel para bigyan ito ng “dalawang bagong graphic novels bilang peace offering” (116). Kasama naman ng pagpapatawad ni Alejandro ang “mahigpit na yakap.”

Minsan naman ay nag-aya si Gabriel: “Kahit naman kape lang, ayos na sa akin. Hindi naman kinakailangan na lagi tayong nag-aanuhan.” Sagot ni Alejandro: “Mahirap na. Nag-iingat lang ako” (Pascual, *Kumpisal* 114). Laging may nagmamasad at nagmamatyag. Sa kuwarto, nagsisilbing ahente ng homophobic na panopticon ang salamin.

Maraming pinagmumunihan si Gabriel sa aktuwal na panahong nasa motel silang dalawa. Nang gamitin ni Alejandro ang salitang “boylet” para tukuyin ang sarili, nagitla si Gabriel. Para sa kaniya, ito ay “halos pagpapahayag ni Alejandro na si Gabriel na ang *nagmamay-ari sa kaniya*” (113). Ang pangalan ay instrumento ng dominasyon. Sa araw ding ito natuklasan ng girlfriend ni Alejandro na si Cynth ang relasyon nito kay Gabriel. Hindi ito nang-away, pero nagset ng parameters: “Basta huwag lang daw siyang babastusin ni Gabriel, walang kaso kay Cynth” (119). Sa unang tingin, personalistiko ang kuwento. Pribadong isyu ang namamagitan kina Gabriel; panitikan ito ng indibidwalismo. Pero sa balangkas ng seksmaks, ang usaping seks ng indibidwal ay panlipunan din. Bagaman mistulang komplikado ang palitan nina Gabriel at Alejandro (mas kumplikado sa simpleng pera para sa seks), ang totoo, masalimuot lang ito pero hindi magulo. May gusto si Gabriel (seks,

pagmamahal, kasiyahan mula sa pagiging “kabit”), at may gusto si Alejandro (allowance, “paggalang”). Dito na kailangang ilantad na ang seksmaks ay hindi naman tungkol sa seks, o sa sentralidad ng seksuwalidad sa pag-iral ng sangkatauhan, kundi sa pangkalahatang katangian ng pag-iral nga bilang kalakal. Ang seksuwal na paggawa ay importanteng imahen sa diskursong ito dahil ito ay maituturing na purong ekspresyon ng kalakal, at, kasabay nito, ang pinakatinutuligsang ekspresyon ng kalakal, dahil ito ay kalakal.

Kailangang bigyang-diin na ang kalakal sa balangkas ng seksmaks ay malayang palitan, at kung may sistemang maggagarantiya nito, iyon ay ang malayang merkado. Ang karahasan at pamimilit, eksemplaryo dito ang pagbubuwis ng estado, ay nagagawang tuligsain ng seksmaks kasabay ng pagdiwang sa seksuwal na paggawa bilang kalakal, dahil ang batayan ng seksmaks at ng malayang merkado ay ang malayang palitan nang walang pamimilit at karahasan. Samantalang marami ang tumutuligsa sa pekeng kalayaan ng merkado dahil Coke man o Sprite, o di kaya’y Jollibee man o Mang Inasal, ang bilhin mo, iisa lang sa mga dambuhalang multinasyonal na kompanya ang yayaman.

Sa kasalukuyang estado ng Pilipinas, kapag hindi ka nagbayad ng buwis, ikukulong ka. Hindi malayo ang usaping ito sa mundo ng piksiyon ni Pascual. Tunghayan natin ang isa pa niyang kuwento, ang “Labing Walong Taong Gulang,” kung saan sentral din ang kalayaan at pagbabayad.

Samantalang sa “Boylet” ay salamin ang nagmamatyag kay Gabriel, ang Gabriel ng kuwentong ito ay pinupulis ng isang pusa, “Kahit nasa kabilang gilid ng court ang mga pasong sinisiksikan ng pusang nahahawig sa tigre ang kulay, naramdaman niya ang titig nito” (45). Ang Gabriel ng kuwentong ito ay guro sa high school, at may labing walong taong gulang siyang estadyanteng nagngangalang Donny. May kahinaan sa pag-aaral, inaruga at tinutor ni Gabriel ang binata. Dahil dito ay bumuti ang performance nito sa eskwela. Nang minsang mapuri sa klase sa paraang di-kagalang-galang, “parang isang kolehiyalang nanggagad ng isang guro” (47), naging tampulan ng pang-aasar si Gabriel ng kaniyang mga estudyante, gayundin ang mga kapuwa guro, at pati na ang security guard ng kanilang paaralan.

Matagal nang tinanggap ni Gabriel ang kawalan ng romansa sa kaniyang buhay, binuhos na lang niya lahat ng emosyon sa pagtuturo. Sanay na sa pakikipagtalik sa mga seksuwal na manggagawa (52–53), pinukaw ni Donny ang kaniyang nahihimbing nang puso. Nang kumalat ang tsismis ng pagkakalat ni Gabriel, bilang seksuwal na paggagawa binalangkas ng kaniyang mga kapuwa guro ang kanilang ugnayan ng estudyante: “Ang maganda kamong pag-isipan ay kung magkano ang bayaran, hindi ba?/Maaaring pera o di naman kaya’y mga numerong mas mataas kaysa palakol” (48). Galit si Gabriel sa sarili dahil sa nangyari dahil may mga metapisikal/moral siyang idea tungkol sa kalinisan at respeto sa sarili. Sa araw na sinabayan siya ng uwi ni Donny, pagkatapos ng insidente, tinanong siya nito, “Ser, gusto mo ba?” (51). Nang tanungin naman ni Gabriel kung magkano, nagalit si Donny. Nagkamali pala siya ng pagbasa sa binata. Akala niya ay maniningil pa ito, at siya ang magbabayad (ng pera). Iyon pala, ito na ang nag-aalok ng bayad (seks), kapalit ng pag-tutor at pakikipagkaiban ni Gabriel.

Sa dalawang kuwento, mas matanda ang baklang tauhan (Gabriel/Gabriel) kompara sa kaugnay (Alejandro/Donny). Sa unang tingin, iisiping mapagsamantala ang relasyong inilalarawan ni Pascual, dahil nga naman may kapangyarihan ang posisyon ng gurong si Gabriel, at may kapangyarihan din kahit papaano ang mas matandang sina Gabriel at Gabriel. Gayudina, pareho silang may pera. Dito’y dapat pansinin ang pagbibigay-diin ni Pascual sa edad ni Donny. Parehong ito at si Alejandro ay malayang pumapasok sa kalakaran kasama si Gabriel. Bilang labingwalong taong gulang, si Donny ay nasa edad na para bumoto at uminom. Binigyang-diin si Pascual ang edad niya para bigyang-diin ang kawalan ng pananakot, pamimilit, at kahit obhetibong karahasan sa ugnayan nila ni Gabriel.

Maiisip na mayroong kontradiksiyon sa inilarawang politikang nakatungtong sa pormalismo, at itong paglalarawan sa mundo bilang mundo ng seks. Pero wala ritong kontradiksiyon, wala man lang ngayong paradoks. Ang politikang nakatungtong sa pormalismo’y nagtatanong, “Ano ang mga pormal na katangian nitong pinag-uusapan/pinag-aaralan?” Samantala, kung iaangkla ang analisis ng kultura at lipunan sa balangkas ng seksmags, laging puwedeng itanong, “Ano ba ay seks o pananamantala?” May *pormal*

na pagkakaiba ang seks at pananamantala, at ang pormal na pagkakaiba nito ang esensiyal sa kanila, i.e. ang presensiya ng dahas at pamimilit sa pananamantala.

Para patingkarin pa ang pagkakaiba ng dalawa, tutuon naman tayo ngayon sa dalawang maikling kuwento ni Pascual na hindi kasama sa *Kumpisal* o *Ang Nawawala*.

Dalawang Kuwento

Ang “Ritwal” ni Pascual ay lumabas sa isyu ng *Ani*, ang Philippine Literary Yearbook ng Cultural Center of the Philippines (2008). Ang bidang si Noel ay bahagi ng extended na pamilyang pamilyar sa mga Pilipino. Ang ritwal sa pamagat ay tumutukoy sa gabi-gabi nilang pag-upo sa harap ng telebisyon pagkatapos maghapunan. Akala mo’y 2019 ang inilalarawan ni Pascual: “Walang bago sa balita: nagpaparunggitang mga politiko; mga nag-iiyakang biktima at kapamilya ng biktima ng pare-parehong krimen—panghoholdap, panggagahasa, pagpatay; samu’t saring demonstrasyon para pababain ang presidente; pag-aaway ng mga hindi sikat na artista” (78). Kasama ang kanilang kasambahay na si Noel, may hiwalay na ritwal si Jericho. Kasintahan niya si Noel. Tagaprobinsiya ito, at sa paglalarawan ni Jericho sa kasintahan mababanaag ang seksmaks ni Pascual. Kay Pascual, pati pagsasalita ay seksuwal:

Nangiti ako sa pagbigkas niya sa huling salita [antuk]. Ilang taon na rin siyang naninirahan sa Maynila, pero hindi pa rin lubos na maalis ang probinsiya sa dila, nababakas pa rin ito sa ilang salita: isa sa mga katangiang nagustuhan ko sa kanya. May kakatwa akong hilig sa mga lalaking may punto. Malakas ang dating nila sa akin. Para bang ibinabalik ako ng mala-dayuhan nilang mga dila sa danas ng lantay na uri ng libog at pagmamahal. Sa bawat pagtatalik namin, mabilis kong nararating ang matinding orgasmo dahil sa pahingal at paulit-ulit na bigkas ni Noel sa ngalan ko: Jeriku, Jeriku” (78–79).

Pagkatapos ng ritwal ng pamilya sa harap ng telebisyon, malalaman ni Jericho na alam pala ng kaniyang bunsong kapatid ang pagtatalik nila ni Noel. Isusumbong siya nito sa kaniyang mga magulang, na matindi na nga ang homophobia ay matapobre pa. Sa kaniyang kuwerto, sa kalagitnaan ng

pagtatalik nila ni Noel, malungkot na malungkot, nagdasal si Jericho, naalala ang kakapanood lang na dokumentaryo tungkol sa mga baklang binisita ng Diyos para sabihang walang masama sa pagiging bakla. Sinagot naman ang kaniyang dasal ng isang himala.

Sa mundo ni Pascual, lahat ng bagay ay seks, pwera sa seks, na kalakal. Hindi na kailangang sabihing malayang kalakal, dahil wala namang kalakal na hindi malaya. Sa maikling kuwentong “Mananayaw,” independyenteng nalathala sa antolohiyang *Kuliti* (2007), inilarawan ni Pascual nang buong-buo ang marahas na kondisyon ng isang binatilyong biktima ng incest. Dalawang bagay ang kailangang bigyang-diin sa kuwentong ito. Una, sa utak ng biktimang si Boyet, tama ang pananamantala sa kaniya ng kaniyang ama. “Limang taon na ang nakalipas at natanggap na rin niya: bilang nag-iisang anak, siya ang itinakdang humalili sa papel na iniwan ng nasirang ina. Hindi ba ganoon naman ang tungkulin ng anak: tulungan ang magulang sa panahon ng pangungulila at pagdurusa?” (19). Pangalawa, hindi lang sa seksuwal na paraan pinagsasamantalahan si Boyet ng kaniyang ama, ninanakawan din siya nito ng perang kita niya sa pagiging kasambahay, inaagaw ang yamang mula sa kaniyang lakas-paggawa. Pagkatapos madagukan, “naniningil” ang ama ni Boyet. Nangako siyang bibili ng ulam para sa hapunan. Dagdag pa: “Habang hinihimas ang ulo, dumukot sa bulsa si Boyet. Mamasa-masa pa ang singkuwenta pesos na iniabot niya sa ama” (18). Tulad nga ng natutunan natin mula sa mga feminista, hindi maihihiwalay ang eksploytasyon ng lakas-paggawa at seks.

Kongklusyon

Kung ang lahat ng bagay ay seks, ang panitikan at ang moralidad din ay seks, gayundin ang moral na kritisismo. Sa pagtuon sa mga pormal na aspekto sa panitikan, kailangan talaga ng inobasyon. Kailangang may bago, magitla ang mambabasa, tulad lang din ng kapareha sa pagtatalik. Kundi magiging nakakabagot. Walang may gusto sa seks at kuwentong nakakabato. Paano naman sa kritisismo? Sa isang banda, di yata’t nakakaumay ang kritisismong nagsisimula sa “dapat . . .” Ang bawat “dapat” ay sikretong “huwag.” Pero maiiwasan ba ang dapat, maiiwasan ba ang huwag? Ang dapat sa kritisismo,

nakapang-aakit; huwag maging boring. Imbes na subukang iwasan ang moralidad (at mabigo), gawin na lang natin itong mas seksi— mas maalindog at kahali-halina. Sa pormal na eksperimentasyon, sa palagiang paghahanap ng paradoksikal, kundi man diyalektikal, na posisyon at proposisyon. Ang moralidad na hinahanap ko ay wala nang kinalaman sa mabuti at buktot. Ang tangi nitong sukatan ay seksi at hindi seksi. Ang seksi ay iyong malaya, at mapagpalaya. Ang hindi seksi ay iyong namimilit at nangdarahas. Pagbabanyuhay ito ng moralidad: ang lumang moralidad ay prostitusyon; ang bagong moralidad ay seksuwal na paggawa. Mulang mabuti at buktot, napunta tayo sa mabuti at pangit. Maganda, magandang-maganda, ang mga maikling kuwento ni Chuckberry Pascual.

Sanggunian

- Block, Walter. *Defending the Undefendable*. Mises Institute, 2018. Goldman, Emma. *Anarchism and Other Essays*. Project Gutenberg, 2009, www.gutenberg.org/files/2162/2162-h/2162-h.htm. Binuksan 9 Ago. 2019.
- Grant, Melissa. *Playing the Whore*. Verso, 2014.
- Pascual, Chuckberry. *Kumpisal*. U of Santo Tomas, 2015.
- . *Ang Nawawala*. VisPrint, 2017.
- . “Ritwal.” *Ani*, tomo 34, 2008, pp. 76–84.
- . *Ang Tagalabas sa Panitikan*. U of Santo Tomas, 2018. Pascual, Chuckberry, et al. *Kuliti*. Kuliti, (2007).

TUNGO SA LIBRENG MOTOR

Sa papel na ito, tatalakayin ko ang tatlong rekomendadong reporma para sa pagpapabuti ng kondisyon ng mga tao sa ilalim ng kapitalismo. Ang tatlong ito ay (1) sosyalismong may merkado, (2) garantisadong batayang kita, at (3) stakeholder grant. Layunin ng tatlong reporma ang magluwal ng isang lipunan na napapanatili ang mga mabuting aspekto ng kapitalismo samantalang iniinagang ang mga mapaminsalang katangian nito. Maaaring tawaging sosyalismopikasyon ang prosesong ito. Inaasahang maging kontribusyon ang papel sa agham panlipunan, politikal na pilosopiya, at pag-aaral ng ekonomiya. Sa huling seksiyon, magbibigay ang awtor ng dalawang proposal para sa repormang maaaring ipatupad sa Pilipinas.

Ano ang gusto ng mga sosyalista? Ang pinakabinibigyang-diin ni John Roemer, Norteamerikanong pilosopo at proponent ng “sosyalismong may merkado” sa kaniyang “A Future for Socialism,” ay ang pagkakapantay-pantay sa oportunidad (10–11). Sa kasalukuyan, may bentahe ang mga mayaman at anak-mayaman sa mga mahirap at anak-mahirap. May pormal man silang pagkakapantay-pantay sa ilalim ng demokrasya, wala naman silang aktuwal na pagkakapantay-pantay dahil, halimbawa, may akses ang mga mayaman sa medisina, edukasyon. Kaya rin nilang pumusta sa mga proyektong may malaking tsansang magtagumpay, dahil mabigo man ito, hindi pa rin mawawala sa kanila ang lahat. Para kay Roemer, kailangang maging pantay ang pagkakataong mayroon ang isang tao, mayaman man o mahirap.

Dahil ang kaniyang empasis ay *oportunidad*, ayaw pa rin, at ayaw din, ni Roemer sa mga tamad (“A Future” 11). Hindi siya naniniwalang dapat mamigay ng pagkain, kotse, at bahay. Kinakisan ito ng ibang teorista ng sosyalismong may merkado. Halimbawa, sabi ni Richard Arneson, hindi puwedeng pondohan ang mga iresponsable at ang kanilang mga iresponsableng proyekto (221). Ito ang isyu ng mga freeloader, o iyong mga nakikisakay lang sa yamang nililikha ng mga masipag samantalang nagpapalaki lang sila ng bayag. Tanong nga ni David Schweicart, ano ang masama kung may presyo ang mga bahay, kung lahat naman puwedeng makabili ng disenteng bahay (“Response” 173–74)?

Imbes, sasabihin ni Roemer, ang gusto niya ay lahat, may tunay na *pagkakataon* para sa disentang pamumuhay. Ito ay magmumula kapag tumaas ang income ng lahat. Pero hindi puwedeng hindi episyente ang estruktura ng ekonomiya, bago bumagsak ito. Naniniwala si Roemer na maaaring itaas ang income ng mga manggagawa nang walang nawawala sa pagkaepisyente ng mga negosyo at kompanya. Kapag tumaas ang income ng mga mahirap, nagkakaroon sila ng mas maraming oportunidad (“A Future” 12). Ang tanong, paano papataasin ang kanilang income?

Hindi naniniwala si Roemer sa sentralisadong pagpapalano, na kailangan ito para sa sosyalismo. Ang tinutukoy niya rito’y ang kaayusang namayani noon sa namatay nang Unyong Sobyet at sa ilang bansa sa Silangang Europa. Aniya, “The failure of Soviet-type economies was due to the conjunction of three of their characteristics: (1) the allocation of most goods an administrative apparatus under which producers were not forced to compete with each other; (2) direct control of firms by political units; and (3) non-competitive, non-democratic politics” (“A Future” 14). Nasabi na ngang laban pa rin sa katamaran ang kaayusang gusto ni Roemer. Ito ay nasa puso ng kaniyang pagkahumaling sa pagiging episyente. Dahil nga raw mahirap masisante ang manggagawa sa sentralisadong pagpapalano, wala siyang insentibo para magtrabaho nang matindi (15; ikompara sa Schweickat, “Market Socialism” 13). Kapag kontrolado ng estado ang mga firm, nagpapatuoy ang mga hindi episyenteng praktika (Roemer, “A Future” 30). Sinuportahan kasi ng estado ang mga firm at kompanyang dapat ay nabangkarote na (15). Ayon kay David Schweickart sa kaniyang “Market Socialism: A Defense,” wala ring insentibo ang nagpapalano na magsara ng mga hindi episyenteng kompanya dahil tataas ang bilang ng mga walang trabaho, o di kaya’y kailangang maghanap ng trabaho para sa kanila (13).

Wala ring motibasyon para sa inobasyon ang mga kompanya. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, produktibo ang mga ekonomiyang sentralisado ang pagpapalano dahil nasa proseso sila ng muling pagtayo at pagbuo. Pero pagdating ng 1980s, kinailangan nila ng inobasyon sa teknolohiya, at iyon ang hindi nila nagawa (Roemer, “A Future” 17). Muli, walang insentibo ang isang manggagawang magtrabaho nang matindi, kasi

wala rin naman siyang mabibili (15). Ito rin ang lumabas sa pagsusuri ni Schweickart, dagdag pa rito ang tinawag niya problema sa impormasyon, problema ng entrepreneur, tendensiyang maging awtoritaryan (“Market Socialism” 11–12). Ang problema sa impormasyon, sa madaling sabi, ay kung paano malalaman ng mga pabrika at kompanya kung gusto ng mga tao ang isang produkto kung hindi ito ipagbibili. Alam natin na kailangan ng tao ng pagkain, pero ang skateboard? Kung sapat na ang telepono, sino ang mag-aabala pang imbentuhin ang cellphone? Konektado ito sa problema ng entrepreneur. Saan niya ibebenta ang kaniyang bagong imbento kung wala namang nagkokompetisyong mga kompanya na naghahanap ng susunod na pinakabilhing produkto? Walang sumusugal kasi mas ligtas maging konserbatibo (14).

Pinakamapanganib sa lahat ng tendensiya ng sentralisadong pagpapalano na magpatibay ng awtoritaryang pamahalaan. Kapag nasa kamay ng iisang partido ang kapangyarihan, mapanganib ito para sa bayan. Kaya nga si Roemer, tanggap na minsan, maaaring magwagi ang isang burgis na partido sa isang sosyalistang lipunan (“A Future” 32–33). Ito ang kondisyon para sa demokrasya.

Kaya hindi siya naniniwalang kailangan ang pagmamay-ari ng publiko sa mga kompanya (Roemer, “A Future” 12). Kung makakamit din naman ang pagkakapantay-pantay ng oportunidad, wala nang may pakialam kung publiko o pribado ang pagmamay-ari.

Sumususog si Roemer sa paniniwalang kailangan ay maka-Pareto ang pagkaepisyente ng estruktura ng lipunan at ekonomiya, ibig sabihin, walang ibang pagkakasaayos ang mas makabubuti pa sa ipinagtatanggol na kaayusan (8). Hindi putok sa buho ang merkado, at kailangan nito ng iba’t ibang institusyon para gumana (9). Hinuha ni Roemer, magagamit din sa sosyalismo ang merkado, na makokontrol gamit ang mga institusyon. Sabi naman ni Schweickart, marami namang pagpapalano sa kapitalismo. Bakit hindi puwedeng magkamerkado sa sosyalismo (“Criticism of Ticktin” 126–27)?

Sa kasalukuyang yugto ng kapitalismo, halimbawa, hindi rin naman ang mga may-ari ng mga firm ang nagpapatakbo ng mga firm, kundi kanilang mga ahente (Roemer, “A Future” 10). Kung gayon, bakit hindi puwedeng

marami ang may-ari ng isang firm? Kunwari, ang mga mamamayan ng isang bayan. At sa proposal ni Roemer, ganito nga ang mangyayari.

Bagaman may espisipikong balangkas si Roemer para sa sosyalismong may merkado, mas malawak ang kaniyang pagpapakahulugan dito. Para sa kaniya, ito ay “any of a variety of economic arrangements in which most goods, including labor, are distributed through the price system and the profits of firms, perhaps managed by workers or not, are distributed quiet equally among the population” (“A Future” 13).

Mainam na ikompara ito sa depinisyon ni Schweickart:

A market socialist economy eliminates or greatly restricts private ownership of the means of production, substituting for private ownership some form of state or worker ownership. It retains the market as the mechanism for coordinating most of the economy, although there are usually restrictions placed on the market in excess of what is typical under capitalism. It may or may not replace wage labor with workplace democracy, wherein workers get, not a contracted wage, but specified shares of an enterprise’s net proceeds. (“Market Socialism” 10).

Magkakaroon tayo ng oportunidad na balikan ang mga ideya ni Schweicart sa baba. Pansamantala, kailangan lang bigyang-diin ang pagkakaiba nila ni Roemer sa lugar at panahon kung kailangang magkakaroon ng redistribusyon ng yaman. Kay Schweicart, sa kita ng kompanya na kontrolado ng mga manggagawa, kay Roemer sa dibidendo ng mga share ng kompanya kung saan nag-invest ang mga mamamayan gamit ang kanilang kupon. Ipapaliwanag ko ang sistema ng kupon ni Roemer pagkatapos ang diskusyon ng ilan pang pertinenteng punto.

Isa sa mga pinakaayaw ni Roemer sa kapitalismo ang hindi makontrol na “public bads” (kabaligtaran ng “public goods”). Halimbawa ng public bads ang polusyon at giyera. Sa kaso ng polusyon, kung hindi gagastos para sa mas malinis na waste disposal ang isang kompanya, mas malaki ang tubo nito. Paliwanag ni Roemer, “Individuals who stand to gain from them actively fight, through political activity, for high levels of these profit-inducing public bads” (“A Future” 19, tingnan din ang 22 at 27). Dito mas episyente ang sosyalismong may merkado sa kapitalismo dahil, pangako ni Roemer, “there

would exist no small, powerful class of individuals deriving large income from profits, hence no class would have such an interest in fighting for large levels of public bads” (19) sa kaayusan na kaniyang ipinapanukala. Ano nga ba itong gusto ni Roemer na sosyalismo? Sosyalismo itong may stock market pa rin. Simple lang naman:

Every adult citizen would receive from the state treasury an equal endowment of coupons, that can be used to purchase shares of mutual funds . . . Only mutual funds can purchase shares of public firms, using coupons . . . Citizens are free to sell their mutual-fund shares for coupons, and to reinvest the coupons in other mutual funds. Finally, firms may exchange coupons from the treasury with money . . . A share of a firm entitles the owning mutual fund to a share of the firm’s profits, and a share of a mutual fund entitles the owning citizen to a share of the mutual fund’s revenues. (“A Future” 20)

Halimbawa, si Maria ay nag-disiotso na. Bibigyan siya ng gobyerno ng kaniyang karampatang bahagi ng kupon, kunwari, sampung libong kupon. Gamit ang mga kupon na ito, maaari siyang bumili ng share ng mutual fund. Ang mutual fund ay pinagsama-samang pondo (sa ilalim ng kapitalismo ngayon mismo, ito ay pera) na ini-invest para bumili ng share sa mga kompanya. Ang pagkakaroon ng share o stock ng isang kompanya ay parang pagmamay-ari ng isang piraso nito. Sa ating halimbawa, nag-invest si Maria ng limanlibong kupon para bumili ng mutual fund (MF) na nag-iinvest sa mga hotel sa Pilipinas, tawagin natin itong MF A. Samantala, ang natirang limanlibo naman ay inilagak niya sa mutual fund na sa iba’t ibang uri ng kompanya nag- i-invest, kunwari ay 30% sa pagkain, 30% sa internet, at 40% sa real estate. Tawagin natin itong MF B. Pagkatapos ng isang taon, dahil pangit ang pagpapatakbo ng mga hotel, hindi masyadong malaki ang kinita ng MF A. Samantala, dahil sa iba’t ibang industriya may investment, kumita kahit papaano ang MF B. Ibebenta ni Maria ang shares niya para mabawi ang kaniyang mga kupon (4,500 na lang siguro dahil wala na ring gustong bumili masyado ng MF B), at inilagak niya ito sa iba pang uri ng mutual fund. Dahil dito, ang mga namamahala ng mutual fund, iiwasan na ring mag-invest sa mga hotel. Ang mga namamahala ng hotel, makikita ang pagbaba ng halaga ng kanilang share (dahil mas kaunting kupon na ang kailangang para bumili

nito) bilang senyales na may problema sa kanilang kompanya. Gayundin, mas kaunting kupon, mas kaunting pera ang mayroon sila para ipalit sa state treasury (sa gobyerno). Maaari silang umutang ng pera sa bangko, pero dahil susuriin din ng banko ang presyo ng kanilang share, magpapataw ito ng mas malaking kaparusahan sa kompanya ng hotel (halimbawa, mas malaki ang interes). Dalawa ang mangyayari sa isang kompanya ng mga hotel. Puwede itong magkaroon ng inobasyon, husayan ang kanilang serbisyo, at magpursigi pa para lalong maging kompetitibo sa merkado, o puwede itong mamatay. Naiiwasan ang mga public bad tulad ng polusyon dahil, kunwari may kompanya ng mina, walang bentahe ang mga mayaman (sa pera) sa mga mahirap (i.e., walang pera) dahil pantay-pantay lang ang pinagsimulan nila ng kupon. Sakali man na may super-galing na mag-invest na nagkamal ng maraming kupon, sa kaniyang kamatayan hindi niya ito maaaring ipamana; bagkus, sa sistema ni Roemer, babalik ito sa estado (20). Hindi rin puwedeng waldasin ang kupon sa alak o sigarilyo dahil hindi ito puwedeng direktang ipalit sa pera ng isang indibidwal (29). Puwede niyang sayangin ang kaniyang kitang pera mula sa dibidendo sa sigarilyo, pero problema na niya iyon. Kung wais si Maria, ii-invest niya ang kaniyang mga kupon sa mutual fund na wais din para magkaroon si Maria ng tuloy-tuloy na pinagmumulan ng pera, kahit hindi ito gaanong kalaki. Sa gayon, sakaling magkasakit siya o ang kaniyang mga mahal sa buhay, o di kaya’y magkaidea siya para sa negosyo o proyektong teknolohikal, meron siyang kukuhanan ng pondo. Samantala, naprepreserba ang mga pinakamahusay na katangian ng kapitalismo—inobasyon, bilis, promosyon ng masigasig na work ethic—at naiiwasan ang pinakamalalakang aspekto nito—militarisasyon, polusyon, pagsasamantala.

Hindi lang si Roemer ang nagsasabing kailangan ng merkado sa sosyalismo. Kahit iyong may mga kritisismo sa kaniya ay naniniwalang kailangan ng elemento ng merkado para sa mas mabuting lipunan (Folbre 57; Satz 71; Pullerman 1996, 141). Paliwanag naman ni Schweickart, hindi dapat malito at sabihing iisa lang ang merkado at kapitalismo (“Market Socialism” 10; ikompara sa Lawler, “Marx” 34).

Dagdag pa rito, naniniwala si Roemer na kailangan ang merkado dahil hindi siya naniniwalang sa konsepto ng “bagong sosyalistang tao,” o iyong

nagsisilbi para sa iba nang walang kailangang ibang insentibo o motibasyon (“A Future” 34, ikompara sa 14). Hindi maaaring baguhin ang kalikasan ng tao para kay Roemer, puwera na lang sa pamamagitan ng mga institusyon. Nagagamit ng sosyalismong may merkado o sosyalismong de-kupon ang kalikasan ng tao, kahit pa may negatibong konotasyon ito, tulad ng pagiging kompetitibo, para mapabuti ang kondisyon ng karamihan. At ito, para sa kaniya, ang gusto ng mga sosyalista talaga. Maraming hindi sang-ayon kay Roemer sa pananaw na ito. Halimbawa, si William Simon, ang gusto ay magtayo muna ng mga institusyon na magbabago sa pagnanasa ng mga tao imbes na makipagkompromiso sa pagnanasang-meron-tayo (51).

Para naman kay Nancy Folbre, makauri masyado ang pagsusuri ni Roemer sa kapitalismo (57), na para bang maaayos na lahat ng problema basta may sapat na pera na ang lahat. Para sa kaniya, ang kailangan ay mabuting trabaho, hindi lang malaking suweldo (61). Ito rin ang paniniwala ni Debra Satz, hindi lang pera kundi dignidad ang kailangan (73, ikompara sa Brighouse 201). Dagdag pa niya, hindi porke malaki ang suweldo ay makatarungan na ang trabaho (Satz 84). Para kay Mieke Meurs, kailangan ng sosyalismo ng bagong kultura, kultura ng kooperasyon (iba sa dating kultura ng kompetisyon) (110; ikompara sa Cohen at Rogers 101; Brighouse 193). Sabi naman ni James Lawler, kailangang kumilos tayo batay sa kung ano ang mga tao ngayon, habang sinusubukang baguhin ang kanilang kamalayan para bukas (“Criticism of Ollman” 143).

Mula Marxismo Tungong Sosyalismo

Puwedeng itanong, ang sosyalistang may merkado ba ay may basehan sa Marxismo? Oo, kung ang tatanungin ay si James Lawler. Sa kaniyang pagbasa ng “Principles of Communism” ni Friedrich Engels, *Critique of the Gotha Program* ni Karl Marx, at ng *Manifesto ng Partido Komunista* nina Marx at Engels, nasabi niyang kung Marxismo ang tatanungin, hindi agarang aagawin ang pag-aari ng mga burgis (“Marx” 30). Imbes, magkakaroon ng progresibong sistema ng pagbubuwis. Nakikipagkompetensiya pa rin ang mga kompanyang pag-aari ng estado sa mga pribado ang pag-aari. Imbes, kompetisyon lamang ng mga manggagawa sa isa’t isa, at hindi lahat ng uri ng kompetisyon, ang

mawawala (31; ikompara sa Schweickart, “Market Socialism” 18). Ayon kay Lawler, hindi “nihilistikong sosyalismo” ang Marxismo (“Marx” 34), kontra sa buktot na kapitalismo, para bang bida at kontrabida sa isang telenobela. Imbes, ito ay diyalektikal. Tulad lang din ng paggamit ng kapitalismo sa mga institusyong pyudal, gagamit din ang komunismo ng mga institusyong kapitalistang hanggang kaya na itong palitan ng mga institusyong komunista (48). Hindi rin niya minamasama ang mga reporma sa kapitalismo. Kasama na sa mga inilista niyang nakabuting reporma ang Factory Acts (nagpaikli ng oras ng paggawa), antitrust laws (laban sa mga monopolyo), welfare state (na tumutulong sa mga nawalan ng trabaho na tumawid habang naghahanap ng ibang hanapbuhay) (35). Ang paggamit sa merkado para sa mga sosyalistang layunin ay maaaring sabihing pinakamainam na reporma sa kapitalismo. Puwede ring sabihing ito na nga ang panloob na rebolusyong kailangan para umigpaw mula kapitalismo tungong sosyalismo.

Binabanggit ang Marxismo rito para ipaalala ang isang importanteng punto: na nauuna ang pangangarap sa sosyalismo bago ang katapatan sa Marxismo. Ibig sabihin, kahit na taliwas ang isang konsepto sa mga sinulat nina Marx at Engels, hindi ibig sabihin ay wala nang silbi ito. Ang sosyalismo ay iyong moda ng produksiyon na napapanatili ang mga pinakamagandang katangian ng kapitalismo habang iniinwan iyong mga pinakamalalang aspekto nito. Ang kinakailangan ay sosyalismo ng puso at pragmatismo ng loob: sa madaling sabi, na hindi kailangang kumapit sa mga ideya at balangkas na nakasanayan na kung merong mas epektibong alternatibong lumabas. Gayundin, babala ito sa mga iniisip pilitin ang kanilang mga proyekto nang walang kaukulang pag-aaral at pag-iingat. Hindi maaaring pag-eksperimentuhan ang lipunan, ang buhay ng mga tao at bayan, para sa isang bisyon na walang kasiguraduhan. Tunay ngang karumaldumal ang dominasyon ng kapital sa ating pang-araw-araw na buhay, at hindi ikinakaila ang pagsasamantala sa mga manggagawa, at ang proletaryanisasyon ng sangkatauhan. Hindi rin maitatatwa ang karahasan ng estado na nagsisilbing papet ng naghaharing uri, tagapagpatupad ng mga polisiyang ang kakaunti lamang ang nagbebenepisyo. Dito’y mainam na tandaan ang aral ng maikling kuwento ni Ramon Guillermo na “Anibersaryo.” Istorya ito ng

magkakaibigang nakatira sa dormitoryong Narra sa UP Diliman: sina Rebo, Marx-Lenin, Mao, at Jomarx. Kinabukasan ang lunan, “ika-100th anniversary na ng digmaang bayan” (93). Satirikal ang atake ni Guillermo, may mga kursong Marxist Studies, Super-High-Speed Semiconductor Technology, at Self-Censored Journalism na sa UP. Nang mapatay si Mao sa isang rally kung saan tinapatan ang dalawampu’t isang nagpoprotesta ng tatlundaang sundalo at limang gunship, ipinanukala ni Marx-Lenin ang pagbabago ng taktika:

Isipin ninyo ito, sandaang taon na ang ating kilusan pero malayo pa rin ang tagumpay. Mas lalo na pagkatapos agawin ng Colonel ang poder sa nakaraang coup at inilagay tayo sa ilalim ng Martial Law. Wala man lang nating konswelo de bobong kahit anong burgis na demokrasya. . . Mga lumang paraan na lang ba ang ating gagamitin o maghahanap ba tayo ng bago? Iminumungkahi ko na mula ngayon ay gaganti na tayo batay sa prinsipyo ng mga nabasa kong mga anarkista. Sa pamamagitan ng isang mapangahas na aksiyon ay mapapabangon natin muli ang masa mula sa kanilang pagkatulog. (96)

Bagaman sinubukang sumalungat ni Jomarx, ang tindig ni Marx-Lenin ang nagwagi. Kinidnap nila si Donald Mcronald, taga-Estados Unidos na tumutulong sa programa ng counter-insurgency sa Pilipinas, pati na rin ang “bostsip” ng Armed Forces of the Philippines. Nagbanta ng karahasan ang Colonel, pero wala ring nangyari. Hindi rin nakipagnegosasyon ang pamahalaan sa tatlong kidnapper. Pagkatapos ng tatlong buwan, lahat, kahit ang embahada ng Estados Unidos, nakalimutan na ang mga pangyayari. Nang subukan ni Jomarx na pumunta sa US Information Service, pinaikot-ikot lang siya ng burukrasya, at sa tindero lang siya ng fishball napadpad. Pagbalik sa dormitoryo, nagdesisyon silang palayain ang mga kinidnap: “Kinalag nila ang mga gapos ng dalawang bihag at sinipa ang mayabang na Amerikano at ang tutang Filipino palabas. Pero sa kamalas-malasan at dahil nag-uunahan at nagtutulakan sila habang papalabas sa pinto, parehong nadulas sa balat ng saging na nakakalat sa sahig at pareho silang nabalian ng leeg” (99). Sa isang patawa nagtatapos ang farce ni Guillermo.

Hindi patawa ang sosyalismo kundi bisyon ng isang mas mabuting buhay. Sa isang naunang sanaysay ni Roemer, inilarawan niya ang isa pa

niyang bisyon ng sosyalismo. Dito, naroon pa rin ang kaniyang pagtitiwala sa merkado. Imbes na magkakaroon ng kupon na pambili ng shares ng mga firm, pag-aari naman ng publiko ang mga kompanya. Kaya, “the profits of firms will not go to a small fraction of the citizenry but will be divided, after taxes, more or less equally among all adult citizens, taking a form that Oskar Lange ... called the social dividend. Thus, a citizen in this society will receive income from three sources: wage income . . . interest forthcoming from savings . . . and the social dividend” (*Egalitarian Perspectives* 292). Ano itong panlipunang didibendo? Suhestiyon ni Roemer na maipalaganap ito sa populasyon sa pamamagitan ng sistema ng garantisadong batayang kita, o universal basic income (UBI). Itong UBI ay tatalakayin sa seksiyon sa ibaba. Sa bahaging ito ng papel nais ko lamang bigyang-diin ang pagiging kapuri-puri ng pagiging bukas sa mga kakaibang idea at hindi pa nasusubukang paraan. Mahalaga rin ang kahandaang makipagkompromiso. Samantalang si Roemer ay tinatawag ang sarili na Marxista at sosyalista, ang mga susunod na tatalakaying awtor ay liberal. Gayumpaman, mahalagang basahin nang mabusisi ang kanilang mga isinulat.

Ang Konsepto ng Universal Basic Income (UBI)

Bagaman maraming tagasuporta (tingnan ang Hardt at Negri 401–03; Srnicek at Williams 107–28; Stern), ang gagamitin kong representatibo para sa konsepto ng UBI sa papel na ito ay si Philippe Van Parijs, pilosopo mula Belgium.

Ang kagulat-gulat sa UBI, bibigyan ng pera ang bawat mamamayan kahit hindi sila nagtatrabaho, kahit mayaman sila. Pare-parehong halaga ang ibibigay sa mga taong ito (Van Parijs, “Basic Income” 8–9, 13). Regular ang pagbigay nito, maaaring lingguhan, buwanan, o taunan. Ang mahalaga kay Van Parijs, laging may kakayahan ang bawat mamamayan na makabili ng kinakailangan (4–5). Pera ang ibibigay, imbes na bagay (tulad ng pagkain). Maaari itong manggaling mula sa gobyerno (pambansang lebel), pero puwede ring sa mas maliit na yunit (halimbawa, kunwari, sa Alaska, binibigyan ang mga Norteamerikanong naroon, imbes na lahat ng mamamayan ng Estado Unidos, ay UBI, basta ba isang tao nang nakatira sa Alakas [Sheahen 133–34]).

Kung si Van Parijs ang tatanungin, magmumula ang pondo para sa UBI sa buwis (“Basic Income” 6, 9).

Bukod sa “pantawid-gutom,” maibibigay ng UBI ang sinasabi ng mga kritiko ni Roemer ay kulang sa kaniyang bisyon ng sosyalismong de-kupon, at ito ay ang kakayahang tumanggi sa trabahong hindi marangal o di kaya’y mapanganib. Dahil may regular na pinagkukuhanan ng kita labas sa trabaho, ayon kay Van Prijs, ang UBI, “makes it possible to spread bargaining power so as to enable . . . the less advantaged to discriminate between attractive or promising and lousy jobs” (“Basic Income” 15). Isipin ang eksenang ito: puro kalat sa paligid. Wala na kasing basurero dahil may UBI ang lahat, kaya walang kailangang mamulot ng basura para lang mabuhay. Paano ngayon lilinis ang kapaligiran? Siyempre pa, mag-aalok ng mas malaking pera para sa mga tatanggap ng trabaho ng basurero. Gayundin, gagawin itong mas ligtas kompara sa kasalukuyang estado ng pagbabasurero sa ating bayan. Tandaan na ang UBI ay batayan lamang; para lamang ito sa mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, renta, at utilities. Hindi naman mamimigay ng kotse. Kung merong ambisyosong Pilipinong nakakatanggap ng UBI at nakukulangan sa kaniyang regular na garantisadong batayang kita, papasok siya sa mga trabahong mataas ang suweldo, tulad na lamang ng pagbabasurero. Hindi epekto ng UBI ang pagiging tamad ng lahat, kundi ang pagsisipag ng mga may ninanasa bukod sa pananatiling buhay.

Pero obligasyon nga ba ng iba na tulungan ang iba na mabuhay? Sa tingin ko ay hindi na kailangan pang pagtalunan kung dapat tumulong sa ating kapuwa tao. Ang mismong pagsusulat ko ay patunay na na ipinapalagay kong mahalaga ang aking kapuwa, sumusulat ako para makipagkomunika. Kung natural o likas sa tao ang magsinungaling at maging makasarili, e di sana inilihim ko na lang ang mga kabatirang aking napulot mula sa pagbabasa ng libro. Ang mas importanteng tanong: sa anong paraan tayo tutulong sa ating kapuwa? Mahusay ang UBI dahil patotoo ito sa katotohanang kung hindi mahalaga ang isang tao dahil lang tao siya, walang taong mahalaga. Ibig kong sabihin, kung ang isang tao ay pinapahalagahan lamang dahil siya ay bata, o masipag magtrabaho, o guwapo, o charming, hindi naman talaga siya pinapahalagahan kundi ang katangiang mayroon siya, at kung hindi

na siya bata, masipag, gwapo, o charming, puwede na siyang humandusay diyan sa tabi. Sa UBI, ibinibigay ng bayan sa mamamayan ang sapat na pera para manatiling buhay. Napakarami nang bansa ang sumusuporta at nag-eeksperimento sa konsepto ng UBI, kasama na rito ang mga myembro ng European Union, Brazil, Mongolia, at Namibia (Sheashen 135–38).

Isa sa mga tumutuligsa sa paraan ng UBI, pero may simpatya sa mga layunin nito, ay ang magpartner na Bruce Ackerman at Anne Alstott. Para sa kanila, konsumerista ang perspektibo ng UBI (48). Ang kanilang proposal na tinatawag nilang stakeholder grant, para sa kanila, ay mas pangmatagalang pananaw. Ano itong grant? Proposal nina Alstott na magbigay ng \$80,000 sa bawat mamamayan ng Estados Unidos na umabot ng edad na dalawampu't isa. Kailangan ay nakatapos siya ng high school at walang criminal record. Sunod-sunod sa loob ng apat na taon, bibigyan ang grantee ng \$20,000. Walang pakialam ang estado kung saan ito gagastusin. “She may save for a house or a rainy day—or blow her money in Las Vegas” (45). Sa bisyon nina Alstott, tanging iyong mga Norteamerikano lang na lampas sa \$230,000 ang yaman ang bubuwisan para pondohan ang grant. Ibig sabihin, ang nasa dalawampung porsiyento pataas lang ng lipunan nila ang pagkukuhanan ng pondo. Paglipas ng panahon, iyong mga nakatanggap ng grant, sa kanilang kamatayan, kapag may naiwan silang pera, kailangang ibalik sa gobyerno ang kanilang \$80,000, nang may interes (Ackerman at Alstott).

Dalawang punto ang mahalaga sa konsepto nina Ackerman at Alstott. Una, na ihabi sa tradisyon ng Estados Unidos ang pagbibigay at paggamit ng grant (50). Kumbaga, nais nilang tingnan ng mga Norteamerikano ang grant bilang bagay na “nakasanayan na,” o di kaya’y “karapatan ng bawat mamamayan,” may kultural na konotasyon tulad ng kanilang bandila, o agila.

Hindi naman tinututulan nina Alstott ang pundasyon ng UBI ni Van Parijs. Sa katunayan, sa kanilang proposal, puwedeng i-convert ng isang grantee ang kaniyang grant para maging UBI. Imbes na 20,000 kada taon sa loob ng apat na taon, magiging 400 kada buwan ito (47). Tinatanggap kasi nina Alstott ang mga argumento ni Van Parijs, ang punto ng UBI at grant ay magbigay sa mga mamamayan ng tunay na kalayaan. Kaligtasan sa panahon ng panganib, seguridad para sa mga panahon ng sakuna at aksidente. Ang

pagkakaiba lang nila ay ang empasis nina Alstott sa ideya ng “pagpapalano sa buhay.” Sa kanilang bisyon, may mga mamamayan na kailangan ng malaking pera para mabigyan ng puhunan para sa kanilang malaking proyekto: pagbili ng bahay, pagsimula ng negosyo, pag-aaral sa kolehiyo (sa Estados Unidos, at unti-unti, sa Pilipinas, ubod ng taas ng presyo ng pag-aaral sa mga magandang unibersidad) (48–49). Imbes na “pantawid gutom,” binibigyan ng grant nina Alstott ang grantee ng kontrol sa kaniyang buhay. Pagkakataon na suungin ang mga hamon ng mundo.

Tulad ng UBI, sa unang tingin ay katawa-tawa ang grant, hanggang sa matuklasang mayroon na palang mga bansang nagtatangka nito. Ibinigay na halimbawa nina Alstott ang “baby bond,” na proyekto ng dating Prime Minister ng Great Britain na si Tony Blair. Paliwanag nina Alstott, “Under the Labour Party initiative, each Briton would receive a “baby bond” of \$750 or so at birth, which would accumulate compound interest until he received a stake at age 18. Supplemental amounts would be added to each child’s account on later birthday—with the aim of providing him with as much as \$7,500 when he reaches maturity” (53–54). Malayo ang 7,500 dolyar sa 80,000, pero nananatili ang ideya: maaaring gawin ang grant, maaaring maglagak ng malaking halaga para sa mga mamamayan ng isang bayan. Dagdag pa nga ni Van Parijs mismo, meron ding ganito sa Belgium, na tinatawag namang “birth premium,” bawat sanggol, mayaman man o mahirap, babae man o lalake, nakakatanggap ng \$860 (“Basic Income Versus Stakeholder Grants” 200). Hindi imposible ang proposal nina Alstott, o kahit ang kay Van Parijs, o kahit ang kay Roemer! Hindi lang sila hindi imposibleng isagawa, hindi rin sila hindi kanais-nais. Sa huling seksiyon ng papel na ito, nais kong magpanukala ng dalawanag proposal para sa repormang sa tingin ko ay nababagay sa Pilipinas sa kasalukuyang panahon.

Tungkol sa Bitcoin

Sa pang-araw-araw na buhay, kapag may ginawa kang trabaho, nagbigay ng serbisyo o bagay, bibigyan ka, bilang kapalit, ng pera. Sana ganitong kasimple. Pero isipin ang tatay o pinsan mong nagtatrabaho sa ibang bansa. Kinakailangan niyang ipadaan ang pera sa bangko o remittance center, na

sumisingil ng transfer fee. Ibig sabihin, ang ipinadalang pera ay babawasan pa. Ang fee na ito ay pambayad kay Carlos (bangko o remittance center) na naggagarantiyang si Alice (nagpadalang OFW) ay nabawasan ng apat na libong piso, na napunta naman kay Bob (pinadalhan). Paano kung may paraan para tanggalin na si Carlos nang sa gayon ay mas marami sa inisyal na ipinadala ang mapunta sa pinadalhan? Ito ang tinatangka ng bitcoin (ang diskusyong susunod ay pangkalahatang hinalaw sa Nakamoto).

Ang bitcoin ay pera—digital na pera. May tatlong importanteng aspekto ang mga transaksyon sa bitcoin: ang blockchain, ang mga minero, at ang gumagastos. Ang blockchain ang network ng mga computer na konektado sa Internet na nagpapanatili ng isang ledger kung saan nakasulat kung sino ang may gaano karaming bitcoin. Ang blockchain ang ledger mismo. Kapag nagpadala ng bitcoin si Alice kay Bob, nag-uunahan ang mga minero na sagutin ang isang komplikadong problemang matematikal. Kung sino ang nauna ay makakatanggap ng fee sa anyo ng bitcoin. Ang transaksyon ay mapupunta sa ledger, na pinapatotoohan ng mga computer na bahagi ng network. Ang ledger ay publiko, bagaman hindi pangalan kundi “address” lamang ng nagpadala at pinadalhan ang lantad. Ang bitcoin ang una, pero isa lamang sa mga tinatawag ngayon na cryptocurrency. “Crypto” dahil gumagamit ito ng teknolohiya ng cryptography para itago ang identidad ng mga partido at siguraduhin ang integridad ng ledger. Mayroon ding cryptocurrency na tinatawag na “pesobit” (tingnan ang pesobit.net/whitepaper) na nilikha ng isang Pilipino.

Katulad ng bitcoin, ang NEO ay uri din ng cryptocurrency. Hindi tulad ng bitcoin, hindi lang mga transaksyon sa pagpaplitang halaga (i.e. pera) ang silbi ng NEO. Ano nga ba ang pagsusulat ng palitan ng halaga sa isang ledger kundi paglilista ng impormasyon? Ang impormasyong kayang iproseso ng NEO ay hindi pa sa kung sino ang nagpadala at sino ang tumanggap ng pera, at sino nga ang meron ng ganito at ganiyang kalaking halaga. Ang tinatawag na “smart contract” ay iyong mga kontrata na nakaprograma, katulad ng mga programa sa computer, na hindi na kailangan ng interbensiyon ng tao kapag nangyari na iyong napag-usapan (tingnan ang “Neo Documentation”). Alam kong mahirap itong arukin, kaya sundan ang susunod na halimbawa.

Isipin na si Alice ay nais umutang. Una, ikakawing niya sa isang address ang kaniyang identidad. Halimbawa, inilagay niya ang kaniyang fingerprint sa kaniyang address. Bukas itong lahat sa nais tingnan ang ledger, ang blockchain, ang fingerprint ni Alice ay nakakabit sa address ni Alice. Pero, walang may alam na si Alice ito dahil nga sa cryptography. Pero, maaaring patunayan sa pamamagitan ng matematika na hindi ito pekeng fingerprint ng pekeng tao.

Nabanggit ngang nais umutang ni Alice. Ise-set nga ngayon ang kaniyang terms. Isusulat niya sa “smart contract” na (1) nais niyang umutang ng ₱10,000, (2) payag siyang magbayad ng sampung porsiyentong interes, (3) basta ba isang taon ang ibibigay para mabayaran niya ito, (4) nang ₱916.67 kada buwan $\{[\text{₱}10,000 + (\text{₱}10,000 \times 0.1)/12]\}$, (5) sakali mang hindi makapagbayad si Alice sa isang buwan, tataas ng sampung porsiyento ang kabuoang utang niya. Ang “smart contract” na ito ay tatawagin nating “Utang ni Alice.” Ngayon, ipo-post ni Alice ang “smart contract” sa app ng utangan, na tatawagin natin dUtang (di-sentralisadong Utang).

Si Bob naman ay mayroon ding account sa dUtang, at nakakabit din sa kaniyang address sa blockchain ang kaniyang fingerprint. Nabasa nya ang “Utang ni Alice,” at sa tingin niya ay magandang investment ito. Papayag siya na pautangin si Alice, bibilhin niya sa halagang ₱10,000 ang “Utang ni Alice.” Matatanggap ni Bob ang “smart contract,” at matatanggap ni Alice ang ₱10,000. Halimbawa, Enero ito naganap. Pagdating ng Pebrero, kailangan nang magbayad si Alice ng kaniyang unang ₱916.67. Nagbayad naman siya. Pagdating ng Marso, nagbayad ulit siya. Kaso, pagdating ng Abril, hindi nakapagbayad si Alice. Ayon sa kontrata, tataas ang kaniyang utang. Maraming opsiyon si Bob. Puwede siyang mag-enjoy sa pag-aari ng “Utang ni Alice,” confident na makakapagbayad si Alice sa Mayo, at nang mas malaking halaga. Pero, kunwari paranoid si Bob. Puwede niya ngayon i-post sa app at ibenta ang “Utang ni Alice.” Ang mga transaksyon sa utang na ito ay nakarekord sa blockchain. Mababasa ng ibang tao na hindi nakapagbayad si Alice noong Abril. Kaya, bagaman may pangako ng ₱10,266.66 ang kontrata $[\text{₱}9,166.66 + (\text{₱}11,000 \times 0.1)]$, dahil sa lamat sa reputasyon nito, walang nais

sumugal na bilhin ito ng ₱9,000. Maaari itong ibenta ni Bob ng ₱8,500, o ₱8,000, hanggang sa mayroong kumagat.

Ngayon, kunwari ay nagbayad si Alice noong Abril, at Mayo, etc etc. Nabayaran niya sa loob ng isang taon ang utang. Babango ngayon ang kaniyang reputasyon. Maaaring kapag umutang siya ng mas malaking halaga, kunwari ay ₱50,000, may pumatol. Gayundin, baka liitan ang interes kasi nga ay mababasa sa publiko, sa blockchain, na responsableng tao ang nasa likod ng address na ito.

Itong “Utang ni Alice” ay isa lamang sa napakaraming aplikasyon ng blockchain. Halimbawa ay kailangan mo ng pera para sa tuition ng iyong anak, o pambayad sa ospital, o para sa negosyo. Puwede ka nang umutang hindi lang sa banko, na malaki ang interes, kundi sa ibang tao na hindi man lang nga kailagnang nasa Pilipinas. At hindi ninyo kailangang magtiwala sa isa’t isa, dahil pampubliko ang blockchain, lantad sa lahat ang mga transaksyon.

Hindi ito pantasya, napakarami nang proyektong binubuo ngayon sa iba’t ibang bansa gamit ang teknolohiyang ito. Kinuha kong halimbawa ang NEO dahil, hindi tulad ng bitcoin, walang minero sa NEO. Imbes, ang mga may-ari ng NEO ay nakakatanggap araw-araw ng NEOGAS, o GAS. Ang GAS, imbes na NEO, ang ginagamit na pambayad para marekord ang mga transaksyon at “smart contract” tulad nang inilarawan kong “Utang ni Alice.”

Ang proposal ko, lumikha ang Pilipinas ng cryptocurrency na base sa ganitong sistema ng NEO. Puwede natin itong tawaging Digong Coin. Sa kasalukuyan ay mayroong 65 milyong NEO. Habang mas malaki ang pag-aari mong NEO, araw-araw ay mas malaki ang natatanggap mong GAS. Lumalaki ang halaga ng GAS, dahil ito ang nagsisilbing langis ng mga programa sa plataporma ng NEO. Mayroong higit sa 100 milyong Pilipino sa kasalukuyan, kaya 300 milyong Digong Coin ang lilikhain. Bawat Pilipin ay makakatanggap ng tatlong Digong Coin, na maaari nilang i-access sa kanilang cellphone. Ang halaga ng bawat Digong Coin ay piso, at merkado naman ang magtatakda ng halaga ng Digong Gas.

Tulad ng papel na piso, bayarin ng Pilipinas ang bawat Digong Coin. Hindi tulad ng papel na piso, alam ang eksaktong bilang ng Digoing Coin. Maaaring ibenta ng isang Pilipino ang kaniyang Digong Coin nang mas

mataas o mas mababa sa sinumang gustong bumili nito. (Pero dapat sa mas mataas, dahil sinasakripisyo niya ang kaniyang claim sa paparating pang Digong Gas kapag isinuko niya ang kaniyang pag-aari ng mga Digong Coin.)

Maaari ngayong i-invest ng mga mamayan ang kanilang Digong Coin at/o Digong Gas sa mga proyekto ng mga tech-entrepreneur. Halimbawa na rito ang dUtang, pero marami pa ngang programa ang maaaring gawin sa ganitong plataporma. Halimbawa, sa platapormang Ethereum, karibal ng NEO, mayroon nang mga proyekto tulad ng Augur (di-sentralisadong merkado ng mga prediksiyon), FunFair (di-sentralisadong sugalan), at Spankchain (di-sentralisadong entertainment system) (tingnan na lang ang augur.net, funfair.io, at spankchain.com para sa mga detalye).

Paano ba gumagana ang katulad ng Augur o FunFair? Sa kaso ng huli, garantiya ang pagiging transparent ng blockchain para patunayang hindi dinadaya ang mga sugarol. Ang siste, kapag naglalaro ka sa isang gambling website, hindi mo sigurado kung tunay ngang random ang labas ng dice, o ang balasa ng baraha sa poker o blackjack. Ang open-source na kalikasan ng programa ng sugalang base sa blockchain ang magsisiguradong matalo ka man ay hindi ka dinaya. Kung kaya nga, maaaring magkaroon ng mas transparent na sweepstakes at lotto sa bansa. Maiinspeksiyon ng sinoman ang computer program para patunayan kung tunay ngang random ang paglabas ng mga numero sa 6/42 or 6/45. Samantalang random ang mga sugal sa FunFair, at sa mga katulad nitong Edgeless at EOS Bet, ang maituturing na sugal sa “merkado ng mga prediksiyon” katulad ng Augur ay nakabase sa aktuwal na pangyayari sa mundo. Halimbawa, merong taong may tricycle. Kapag tumaas ang presyo ng gas, bababa ang kaniyang kita. Maaari siyang gumawa ng pusta sa Augur sa Hunyo 1 na nagsasabing “ang presyo ng gas ay aabot sa ₱2,500 kada bariles pagdating ng Hunyo 30” dahil nabasa niya sa dyaryo ang balitang bobombahin na naman ng mga Norteamerikano ang Gitnang Silangan. Sabihin na nating ganito ang pagkakasulat sa pusta: “Pupusta ako ng ₱10,000 na aabot ng ₱2,500 ang presyo ng gas kada bariles pagdating ng Hunyo 30.” Maaari itong bilhin (ang pusta) ng mga taong naniniwalang *hindi* tataas ang presyo ng gas. Habang papalapit nang papalapit ang Hunyo, depende sa persepsiyon ng mga tao, maaaring bumaba ang halaga ng pusta

(dahil hindi man lang lumalapit sa ₱2,000 kada bariles ang presyo ng gas), o lumalaki (dahil nagsimula na nga ang pambobomba ng Estados Unidos). Pagdating ng Hunyo 30, kakailanganing magkonsulta sa isang orakulo (i.e., pinagkakatiwalaang batis ng impormasyon at katotohanan) para matukoy kung sino ang nanalo sa pusta. Sa huling pagsusuri, kahit na hindi manalo ang may-ari ng tricycle sa pusta, breakeven lang siya dahil hindi tumaas ang presyo ng gas, at patuloy pa rin kung gayon ang kita niya sa pagmamaneho.

Isa pang maaaring proyektong nakabase sa Digong Coin (na magiging karibal ng NEO at Ethereum) ay ang tinatawag na “bahagdag pag-aari.” Isipin na lang ang isang nagsisimula pa lang ng pamilya. Gusto niyang bumili ng sariling bahay, pero ayaw niyang umutang sa mga bangko, dahil malaki ang interes. Kaso, wala naman siyang dalawang milyon para direktang bumili ng bahay. Ang meron lang siya ay isang milyon. Maaari niyang ibenta ang “kalahati ng pag-aari” sa kaniyang bahay sa mga interesadong bumili ng real estate pero meron lamang 5,000. Paano ito mangyayari? Nasa taong nagluwal pa rin ng isang milyon ang titulo ng bahay. Pero, meron ding tingi-tinging titulo ang mga tumulong sa kaniyang bilhin ang bahay na ito. Ang mga tingi-tinging titulong ito ay maaaring tawaging Digong Titulo. Merong 200 ng mga ito, na tig-₱5,000 ang presyo. Ngayon, ang mga may-ari ng Digong Titulo ay walang karapatang tumira sa bahay na kanilang “bahagdag pag-aari.” Wala rin silang obligasyong magbayad ng amilyar. Ang mayroon lang sila ay karapatang ibenta ang kanilang Digong Titulo sa mas mababa o mas mataas na halaga. Bakit naman gagawin ng kahit sinong matinong tao ang bumili ng Digong Titulo? Sa parehong dahilan kung bakit sila bibili ng “smart contract” na “Utang ni Alice.” Ang “Utang ni Alice,” may garantiyang tataas ang halaga dahil may interes. Ang Digong Titulo, may tsansang tumaas ang presyo dahil sa mahabang panahon ay tumataas talaga ang presyo ng lupa. Siyempre, may tsansang bumaba ito, halimbawa na lang kung maging bahain ang lungsod na kinatatayuan ng bahay. Ang transparent at bukas na kalikasan ng mga proyektong blockchain ang magpapatunay kung sino talaga ang may-ari ng ganito at ganiyang Digong Titulo.

Isa pang proyektong maaaring gawin sa isang blockchain ay paglikha ng dihital na ginto. Marami nang ganitong proyekto sa platapormang

Ethereum, dahil hindi naman orihinal ang ideya. Sa huli, ang mga “smart contract” tulad ng “Utang ni Alice” at Digong Titulo ay representasyon. Representasyon ng claim sa bayad sa isang utang, representasyon ng pag-aari ng isang bahay. May dalawang bahagi ang proyekto ng di-hital na ginto, at dadaan sa apat na hakbang sa buong proseso. Una, magbubukas ang tech-entrepreneur ng tinatawag na “ICO” o “initial coin offering.” Dito, lilikha siya ng 200 milyong e-BS (elektronikong Bangko Sentral) at ibebenta niya ang 100 milyon sa halagang dalawang Digong Coin (tandaang lahat ng Pilipino ay makakatanggap ng tatlong Digong Coin sa simula ng proyektong ito). Sabihin na nating lahat naibenta lahat ng e-BS, meron na ngayong dalawang daang milyon ang tech-entrepreneur. Sa ikalawang hakbang, gagamitin niya ang isang milyon para bumili ng gintong katumbas nito. Sa kasalukuyang presyo, makakabili siya ng 66,666 na gramo ng ginto. Lilikha siya ng 66,666 na e-Ginto. Sa pangatlong hakbang, ibebenta niya ang 66,666 na e-Ginto sa sinomang gustong bumili ng ginto. Ang pangako, sinomang may pag-aari ng isang e-Ginto ay maaaring itong ipalit nang walang kuwestiyon sa kahit anong araw para sa isang gramong ginto. Siyempre pa, tulad ng “Utang ni Alice” at Digong Titulo, maaari ding ibenta ang e-Ginto ng orihinal na bumili sa ibang interesado sa mas mataas o mas mababang halaga.

Bago tayo pumunta sa ikaapat na hakbang, balikan muna natin ang sitwasyon ng tech-entrepreneur. Ang kaniyang proyekto, na tawagin nating BS Ginto ay nagresulta sa 100 milyong e-BS na pag-aari niya, 100 milyong e-BS para sa iba’t ibang investor, 100 milyong Digong Coin (i.e., 100,000,000 milyong piso), at 66,666 e-Ginto (ang produkto ng korporasyong BS Ginto). Ang e-BS ay hindi katulad ng isang stock ng kompanya, dahil nagbibigay ito ng boto sa pinakamaliit na investor o nagmamay-ari. Siyempre pa, ang tech-entrepreneur ang may pinakamaraming boto (bagaman walang naman talagang Henyo, kapital H, at malamang ay may buong kompanya na nakapaligid sa tech-entrepreneur, kahit pamilya lang niya, at kung gayon paghahatian nila ang pagmamay-ari ng kanilang e-BS). Pero, maaari ding bumoto ang mga indibidwal na may-ari ng e-BS. Ano ang kanilang pagbobotohan? Ang kinabukasan ng kanilang kompanya, ang BS Ginto. Merong itong kapital (100 milyon Digong Coin) at meron itong produkto

(66,666 e-Ginto). Halimbawa, maaari nilang pagbotohan na bayaran ng isang milyong Digong Coin ang bawat e-commerce shop na tatanggap ng e-Ginto bilang “pera” o pambili ng kaniyang mga produkto. Ito ang ikaapat na hakbang, ang pagpapalago ng negosyo.

Ngayong maaaring itanong, kung pera namang itinuturing ang Digong Coin, para saan pa ang e-Ginto. Maraming pilosopikal at politikal na ideang nagtatalaban dito. Maraming tao ang naniniwalang tanging ginto ang tunay na pera, dahil hindi maaaring mag-imprenta nito nang walang kagatol-gatol, tulad na lamang ng papel na piso. Meron ding naniniwalang ang kapangyarihang lumikha ng pera mismo ay dapat hindi nasa kamay ng iisang entidad lamang (sa kaso ng piso, sa gobyerno/Bangko Sentral ng Pilipinas), at bagkus, tulad ng lahat ng komoditi, ay dapat bukas sa kompetisyon sa merkado. Sa isang banda, ang mga may-ari ng Digong Coin ay makakatanggap ng Digong Gas. Isa, katumbas ng bawat isang Digong Coin ang isang piso. Pero, tandaan, ang piso ay “inflationary currency,” kaya bumababa ang halaga nito sa paglipas ng panahon. Samantala, ang mga may-ari ng e-Ginto ay maaaring ipagpalit ito para sa tunay na ginto. Ang isang wais na investor ay maaaring hatiin ang kaniyang savings, kalahati sa Digoing Coin, at kalahati sa e-Ginto.

Ang pamimili at pagbebenta ng utang, ang bahagdag pag-aari, ang dihital na ginto ay iilan lamang sa mga proyektong maaaring likhain dahil sa teknolohiya ng blockchain. Bagong teknolohiya pa lang ito, at maaaring angkupon nating mga Pilipino para sa ating ikabubuti. Kung hindi man tayo yumaman lahat, al menos, maaari tayong magkaroon ng pambansang sweepstakes na mas transparent.

Pero kung sa tingin ninyo ay masyadong wild ang ideyang ito, tingnan ninyo na lang ang susunod.

Libreng Motor

Pangalawang proposal ko: taon-taon, mula 2020 pataas, bibili at mamimigay ng motor ang gobyerno ng Pilipinas sa bawat Pilipino na tumuntong sa edad 18 sa taong iyon. Hindi ito kasing demokratiko ng proyektong Digong Coin, dahil ang mga edad 18 pataas na ngayong 2018 ay hindi na makakatanggap ng libreng motor. Malas na lang natin.

Bakit libreng motor? Magagamit ito sa iba't ibang paraan. Maaari itong gamitin ng estudyante na malayo ang eskwelahan. Maaari itong gamitin ng isang ama para maihatid ang anak niya sa eskuwelahan. Maaari itong gamitin ng isang babae bilang dagdag na resource sa kaniyang negosyo sa palengke. Maaari itong gamitin ng isang dalaga para sumali sa Grab o Angkas. Maaari itong kabitan ng isang binata ng sidecar para maging tricycle driver. Maaari din itong ibenta o isanla ng isang ama para makabili ng gamot para sa kaniyang anak, o ng isang anak para makabili ng pagkain para sa kaniyang pamilya. Puwede pa nga itong ipamigay ng mga gitnang-uri na may maalwang kalooban, o di kaya'y iparenta. Hindi lang motor ang ipamimigay ng gobyerno, kundi entrepreneurial spirit, responsabilidad, at paggalang sa batas trapiko. Ito kasi ang rekisitos: kailangang tumuntong (hindi kailangang nagtapos) ng senior high school, at kailangang pumasa ng eksamen para makakuha ng lisensiya sa pagmamaneho ng motor.

Hindi ito limos, kundi investment ng gobyerno sa kaniyang mamamayan. Mula 2020 pataas, bahagi na ng ating tradisyon at kostumbre ang pagkakaroon ng libreng motor. Magbubukas ito ng oportunidad sa bawat Pilipino na magkaroon ng disente at marangal na pamumuhay. Sa aspektong ito, lahat ng Pilipino, pantay-pantay. At itong pagkakapantay-pantay, sa huli, ang ninanasa ng bawat sosyalista.

Sanggunian

- Ackerman, Bruce, at Anne Alstott. "Why Stakeholding?" Wright, *Redesigning*, pp. 43–68.
- Arneson, Richard. "What Do Socialists Want?" Wright, *Equal Shares*, pp. 209–30. *Augur*. PM Research, 2021, augur.net. Binuksan 5 Nob. 2023.
- beta.spankchain.com
- Bitcoin*. Bitcoin Project, 2023, bitcoin.org. Binuksan 5 Nob. 2023.
- Brighouse, Harry. "Transitional and Utopian Market Socialism." Wright, *Equal Shares*, pp. 187– 208.
- Cohen, Joshua, at Joel Rogers. "My Utopia or Yours?" Wright, *Equal Shares*, pp. 93–109.
- digix.global

Folbre, Nancy. "Roemer's Market Socialism." Wright, pp. 57-70.

FunFair Ventures. FunFair Technologies, 2022, funfair.ventures.

Goldmint. Goldmint, 2023, app.goldmint.io.

Guillermo, Ramon. "Anibersaryo." *Impetu*, inedit nina Rolando Tolentino et al. Kalikasan Press, 1991, pp. 93-100.

Hardt, Michael at Antonio Negri. *Empire*. Harvard UP, 2000. hellogold.com

Lawler, James. "Criticism of Ollman." Ollman, pp. 137-48.

———. "Marx as Market Socialist." Ollman, pp. 23-54.

Nakamoto, Satoshi [sagisag-panulat]. "Bitcoin: A Peer-to-Peer Electronic Cash System." *Bitcoin*, 2008, bitcoin.org/bitcoin.pdf.

"Neo Documentation." *Neo*, docs.neo.org/en-us/. Binuksan 5 Nob. 2023.

Ollman, Bertell. *Market Socialism*. Routledge, 1998.

Philippine Statistics Authority. 2023, psa.gov.ph. Binuksan 5 Nob. 2023.

Putterman, Louis. "Coupons, Agency and Social Betterment." Wright, *Equal Shares*, pp. 139-58.

Roemer, John. *Egalitarian Perspectives*. Cambridge UP, 1994.

———. "A Future for Socialism." Wright, *Equal Shares*, pp. 7-44.

Satz, Debra. "Status Inequalities and Models of Market Socialism." Wright, pp. 71-92.

Schweickart, David. "Market Socialism: A Defense." Ollman, pp. 7-22.

———. "Criticism of Ticktin." Ollman, pp. 125-28.

———. "Response to Ticktin." Ollman, pp. 169-76.

Sheashen, Allan. *Basic Income Guarantee*. Palgrave Macmillan, 2012.

Simon, William. "Inequality and Alienation in the Socialist Capital Market." Wright, pp. 45-56.

Srnicek, Nick, at Alex Williams. *Inventing the Future: Postcapitalism and a World Without Work*. Verso, 2015.

Van Parijs, Philippe. "Basic Income." Wright, *Redesigning*, pp. 3-42.

———. "Basic Income versus Stakeholder Grants." Wright, *Redesigning Distribution*, pp. 199- 208.

Wright, Erik Olin. *Equal Shares*. Verso, 1996.

———. *Redesigning Distribution*. Verso, 2006.

BALANSENG PAGGUGRUPO NG TRABAHO: Ang Bisyon ng Parecon ni Michael Albert

Ang papel na ito ay presentasyon ng bisyon ng ekonomiya ng partisipasyon, o parecon (participatory economics), ng Norteamerikanong aktibista at manunulat na si Michael Albert. Bagaman sa unang tingin ay malabo ang relasyon ng mga idea ni Albert sa mga isyung kinahaharap ng mga manggagawang Pilipino, sa pamamagitan ng mabusising pagbabasa ng librong *Parecon: Life After Capitalism* ni Albert, inaasahan na maipamamalas ang relasyon ng kaniyang konsepto ng “balanseng paggugrupo ng trabaho” sa mga problemang kinahaharap ng ating bayan at lipunan. Bilang ilustrasyon tatalakayin din ang mga naratibong “Pagbisita kay Ericson” ni Cristina Guevarra at “Mga Kotse sa Airport” ni Chuckberry Pascual, mga kontemporaryong manunulat na Pilipino, bilang susog sa kaangkupan ng mga problema sa kasalukuyang politiko-ekonomikong orden na tinutuligsa ni Albert. Gayundin, may diskusyon ng ilang kuwentong nabibilang sa genreng future fiction na sulat din ng mga Pilipino, na magsisilbing prognosis ng ating kasalukuyang pulitiko-ekonomikong kaayusan. Patunay ito sa kapangyarihan ng panitikan na siyasatin ang lipunan. Dito pa lang ay humihingi ng paumanhin sa teoretikal na katangian nitong papel. Ang pangako, o pusta, ay makapagbibigay ito ng mga bagong ideya tungkol sa ating sitwasyong kinasasadlakan.

Kataka-taka ang lapit ni Albert sa politika at ekonomiya. Imbes na itanong, “Ano ang meron tayo?” o “Ano ang natural?”, una niyang itinatanong, “Ano ang gusto natin?” Ano ang gusto nating mangyari? Mayroon siyang apat na inilistang halagahan (values) na sa tingin niya ay kaibig-ibig na magkaroon: pagkapantay-pantay o equity, pamamahala-sa-sarili o self-management, pagkakaiba o diversity, at pagkakaisa o solidarity. Argumento ni Albert, estruktural na namamaliit o binabalewala ang mga halagahang ito sa ilalim ng kapitalismo (at ng sistema ng sentral na pagpapalano ng mga dating “sosyalistang” bansa tulad ng Unyong Sobyet).

Unahin natin ang kaso laban sa kapitalismo. Para kay Albert, estruktural ang problema ng kapitalismo. Kaya wala siyang pananampalataya sa reporma,

sa pagrereporma nito (29). Lalo, sinasalungat ni Albert ang mula-sa-itaas-pababang uri ng reporma (7).

Pangunahin tunguhin sa kapitalismo ang tubo. Binigay na halimbawa ni Albert ang industriya ng paglalathala sa ilalim ng kapitalismo. Sa kapitalismo, ang libro ay isang komoditi, ang layunin ay pagkakitaan ito, maibenta sa pinakamalaking presyo (173). Hindi nga mahalaga sa kapitalistang paglalathala kung mabasa ang libro, basta kumita ito. Iba sa parecon. Ang layunin ay hindi kumita, ang layunin ng paglathala ng libro ay para magkalat ng impormasyon o magbigay ng saya.

Iba ang motibasyon, kaya iba rin ang atitud, taktika, at estratehiya (174–75). Halimbawa, mas bukas si Albert sa ideya ng ebooks dahil may pakialam siya sa klima, at sa kaniyang parecon, iiwasang pumatay ng puno kung maaari namang makapaglathala sa elektronikong paraan (175).

Sa kapitalismo, kahit ang paglikha ng gamot ay nadudungisan (252). Pina-patent ng mga kompanyang pharmaceutical ang mga gamot nilang nililikha, para walang karibal na kompanya ang makapagbenta nito. Hindi na ang kalusugan ng tao ang layunin ng paglikha ng medisina, kundi tubo.

Kaya nga, kahit sa simula ay dakila ang mga layunin ng IMF at World Bank (4), pero, sa pagsunod sa lohika ng tubo, naging mga instrumento rin ito ng pangangialam sa soberenya ng mga bansa, at pang-aapi ng mga mamamayan. Para kasi sa kanila, ang episyente ay iyong kumikita.

Lalong lumalakas ang mga malakas (3). Kayang maghintay ng mga mayaman, halimbawa, samantalang desperado ang mga mahirap at hindi puwedeng makipagmatigasan (30). Sa isang pabrika, halimbawa, maaaring magwelga ang mga manggagawa. Gusto nila ng mas mataas na bonus. Maaaring magpasok muna ang may-ari ng pabrika ng mga pansamantalang kapalit ng mga nagwewelga, kahit na mas mataas ang suweldo, para durugin ang strike. Babalik sila sa trabaho nang hindi nakukuha ang mas mataas na bonus.

May epekto ang estrukturang ito sa pag-iisip ng mga tao, hahangarin na rin ng mga mas makapangyarihan na lalo pang maging makapangyarihan (47–48). Sa kapitalismo, kung susundin ang mga batas ng merkado, makukuha ng mga kayang kunin kung ano ang gusto nilang kunin (29).

Ito ang depinisyon ni Albert sa *merkado*: “a term denoting allocation via competitive buying and selling at prices determined by the competitive offerings of the buyers and sellers” (55). Sentral ang pagiging kompetitibo. Kaya nga magiging talunan ang mga “mabait,” dahil hindi sila mahusay sa kompetisyon (66). Ito ang paliwanag ni Albert kung bakit nangyayari ito: “If [a] firm doesn’t maximize the surplus available after it sells what it produces, and if it doesn’t utilize a considerable portion of its surplus to enhance its market share, not only will owners complain for want of profits, but other firms will gain technological or market-share advantages which, in the future, will cause the low profitability firm to suffer grave losses or even bankruptcy” (181). Halimbawa ay may dalawang restoran. Sa isa, mataas ang suweldo. Sa isa, mas mababa ang suweldo. Dahil dito, nagagawang babaan ng may-ari ng ikalawang restoran ang presyo ng kaniyang pagkain. Mas tatangkilikin ng mga tao ang ikalawang restoran. Malulugi ang unang restoran. Puwedeng sabihin, magiging tamad at marumi ang trabaho ng mga kusinero at weyter sa ikalawang restaurant dahil mababa ang suweldo nila, o di kaya’y huhusayan ng mga manggagawa sa unang restoran ang trabaho dahil masaya sila sa kanilang amo. Pero hindi ito ang mangyayari. Hindi magiging marumi ang kusinero ng ikalawang restoran sa kaniyang pagluluto dahil, una, ayaw niyang masisante, at pangalawa, baka siya pa ang makasuhan kapag mayroong kostumer na nalason. At kahit gaano kagiliw ang mga weyter ng unang restoran, ang mayorya ng tao, na kaunti lang ang pera, mas pipiliin pa rin ang ikalawang restaurant.

Tunghayan natin sa siping ito mula sa “Mga Kotse sa Airport” ni Chuckberry Pascual ang larawan ng isang gitnang-uring nagtatabaho sa Pilipinas:

Habang pinapanood ang pagtitimpla ng matanda ng kape, bahagyang nagsisi si Gabriel sa biglaang pakikipag-inuman kagabi. Magastos talaga ang paglabas-labas. Pero hindi, kontra niya sa sarili, kinailangan naman talaga ang pagdiriwang kagabi. Ilang linggo rin naman siyang nagdusa sa mga parinig ng kasamahan sa trabaho. Nariyang tawagin siyang espiya, taksil, tuta at iba pang masasakit na salita dahil lamang pinili niyang sabihin sa pamunuan ng kompanya na may nagpaplanong bumuo ng unyon. May nag-iwan pa ng mga kunwa’y nakikiusap pero kung lilimiin ay nagbabantang

mga sulat sa kaniyang mesa. “Hindi mo matatakas ang katarungan,” sabi ng mga sulat. (62)

Dito matutunghayan ang siyang tinutuligsa ni Albert sa kapitalismo. Walang pagkakaisa o solidarity si Gabriel at ang kaniyang mga kapuwa-empleado. Hindi rin sila ang namamahala at nagdedesisyon tungkol sa mga bagay na nakakaapekto sa kanila. Hindi pantay ang boss sa kaniyang mga pinamumunuan. At pawang mga sunod-sunuran sila Gabriel, walang pagkakaiba o diversity.

Paano naman ang demokrasya? Hindi ba’t sapat ito para tugunan ang mga problemang inilista ni Albert? Kahit nga naman mayroon kang karapatang bumoto, kung wala kang panahon at espasyo para makapag-isip nang tama, wala ring kuwenta ang boto mo (Albert 45). Ayon pa kay Albert, nakakasira ng kakayahang magdesisyon ang nakakabagot at paulit-ulit na trabaho (103). Ang nagiging aktitud tuloy ng mga tao, wag na lang pumunta sa mga pagpupulong, wag na lang bumoto (46). Kapag wala ring transparency, wala nang gana ang manggagawa, wala nang pakialam (54). Kung susundin ang mga batas ng merkado lamang, nagiging parang atomo, masyadong indibiwalistiko, at walang pakialam sa isa’t isa ang mga tao (66). Nasisira rito ang nais na halagahan ni Albert, ang pagkakaisa. Gayundin, estruktura ng uri, humihina ang kakayahan ng mga myembro ng isang lipunan na magdesisyon (9). Salungat ito sa halagahan ng pamamahala-sa-sarili na nais ni Albert.

Puwede nating isalin kung gayon ang kasabihan ng Marxistang si Theodor Adorno na “Wrong life can’t be lived right” bilang “Walang mabuting tao sa masamang mundo.”

Kailangang palitan ang kapitalismo mismo (8); ito ang kongklusyon ni Albert. Pero hindi rin niya gusto ang sentral na pagpapalano na siyang sinubukan, ineksperimento, sa mga dating “sosyalistang” bansa. Sa sentral na pagpapalano, mayroon ding dominanteng uri, ang uri ng mga nagpapalano (12). Nasa estruktura ng sentral na pagpapalano ang uring ito (50), relasyon ng dominasyon din ang relasyon ng nagpapalano–manggagawa (52). Kahalintulad ng sa kapitalismo, mayroon ding uri ng nag-oorganisa, coordinator, o managerial class (26). Sila iyong boss sa opisina, hindi iyong mga CEO (chief

executive officer), sila ang mga supervisor at manedyer, na antagonistisko ang relasyon sa kapitalista at manggagawa (70). Ang pagkakaroon ng elit sa ekonomiya ay kasingmapanganib ng pagkakaroon ng elit sa politika (39). Lilang tao lang ang nagdedesisyon para sa marami. Isa nga sa pinapahalagahan ni Albert ay “self-management” o “pamamahala-sa-sarili”; i.e., ikaw ang nagdedesisyon para sa sarili mo imbes na ibang tao (39). Hindi transparent ang sentral na pagpapalano, ang mga nagpapalano lang ang nakakaalam, ang may monopolyo sa impormasyon (53).

Pundasyon ng parecon ni Albert ang todo-todong pagiging transparent at bukas (127, 185, 210, 217, 226, 272). Layunin niyang wag magkaroon ng uring nag-oorganisa o coordinator class na magkakaroon ng bentahe dahil sila ang nagsasaayos ng budget (222). Mayroon sentral na computer kung saan maaaring mabasa ng lahat ang mga isyung may kinalaman sa pamamahala (129; ikompara sa 222).

Dagdag pa, sa parecon, dahil walang uri, may siklong magaganap. Hindi laging ang isang tao ang magdedesisyon, kaya walang magkakaroon ng sistematikong bentahe (111).

Pero, nilalaban din ni Albert ang ilahas na demokrasya, kung saan lahat ng tao ay may kontrol sa mga bagay na wala namang kinalaman sa kanila (39–40). Sa bisyon niya ng parecon, mayroong mga konseho ng manggagawa na nagdedesisyon ukol sa mga isyu na nakakaapekto sa kanila (92, 94–95).

Parecon, Meron Akong Problema

Pero ano nga ba itong parecon na ito? Sa puso ng bisyon ni Albert, naroon ang konsepto ng “balanseng paggugrupo ng trabaho.” Ito ang depinisyon ni Albert sa “balanseng paggugrupo ng trabaho”: “Every person participating in creating new products is a worker, and each worker has a balanced job complex, meaning the combination of tasks and responsibilities each worker has would accord them the same empowerment and quality of life benefits as the combination every other worker has” (9–10). Ito ang kaniyang dagdag na paliwanag:

[I]f you work at a particularly unpleasant and disempowering task for some time each day or week, then for some other time you should work at more pleasant and empowering tasks over some reasonable time frame people should have responsibility for some sensible sequence of tasks for which they are adequately trained and such that no one enjoys consistent advantages in terms of the empowerment effects of their work. (104; ikompara din sa 149)

Ito ang halimbawa ni Albert ng balanseng paggugrupo ng trabaho ng piksiyunal na si “Larry” sa piksiyonal na kompanyang “Northstart”:

On Wednesday Larry helps sort mail for a few hours. He does this one morning every tenth week. On Wednesday and Friday next week, for two hours he will help with general clean-up. The following Wednesday Larry will work the front desk, Friday he will do some work rote data entry work. Next month Larry has a different rotation, but he always has some rote tasks assigned on Wednesday and Friday mornings. Of course, should Larry want to trade responsibilities for a certain Wednesday or Friday to attend his child’s school play or tennis tournament, for example, this would be fine. Larry’s rote work is evaluated by other Northstart members responsible for intervening if unscheduled task switching interrupts orderly functions (179; ikompara sa 181).

Salungat dito, kapag sa isang trabahuan ay may mga trabahong may mas kaiga-igayang katangian, ito’y mayroong “corporate division of labor” (45).

Hindi pantasya ang isinusulat ni Albert. Siyempre, nakakabagot pa rin ang mga trabahong nakakabagot (194). Sa ilalim ng parecon, mababawasan na nga lang ang ating paghihirap dahil ibinabahagi ang mga ganitong trabaho. Samantala, sa ilalim ng kapitalismo, sa mga opisina halimbawa, puro na lang tsismisan ang mga tao para takasan ang pagkabagot nila (195). Para hindi magsayang ng oras ang mga empleyado, nagbubuhos ng yaman ang mga may-ari ng kompanya at pabrika sa pagmamatyag sa mga trabahador (220). Sa ganitong paraan, maraming nasasayang sa ilalim ng kapitalismo. Siklo ito. May mga taong panay nakakabagot ang trabaho, kaya iiwas sila sa trabaho, kaya walang trabahong matatapos, kaya pagmamatyagan sila, kaya magiging mas miserable ang kanilang buhay, na siya namang magreresulta sa pagbaba ng kanilang kapasidad na magtrabaho at lumikha ng yaman. Mainam pa

ngang tutuusin kung sa pagmamatyag lang tayo titigil. Pero sa Pilipinas, dinadahas ang mga sumusubok kumwestiyon sa namamanginoong-uri. Sa kaniyang “Pagbisita kay Ericson,” nagbigay ng maikling paglalarawan si Cristina Guevarra sa naranasan ng aktibista at makatang si Ericson Acosta. Kasing importante rito’y ang *hindi* mailarawan:

... hindi siya pinagamit ng telepono dalawang araw matapos siyang dakpin ng mga militar nang walang warrant. . . .

Sa mga unang araw din daw ng paghahanap sa kaniya kung saan siya nakadetain, natuklasan na may lima pang magsasakang nakakulong sa Catbalogan Sub-Provincial Jail. . . . Matagal-tagal na raw silang nakakulong, pero huli nang naisadokumento. Kasama sila ngayon sa mga bilanggon politikal na ikinakampanyang palayain sa buong Eastern Visayas. Kagaya ng iba pang bilanggong politikal, katwiran ng mga humuli na sila ay mga NPA. Para maikulong, sinampahan sila ng mga gawa-gawang kaso.

Hindi na niya ikinwento sa amin ang interogasyon sa kaniya. Hindi ko alam kung may usaping ligal dito, pero sa palagay ko, may trauma pa siya mula sa naturang pagsikil sa kaniya ng militar. Wala namang ligtas doon. (Guevarra 367)

Sa kapitalismo, kinamumuhian ng mga tao ang kanilang trabaho, pero sa labas nito mayroon silang kinahihiligan at ikinagagalak na gawain (Albert 241). Kayang tiisin ng mga tao ang mahirap na trabaho, ang hindi nila matiis ay iyong mga trabahong walang kabuluhan. Argumento ni Albert, maaari pa ring maging masalimuot, mayaman, at teknolohikal ang lipunan sa parecon, tulad ng sa kapitalismo, pero nawawaglit ang mga mapang-aping relasyon ng uri.

Kung kaya’t mayroon pa ring mga lider sa parecon. Kung bahagi ka ng departamento ng pinansiya, pinansiya pa rin ang magiging pokus mo (178). Nga lang, may oras kang ilalaan sa pagwawalis, pagtitimpla ng kape, gayundin sa *brainstorming* ng mga solusyon sa isyu ng *stagflation*.

Sa estrukturang ganito, walang sekretarya, walang CEO (21). Wala nang uri sa isang parecon (24). Ano nga ba ang uri? Ito ang depinisyon ni Albert sa uri: “a group of people who by the positions they occupy vis-a-vis production,

allocation, and consumption have sufficiently similar circumstances, material interests, and motivations” (25). Nakabase ito sa pag-aari (26). Sinisira ng pribabong pagmamay-ari ang pamamahala-sa-sarili (44).

Totoo na may iba’t ibang gawain sa bawat trabaho. Kung bibigyan natin ng numero ang mga gawain, may mga trabaho na 5 (i.e., hindi masyadong nakakabagot, hindi masyadong nakakagana), na binubuo ng mga gawaing hindi rin masyadong nakakabagot, hindi rin masyadong nakakagana. Mayroong mga trabahong 1 (na labis ang pagiging nakakabagot), halimbawa, pangongolekta ng basura, at may mga trabahong 10 (pagiging CEO), at 8 (pagiging direktor ng pelikula, halimbawa). Sa pagbabalanse ng trabaho, ang nais ni Albert ay mahalo ang mga gawaing nakakabagot sa mga gawaing nakakagana nang gayon walang trabahong todo-todo ang pagiging nakakabagot (106). Halimbawa, ang pagiging guro ay trabahong 7 (nakakabagot ang pagkalkula ng grado, pero nakakagana ang pakikipagtalastasan sa mga estudyante), samantalang ang pagiging janitor ay 3 (paulit-ulit ang paglilinis ng sahig na paulit-ulit ding dinudumihan ng mga estudyante). Sa isang eskuwelahang nakaorganisa sa sistemang parecon ni Albert, wala nang guro at wala nang janitor. Mayroon na lamang mga taong maraming oras na makikipagtalastasan sa mga estudyante, at ilang oras na naglilinis ng banyo. May iba’t ibang salik sa pagbabalanseng nais ni Albert. Kailangan ding isaalang-alang ang lagay ng lipunan, may mga lipunang 3 at may mga lipunang 9 (108). Kung saan ka nagtrabaho ay kasama rin sa kalukulasyon, mayroong mga plantang 4 at may mga plantang 8 (126).

Hindi estruktural ang mga pagkiling at pag-abuso, hindi bahagi ng proseso (109; tingnan din ang 143). Samantala, sa kapitalismo, estruktural ang problema. Kung gagamitin ang wika ng mga computer programmer, feature at hindi bug ang pagsasamantala sa kapitalismo. Upang maiwasan ito sa parecon, laging dumadaan sa ebalwasyon ang sistema, ang layunin ay pinuhin ito nang pinuhin (225).

Wala Nang Mana

Bukod sa “balanseng paggugrupo ng trabaho,” ang isa pang pangunahing konsepto ni Albert sa kaniyang parecon ay ang “paggagawad ayon sa

pagsisikap.” Para kay Albert, ang dapat panukat sa kung magkano ang iyong suweldo ay ang pagsisikap at sakripisyo na inilaan mo sa trabaho (10, 14). Para sa kaniya, sa sistema ng paghahati-hati ng mga trabaho sa kasalukuyang panahon, dapat mas malaki ang suweldo ng janitor sa boss (115).

Ito ang depinisyon ni Albert sa effort o pagsisikap: “personal sacrifice for the sake of social endeavour... effort can take many forms. It may be longer work hours, less pleasant work, or more intense, dangerous, or unhealthy work” (114).

Dahil dito, may mga hindi kumbensiyonal na susog si Albert. Pangunahin dito ang pagsalungat niya sa konsepto ng mana. Tingnan natin ang kaso ng tinagurian ni Albert na “apo ni Rockefeller,” na puwede siguro nating tawaging “apo ni Ayala” o “apo ni Tan,” i.e., iyong taong nakuha ang kaniyang yaman hindi sa pagsasakripisyo, pagsisikap, at pagtatrabaho, kundi sa mana (29–30). Hindi naman siya nagsikap para sa kaniyang yaman. Gayundin, mayroon siyang bentahe kompara sa mga anak at apo ng mga mahirap. Para kay Albert, hindi ito makatarungan. Nagkakaroon ng estruktural na hindi pagkakapantay-pantay, at isa nga sa kaniyang mga halagahan ay pagkakapantay-pantay o equity.

Kaso ito ng karapatan ng mas matandang henerasyon na iwan ang kanilang yaman ayon sa loob nila, laban sa karapatan ng mas batang henerasyon na magkaroon ng pantay-pantay na oportunidad sa ekonomiya (31). Para kay Albert, mas matimbang ang karapatan ng huli sa karapatan ng una. Na, sa ikalawang tingin, ay hindi naman ganoong kakontrobersiyal. Patay nga naman ang mga nagpamana, samantalang nabubuhay pa ang bagong henerasyon. Sinisira ng estruktura ng mana ang kakayahan ng mga myembro ng isang lipunan na makapagdesisyon (32), kaya dapat itong buwagin.

Hindi rin naniniwala si Albert na talento dapat ang basehan kung paano ginagawaran ang isang tao (33). Ito ang tinatawag ni Albert na “genetic lottery,” o puwede nating tawaging “lotto ng lahi” o “lotto ng dugo” (35). Kapareho ng kaso sa mana, dahil hindi kayang kontrolin ng isang tao kung ano ang kaniyang angking galing, hindi dapat nito itinatakda kung ano ang mangyayari sa kaniyang buhay (35). Katulad lang din ng lotto sa dugo ang lotto sa mana (153). Muli, bumabalik tayo sa idea na ang estruktura ang

humuhubog sa halagahan ng mga tao, at kung nais natin na ibida ang ibang halagahan ay kailangan nating baguhin ang estruktura. Kapag ginagawaran ang mga tao batay sa kanilang mana o sa kanilang talento, imbes na sa pagsisikap, *suwerte* imbes na tiyaga ang nagiging basehan kung sino ang nagiging maluwalhati ang buhay.

Mainam ang pagsagot ni Albert sa akusasyong sa ilalim ng parecon, mawawalan ng oportunidad ang mga mahusay sa pagiging doktor na gawin iyong trabaho kung saan sila magaling. Hindi niya ikinakaila na mayroong mga henyo. Ang sinasabi niya, hindi natin alam kung sino pa ang mahusay sanang sa pagiging doktor ang nalugmok na lang sa pagiging janitor dahil sa kawalan ng oportunidad. Sa sistema ng balanseng paggugrupo ng trabaho, mabibigyan iyong mga may nakatagong galing ng oportunidad para mapaghusay ang kanilang sarili (149– 50). Madalas nating mapanood sa telebisyon iyong mga mahusay kumanta o magpinta pero dahil naging mahirap, o taong-grasa pa nga, ay hindi nadidiskubre kundi lamang sa pagkakataon at sa tulong ni Jessica Soho o Korina Sanchez-Roxas. Sa parecon, bahagi ng estruktura ang pagbibigay-oportunidad sa lahat para mapagyabong ang talento. Isa pa, sa kapitalismo hindi lahat ng mahusay sa medisina ay nagiging doktor, alam natin ang tungkol sa mga Pilipinong doktor na ay nag-aaral pa ring maging nurse dahil mas mataas ang suweldo nito sa Estados Unidos. Nariyan din ang kaso ng mga taong nagni-nurse kahit hindi naman maawain o maalaga, dahil naroon ang pera. Personal na anekdota, may kaklase ako sa hayskul na, nang tanungin ko pagka- graduate namin kung bakit imbes na sa Fine Arts ay sa Architecture siya nag-apply para sa kolehiyo. Sinagot ako na, “Hindi ako yayaman doon.” Sa ilalim ng kapitalismo, iyong mga may talento’y inaabandona kung saan sila tunay na magaling para sa pera (236). May tawag tayo rito, pagsasanla ng kaluluwa. O sa pormulasyon nina Marx at Engels (sa mahusay na salin ni Zeus Salazar mula sa orihinal na Aleman):

Doon kung saan nakamtan ng burgesya ang kapangyarihan, doon din winasak nito ang lahat ng ugnayang piyudal, patriyarkal at idiliko. Walang awa nitong pinagpipilas ang lahat ng makukulay na ugnayang piyudal na bumibigkis sa tao sa kaniyang kinagisnang pinuno, at walang iniwang ugnayan ng tao sa tao kundi ang hubo’t hubad na interes, ang walang

damdaming “salaping pambayad.” Nilunod niya sa nakangangalikigkig na tubig ng kamasariling katusuhan ang banal na panginingin ng masiglang pananampalataya, ang katapangan ng kabalyero, ang lumbay ng sinaunang burgis. Nilusaw rin niya sa halagang pamalit ang puri’t dangal ng bawat isa, at sa halip ng kay dami-raming ipinagkaloob at ipinaglabang mga kalayaan ang ipinagpalit ay ang tanging kalayaang pangkalakal. Sa madaling sabi, sa halip na pagsasamantalang ikinukubli ng mga ilusyong panrelihiyon at pampolitika ay ipinalit ang walang pakundangan, walang hiya, direkta’t tigang na pagsasamantala.

Tinanggalan ng burgesya ng kanilang sinag-sa-ulo ang lahat ng gawaing hanggang ngayo’y itinuturing na marangal at nakapupukaw ng banal na pagpipitag. Ginawa niyan pasahurang manggagawa ang doktor, ang abogado, ang pari, ang makata, ang alagad ng agham (Marx at Engels 11, 13).

Siyempre pa, hindi naman komunista si Albert. Hindi man lang nga niya itinuturing na sosyalista ang kaniyang proyekto (Albert 2003, 80). Imbes, inilarawan niya ito bilang “anarkista” (263). Hindi ito ang lugar para galugarin ang pagkakaiba ng komunismo, sosyalismo, at anarkismo. Sapat nang sabihing ang nais ni Albert sa parecon ay ang pag-igpaw mula sa kapitalismo. Ano pa ang magiging kondisyon ng pag-igpaw na ito? Nasabi na ngang pagsisikap, imbes na mana o angking galing, ang magiging basehan ng mga paggawad. Paano naman ang kaso ng mga nag-aral nang mabuti, hindi ba’t pagsisikap iyon? Dahil mas masarap pa ring mag- aral kaysa magtrabaho, i.e., mas malaking sakripisyo pa rin ang magtrabaho, hindi dahilan ang pagkakaroon ng mababang digri para maging mas mababa ang ginagawad (36).

Ginamit ni Albert ang analohiya ng “personal best” (232). Kung mabilis ka nang tumakbo, o lumangoy, hindi gaanong kahanga-hanga kung mas mabilis kang tumakbo o lumangoy sa ibang taong mabagal. Ang nagiging sukatan ng iyong husay ay ang pagtalo mo sa sarili mong record. Kahit na makatakbo ka ng dalawang kilometro sa loob ng sampung minuto, kung ang personal best mo naman ay pagtakbo ng dalawnag kilometro sa loob ng walong minuto, hindi ka humusay. Samantala, iyong taong nakatakbo ng isang kilometro sa loob ng sampung minuto, kung ang naunang record ay isang kilometro sa loob ng dalawampung kilometro, humusay talaga,

nagsikap. Siya ang mas kahanga-hanga. Ibalik natin sa isyu ng paggawa, kung nakapag-aral ka, o may mana, o talentado, at nagawa mo ang kayang gawin ng taong hindi nakapag-aral, walang mana, at hindi talentado, dapat ay mas malaki ang gawad sa kaniya. Kaunti lang ang nagawa mo sa kung ang pagbabasehan ay ang mayroon ka.

Bukod sa pagtatrabaho, sinasagot din ng parecon ang problema ng pagkonsumo. Teka, sandali, problema ang produksiyon, pero pati ba naman pagkonsumo, problema rin? Oo, kung ang tatanungin ay si Albert. Sundan natin ang kaniyang argumento.

Ang halaga ng isang bagay ay nakadepende sa gamit nito (20). Kakaiba ito sa nangyayari sa kapitalismo. Halimbawa ni Albert, ang mga artista ng Hollywood, dahil maraming pera, mas handang gumastos sa pagpaparetoke ng mukha at katawan (6). Mas mahal tuloy ang pagpaparetoke kaysa pagkain, o pagpapakain ng mga bata, kahit na mas mahalaga ang mga huli kaysa una. Sa kapitalismo, hindi akma ang mga presyo sa pinepresyuhan. Samantala, tatlong porsiyento lang ng populasyon ng mundo ang populasyon ng Estados Unidos, pero ito ang nagsasagawa ng limampung porsiyento ng pangungunsumo (1). E ano naman? Bakit natin papakialam ang desisyon ng isang tao na bumili nang bumili, basta ba hindi siya nagnanakaw? Hindi lamang ang bumibili at nagbebenta ng kotse ang apektado sa proseso ng pagbili at pagbenta ng kotse, kundi pati ang hihinga ng usok na nilalabas ng kotse sa atmospera (60). Pero sa kapitalismo, ang bumibili at ang nagbebenta lang ang nagdedesisyon (72; tingnan din ang 140).

Sa ilalim ng parecon, iyong mga bagay o serbisyo na puwede namang pagsaluhan ay pagsasaluhan nang sa gayon ay walang masasayang (214). Halimbawa, hindi mo naman magagamit ang iyong swimming pool beinte kuwatro oras kaya mas mainam na pondohan ang isang pampublikong swimming pool. Hindi nito ibig sabihin na iisang sepilyo lang ang gagamitin ng lahat ng tao! Sa parecon, mayroon ding mga konseho ng pagkonsumo (258). Ibinigay ni Albert ang halimbawa ng isang apartment na may apat na palapag, kung saan mga matanda ang nakatira sa ikaapat na palapag, at mga nasa twenties at thirties pa ang nakatira sa mas mababang palapag. Walang elevator. Sa kasong ito, hindi natutugunan ang mga pangangailangan.

Samantala, sa parecon, maaaring idetalye ng mga matanda na mas gugustuhin nilang tumira sa mas mababang palapag nang sa gayon ay hindi sila mahirapang umakyat ng hagdan pauwi sa kani-kanilang bahay.

Libre ang medisina, pati ang pampublikong parke sa parecon (117). Marami pang libre sa parecon (282). Kung lilipat ka ng opisina o pabrika, ang iyong batayang pangangailangan (tulad ng pagkain at renta) ay pupunuan habang naghahanap ka (178). Ayaw ni Albert doon sa tinatawag na pagkaalipin sa trabaho o “wage slavery” (160). Sa parecon, hindi na natin hahangaan ang pagmamay-ari lamang, ang pagkakaroon lamang (250). Wala na ring pera (269). Ano ba itong pagkaalipin sa suweldo? Sa madaling sabi, may panganib ng kamatayan na kinakaharap ng bawat tao kaya siya *kailangang* magtrabaho. Narito muli ang Gabriel ni Pascual, kakagising lang pero marami nang problemang bayarin:

“Hindi mo na kinain ang ulam mo kagabi? Sayang, napanis,” sabi nng kaniyang lola. “

Madaling araw na ho ako nakauwi.”

Inilapag ng matanda ang plato ng sinangag sa harapan ni Gabriel, pagkuwa’y muli itong lumapit sa kalan at bumalik na may bitbit na sariling pinggan na may sinangag.

Tahimik silang kumain. Nakakamay lang kumain ang lola ni Gabriel kaya panay muna ang ihip nito sa sinangag bago ito daklutin at isubo.

“Yun ng apalang bill ng PLDT, apo, dumating na. Yung cable, pinaabonohan ko muna sa Tita mo. Saka malapit nang mag-exam ulit sila Diego—”

“Iaobot ko ho. Tatapusin ko lang ‘to.” (62)

Dahil sa ganitong sitwasyon, pinagtaksilan nga ni Gabriel iyong mga kapuwa-employado niyang nagtatangkang magtayo ng unyon. Wala siyang katapatan sa mga ito. Dahil mamamatay siya kung walang pera, pati pakikipagkaibigan ay hindi na opsiyon sa kaniya. Naging makasarili na si Gabriel:

Pilit kasi nilang iniwasan ni Miguel ang direktang komprotasyon sa mga makukulit na katrabaho. Nag-teingang kawali na lamang siya at sapilitang tinatagan ang sismura. Hindi lang naman ang matitigas ang ulo at walang utang na loob sa kompanya ang may karapatang manindigan. Hindi dapat sisihin ang kompanya at manghingi ng kung anu-ano pang karapatan, na

kung tutuusin ay hindi naman mga karapatan kundi mga luho lamang. Kaya naman noong sisantehin kahapon ang mga natukoy ng kompanya na nagpasimuno ng pagtatatag ng unyon, lalo lamang tumatag ang paniniwala ni Gabriel na silang magkaibigan ang nasa katwiran: kaniya-kaniya lamang silang hila ng buntot. At kaya nga lilipad na siya pa-Singapore. Doon na siya makikipagsapalaran. Hindi dapat asahan ang kompanya para sa pag-unlad ng sariling buhay (62).

Surreal ang katapusan ng maikling kuwento. Matatanto ni Gabriel na nabitag siya ng isang time loop; paulit-ulit lang niyang pinagdadaanan ang isang piraso ng panahon. Hindi na siya umuusad sa oras at araw. Alegorya para sa kanilang sitwasyon bilang bitag din ng kapitalismo. Kahit naman makapunta siya ng Singapore ay mananatili siya sa estruktura na, sikapin man niyang maging mabait, ay gagawin siyang mapag-imbot at walang katapatan.

Sa parecon, kahit iyong mga ganid ay mapipilitang unahin ang kabutihan ng lahat, dahil para iabante nila ang sarili nilang buhay ay kailangang umabante ang kabuuan ng lipunan (Albert 159; ikompara sa 285). Nagiging iba na ang prioridad ng mga tao (187). Hinaharang kasi ng estuktura ang pagpapayaman sa sarili (272).

Posible ba ang lahat nang ito? Hindi ba't mga pangarap, utopia lamang ang inilalarawan ni Albert, wala kahit saan man? Sa isang seksiyon ng *Parecon*, tinuligsa ni Albert ang pinausong slogan ng dating pinuno ng Gran Britanya: "There is no better alternative" (TINBA); ibig sabihin, walang mas mabuting alternatibo sa kapitalismo (121-122). Kung walang mas mainam na alternatibo, ano ang maaasahan kung magpapatuloy ang kasalukuyang orden?

Kung ang pagbabasehan ay ang "Reclamation" ni Angelo Lacuesta, ang magpapatuloy ay ang pagkahapo, dislokasyon, pagkaaba: "There are thousands and thousands of them these days, filling up the shuttle buses and the jeeps, standing in line at the streetside food vans and merienda carts over the lunch and coffee breaks. They come by the trainload and fill the halls at training seminars, government job fairs, and overseas placement offices" (Lacuesta 108). Maraming gustong magtrabaho pero walang trabahong makuha. Sumusuong sila sa panganib.

Panganib din ang kinakaharap ng mga Pilipino, kung ang pagbabasehan ay ang “Carbon” ni Paolo Chikiamco. Panganib, at palaki nang palaking pagkakahati sa lipunan:

Nobody remembers just when the socio-economic rift started taking turns for the grossly extreme. Few people even noticed. . . .

My undergraduate thesis, a study of the clandestine society of *La Luminosa*, hypothesized the rift started when private citizens began taking to the stars. This was around 2023. The resources of first the moon, then Mars, then the rest of the Solar System, then 1/50th of the Milky Way, were so immense that the next quadrillion-dollar stellar mining expedition became easier to achieve than the last. Technology grew by leaps and light-years—but the costs were enough to keep consumers confined to the negative A—not even in Earth’s economic pyramid. For the better part of the last century, almost everybody under the planet’s atmosphere was ignorant of the new technologies (19).

Hindi kapani-paniwala ang paglalarawan ni Chikiamo sa pagtalon natin sa mga bituin at ang pagsakop natin sa kalawakan, pero kapani-paniwala ang paglalarawan niya sa pagpapatuloy ng bangungot na siyang kapitalismo. Gayundin, mahalagang bigyang-diin ang pagtukoy niya sa isyu ng kalikasan: “And the planet was dying. The last nature-raised eagle was auctioned off in 2056, the last wildflower three years later” (19). Itong huling punto’y malapit din sa mga pinagkakaabahan ni Albert. Kaya nga mas bukas siya sa mga ebook dahil di produkto ng pagpatay ng mga puno ang mga ito. Kaya nga sinasabi niyang sa pagbili at pagbenta ng kotse’y hindi lamang ang bumibili at ang nagbebenta ang apektado, nariyan din ang ibang taong masisira ang kalusugan at ang daigdig mismo dahil sa polusyon. Pero siyempre pa, dahil mas mahalaga ang tubo ay walang pakialam ang kapitalismo sa kalikasan.

Sa ilang bahagi ng papel na ito, mariing iginiit na hindi nagpapantasya lamang si Albert. Mali ang paggamit ng mga salitang ito. Nagpapantasya nga si Albert, pero hindi iyong nangangarap nang gising. Imbes, nangangarap siya para sa mas mabuting buhay para sa ating lahat. Nagsisimula ang kaniyang bisyon hindi sa kung ano ang mayroon, kundi sa kung ano ang kaniyang ninanasa. Gayundin, kinikilala niya na ang manggagawa ay

hindi ipinapanganak kundi nililikha, na walang manggagawa sa labas ng kapitalismo. Nagsimula ang sanaysay sa pagsasabing may kabuluhan ang libro ni Albert sa manggagawang Pilipino. Dito sa aking kongklusyon, ipinapangako kong kung matutupad ang parecon, malulusaw, maglalaho, mabubura ang manggagawang Pilipino, at ang kaniyang pagkaapi.

Sanggunian

- Albert, Michael. *Parecon: Life After Capitalism*. Verso, 2003.
- Alfar, Dean, at Nikki Alfar. *The Best Philippine Speculative Fiction 2005–2010*. U of the Philippines P, 2013.
- Chikiamo, Paolo. “Carbon.” Alfar at Alfar, pp. 57–71.
- Guevarra, Cristina. (2014). “Pagbisita kay Ericson.” *Transfiksyon: Mga Kathang In-Transit*, inedit nina Rolando Tolentino at Rommel Rodriguez, U of the Philippines P, 2014, pp. 263–70.
- Lacuesta, Angelo. “Reclamation.” Alfar at Alfar, pp. 107–11.
- Marx, Karl, at Freidrich Engels, *Manifesto ng Partido Komunista*. Salin ni Zeus Salazar, Palimbagan ng Lahi, 2000.
- Pascual, Chuckberry. *Kumpisal: Mga Kwento*. UST Publishing House, 2015.

IPISTEMOLOHIYA: Denaturalisasyon ng Pamilya

Binubuo ang papel na ito ng tatlong bahagi. Una ay maikling meditasyon tungkol sa relasyon ng estado at merkado sa mga sistemang tinatawag na sosyaldemokratiko. Pangalawa, isang mahabang mabusising pagbabasa sa *No Exit* ng pilosopong si Anne Alstott. At pangatlo, komentaryo tungkol sa madilim na maikling kuwentong “Ang Batang Gustong Maging Ipis” ni Carlo Pacolor Garcia. Layunin ng papel na maging kontribusyon sa larangan ng “ipistemolohiya.” Gagalugarin dito ang mga alternatibo sa kasalukuyang estruktura ng lipunan sa pamamagitan ng pagpapanukala ng matatawag na denaturalisasyon ng pamilya.

Nakakagulat ang itinala nina Brandal, Bratberg, at Thorsen na natutunan daw ni Einar Gerhardsen, dating Punong Ministro ng Norway, mula sa panahon ng panunungkulan nito: “ang sosyal demokrasya ay proyektong pulitikal na walang panghuling layunin (ultimate aim)” (1). Isa pang diumano’y natutunan ni Gerhardsen ay ito: na hindi mabubura ang mga hidwaan sa mga demokratikong lipunan. Mula sa dalawang kabatirang ito, inilarawan nina Brandal ang politika ng sosyaldemokrasya bilang “pragmatista” (6). Ibig sabihin, handa ang mga estado at politikong sosyaldemokratikong gumamit ng iba’t ibang paraan para makamit ang mga layunin. Laban ang mga sosyaldemokratiko sa purismo sa teorya at hindi minamaliit ang magabal na proseso ng reporma (25, 27).

Isang susing salita sa pagtalakay ng sosyal demokrasya ay “kompromiso.” Para kay Hilson, sa Scandinavia, nagkompromiso ang mga tagapangasiwa ng mga polisy sa pagitan ng “liberal na kapitalismo at komunistang estado” (19; tingnan din ang Brandal et al. 47).

Bagaman nagbibigay-diin ang ideolohiya ng sosyal demokrasya sa kalayaan, idinidiin nina Brandal et al. na kinikilala ng ideolohiyang ito na nakakabawas sa kalayaan ang tinatawag na “malayang merkado” (4). Para sa mga nagsusulong ng sosyaldemokrasya, mas importanteng tugunan ang mga batayang serbisyon ng panlipunan ng bawat miyembro ng isang bansa, kaya matakot sa maaaring maging panganib ng regulasyon ng estado (6).

Halimbawa, pagdating sa ekonomiya, ang mas kinikilingan ng mga sosyaldemokratiko ay “pinaghalong ekonomiya.” Ibig sabihin nito, hinahayaang maging oryentasyon ng mga institusyon ang tubo, basta ba natutugunan ang mga batayang pangangailangan ng mga mamamayan at komunidad (Brandal et al. 9). Nireregularisa ng estado ang mga industriya imbes na ariin ang mga ito, at nagsasagawa ito ng redistribusyon ng yaman sa pamamagitan ng pagbubuwis at iyong tinatawag na sistemang “welfare” (51).

Pinakanaiugnay ang sosyaldemokrasya sa mga bansang madalas na iginugrupo sa ilalim ng terminong “Scandinavia,” kaya mainam na magbigay din ng maikling tala tungkol dito. Bilang isang rehiyon, tinutukoy ng “Scandinavia” ang mga bansang Denmark, Finland, Iceland, Norway, at Sweden (Hilson 12). Bagaman may pagkakahalintulad, halimbawa ang mga wika ng Denmark, Norway, at Sweden, na kapag nakasulat ay naiintindihan bilang isa (12), hindi ibig sabihin ay monolitiko na ang kultura ng Scandinavia. Isang katangiang historikal maaaring ipanlarawan sa rehiyon ay ang sentralisadong kalikasan ng mga estado ng mga bansang bahagi nito (15). Bukod sa pagbibigay ng batayang serbisyong panlipunan, ang estado rin sa mga bansang Scandinavian ay may malaking papel sa kultura ng Scandinavia. Sinalungguhan ni Hilson na ang suporta ng estado ang siyang maituturing na pagkakapareho ng dalawang magkaibang-magkaibang direktor: sina Ingmar Bergman at Lars von Trier (21).

Matatawag na marumi ang paglalarawan ng balangkas na sosyaldemokratiko sa estado. Hindi ito puro o mabuti, bagkus ay tereyn ng tunggalian. Sa pagbigay-diin ng sosyaldemokrasya sa kompromiso, binibigyan-diin nila ang realistikong pananaw na iba’t ibang puwersa at interes ang kailangang harapin ng sinomang may kapangyarihan, o nasa posisyon sa gobyerno. Hindi na tuloy nakakapagtaka na kasama sa balangkas ng mga utopian na mag-isip tulad ng mga anarkista o iyong mga tinukoy nina Brandal bilang libertarian ang pagkawala ng estado. Ang pagkalusaw ng estado ay katumbas na rin ng pagtatapos ng hidwaan sa pagitan ng mga tao. Pero dahil nga hindi matatapos ang hidwaan ng mga tao, realistikong sabihin na hindi mawawala ang estado. Ang pinakamainam na lang gawin

ay pahinain ang kapangyarihan nito, na tumutumbas sa pagpapahina rin sa pangingibabaw ng alinmang elemento sa iba pang miyembro ng lipunan.

Naging proyekto rin ng isang bansang sosyaldemokratiko ang gobyerno ang, kung hindi man matatawag na denaturalisasyon, matatawag nating reoryentasyon ng pamilya. Ang tinutukoy ko ay ang Norway, at ang programang pambansa nito. Argumento ng historyador na si Francis Sejersted na “sa dakaling proyekto ng paglikha ng bansa, hindi maaaring iasa ang pagpapalaki ng bata sa kaniyang pamilya lamang” (“In the great nation-building project the child could not be left to the family alone.”) Kakaibang idea dahil saan ba naman nga natin inilulugar ang bata kundi sa pamilya? Patuloy pa ni Sejersted, “Mula sa sistema ng mga eskwelahan, matutunan ng mga bata ang kinakailangang moralidad para maging mabuting mamamayan” (“From the school system children were to acquire the necessary moral grounding as well as knowledge that would mold them into adequate citizens”; 243). Pero hindi lamang sa aspektong edukasyon mamamalas ang paghiwalay sa bata sa pamilya. Binanggit ni Sejersted ang “Castbergian child laws of 1915,” na nagtakdang maaaring magmana ang mga anak kahit na “bastardo,” at nagtakda, gayundin, ng ayuda para sa mga inang hindi nakakatanggap ng “child support” mula sa ama ng kanilang anak. Komento ni Sejersted: “Narito ang idea ng integrasyon, ng pag-aalaga sa pinakamahina, nakahalo sa nasyonalismong ang hiling ay malusog na katawan. Napapansin dito ang tumitinding pakikialam sa kalidad ng populasyon” (“Here was the idea of integration, of taking care of the weakest, combined with a nationalism that demanded a healthy stock. We notice an increasing interest in the quality of the population”; 244). Sa ganitong perspektibo, ang isang bata ay hindi na lamang anak ng kaniyang mga magulang, kundi mamamayan ng kaniyang bayan, na dapat inaalagaan ng bayang iyon.

Sa susunod na bahagi ng papel na ito, ilalarawan ang ilang panukala para makatulong sa mga pamilya na, kapag muling titingnan, ay pagpapamalas din pala ng pagiging “likha” o “gawa” ng tao sa inaakala nating walang kasaysayan at walang katapusan. Ano ba ang ibig sabihin ng denaturalisasyon? Mas mainam na maiintindihan ito kung tutukuyin nang pahapyaw ang tinututulan sa balangkas na ito. Narito ang isang sipi, diumano ay base sa “mga bata sa

Malawi” tungkol sa pamilya, mula sa ulat na “The Place of Foster Care in the Continuum of Care Choices” mula sa pandaigdigang alyansa ng mga grupong interesado sa pag-aalaga ng mga bata, ang Better Care Network: “Walang magmamahal sa iyo tulad ng iyong ina; siya ang nagluwal sa iyo kaya bahagi ka Niya. Mas mahusay kang aalagaan ng iyong ina kumpara sa ibang tao” (“No one will love you like your mother; she gave birth to you so you are a part of her. A mother will love you better than anyone else”; Keshavarzian 12). Mula sa personal na pagtingin, itinuturing kong anghel ang aking ina, pero alam ko na hindi totoo ang sipi sa itaas. Ang lapit ni Ann Alstott ay komprehensibong pagbabaliklad sa nakasanayan na nating konsepto ng pamilya, pero ito rin ay pagpapatibay ng pamilya, ng bagong pamilya, at reoryentasyon ng papel ng estado mismo. Ang detalyadong pagtalakay ni Alstott tungkol sa materyal na basehan ng kaniyang mga panukala ay makapangyarihang pagpapamalas sa denaturalisasyon na aking tinutukoy, at siya naman nating bubusisiin sa mga susunod na pahina.

Walang Takas

Sa simula pa lang ng diskusyon tungkol sa librong *No Exit* (Alstott), kailangang bigyang- diin na bagaman gagamitin ang mga salita tulad ng “nanay” at “tatay,” hindi lamang ang mga biyolikal na magulang ang tinutukoy dito. Kapag sinabing magulang, ito iyong taong nag-aalaga sa bata. Maaari itong lolo o lola, o di kaya ay madrastra. Kailangang tandaan na ang “magulang” ay isang papel, hindi katangiang likas. Tulad lang sa ating kasabihan na “madaling maging tao, mahirap magpakatao,” puwede nating sabihin na, “madaling maging magulang; mahirap magpakamagulang.” Maaaring magpakamagulang ang isang tao sa isang bata na hindi naman niya biyolohikal na kaano-ano, para kay Alstott, at para sa papel na ito.

Ang isa sa pilosopikal na tuntungan ni Alstott ay tinagurian niyang “liberal na egalitarianismo.” Sa pananaw na ito, ang binibigyang-diin ay ang kakayahan ng isang indibidwal na makapagdesisyon tungkol sa kaniyang buhay. Isinalungat niya ito sa “libertarianismo,” na ang tanging pinapahalagahan ay ang kalayaan ng isang indibidwal mula sa pangingialam ng estado. Paliwanag ni Alstott, “society has an obligation to help every individual

develop the capabilities he or she needs to be truly free” (35). Malaya lang ang isang tao kapag sadya at sapat ang impormasyon niya sa kaniyang mga desisyon. Maingat din si Alstott na idiin na batayang pangangailangan ang kaniyang konsepto ng “patuloy na pag-aalaga,” pero hindi ito sapat para sa tunay na pagkakapantay-pantay (41). Ayon pa rin kay Alstott, sa balangkas na liberal na egalitarianismo, isa sa mga mahalagang kalayaan ay ang kalayaang magbago ng isip. Kaya, halimbawa, sentido komun na hindi dapat imposibleng kumalas sa asawang hindi mo na gusto o mahal. Pero, at ito ang punto ng libro ni Alstott, ang kaso ng pagiging magulang, Walang Takas. Estado ang nagpapatupad nito (53). Ang punto nga ni Alstott ay hindi natural ang “pagmamahal” ng mga magulang sa anak, na ang pagiging magulang ay isinasagawa at hindi “nariyan lang.” Pinasadhan niya ang kasaysayan ng Kanluran at natuklasang may mahabang tradisyon ng pag-aabandona ng mga anak, sa Pransiya man o Italya, noong mang Edad Medya o ikalabingwalong siglo, sa mga mahirap man o mayamang sektor ng lipunan (54).

Sa kasalukuyang kultura ng Estados Unidos, ayon kay Alstott, bagaman laganap at ordinaryo na lang ang diborsiyo, ang pag-aalaga ng mga Norteamerikano sa kanilang mga anak ay “sa hirap at ginhawa” (3; tingnan din ang 8). Ibig sabihin, hindi nagtatapos ang pagiging magulang. Ibang-iba ang sitwasyong pampamilya sa Estados Unidos.

Samantalang maihahambing sa Pilipinas ang inilarawan niyang nakaraan, “children were an emotional and economic bonus, providing workers workers for the farm or factory and old- age security, too” (4). Sa kasalukuyan, inaasahan silang alagaan ang kanilang anak nang walang kapalit mula sa lipunan (tingnan sa 50–51).

Binibigyang-diin ni Alstott ang ekonomikong aspekto ng pagpapalaki ng anak. Para makapag-alaga nang tama ang isang tao, malaki ang kaniyang isinasakripisyo. Mas malaki lalo ang hinihingi mula sa mga babae at nanay. Ito ay alam ng kahit sinong nakapanood ng pelikulang *Anak* (direktor, Rory Quintos, 2000). Ayon kay Alstott, “A low-income mother needs her job to pay the rent, but a lengthy commute, long workday, or rigid job schedule may make it difficult or impossible to give her children adequate supervision” (7).

Patuloy pa ni Alstott, mas matindi pa ang ekonomikong responsibilidad ng mga magulang na may sakit o di kaya’y may special needs ang anak.

Ang hirap na pinagdadaanan ng mga magulang ay mas matindi sa mga nanay (Alstott23– 24). Sa Estados Unidos, ayon kay Alstott, ang mga babaeng walang anak ay kumikita ng 80% hanggang 90% ng kinikita ng mga lalaki. Samantala, ang mga babaeng may anak, 70% lang. Mas mababa na nga kompara sa mga lalaki, mas mababa pa kumpara sa mga babaeng walang anak. Kada anak, ayon sa isang pag-aaral, ay nagpapababa ng 5% sa suweldo ng isang babae (25). Mas mabigat din ang epekto sa mga kambal ang anak. Sa panahong isinusulat ni Alstott ang kaniyang libro, 33% ng mga batang Amerikano’y nakatira kasama ang isang magulang lamang, kadalasan sa nanay (44).

Bagaman inaamin ni Alstott na “okey lang” o “pinili ko ’to e” ang maaaring isagot ng isang magulang kapag napag-usapan ang ekonomiko at iba pang uri ng bigat na dala ng pagpapalaki ng anak, ibig sabihin ay may mga tao namang hindi iindahin ang bigat ng pagiging magulang. Hindi ibig sabihin nito’y wala silang bigat na nararamdaman (Alstott 56). Kung kaya, dapat silang tulungan sa pagbubuhay, magreklamo man sila o hindi.

Ang susing konsepto ni Alstott ay “continuity of care,” o patuloy na pag-aalaga. Ang patuloy na pag-aalaga ang nagmamarka sa isang tao bilang magulang, hindi ang biyolohikal na ugnayan ng isang lalaki o isang babae sa bata. Ang pagtuloy na pag-aalaga ng isang magulang ang pundasyon ng lumalagong pakikipag-ugnayan ng bata sa lipunan. Sentral ang estabilidad sa papel ng magulang. Nakabase sa sikoanalistang teorya, argumento ni Alstott na ang mga bata ay “egocentric and have difficulty maintaining equilibrium when their environment and relationships are disrupted. They may experience disruption as a personal attack or rejection. . . .” (17). Ang maging magulang ay pagiging patuloy na naroon para sa kanilang anak. Kailangan ng lipunan na gampanan ng mga magulang ang papel na ito: “Public institutions rely on parents to act as children’s protectors and advocates . . .” (5). Bagaman ang diskusyon ni Alstott ay para sa mga “ordinaryong” magulang, mayroon din siyang ilan tala para sa mga magulang na may extraordinaryong sitwasyon, halimbawa, iyong magulang na may malubhang sakit, o di kaya’y maraming

anak, at isa sa mga anak na ito’y may espesyal na pangangailangan. Opsiyon para kay Alstott na ipaampon ang anak na hindi mabibigyan ng patuloy na pag-aalaga. Aniya, “parents who cannot meet their child’s needs should be expected to make arrangements for the child to be cared for by others, temporarily or permanently” (39). Oo nga naman. Pag hindi mo maalagaan, bakit mo naman igigiit na manatili sa iyong pangangalaga? Mahalaga ang “patuloy” sa konseptong patuloy na pag-aalaga, pero ayon kay Alstott “if that relationship is severely disrupted for a long period, it may be better to take steps to recreate continuity with another family” (39). Para kay Alstott, kung hindi mo prioridad ang iyong mga anak, hindi ka dapat payagang maging o manatiling magulang.

Dalawa ang panukala ni Alstott: una ang “caretaker resource accounts,” at pangalawa ang “life-planning insurance.” Sa una, ang mga magulang ay makakatanggap ng limanlibong dolyar kada taon, para sa pag-aalaga ng bata, at kanilang sarili. Ang edad ng bata ay dapat labintatlong taon pababa. Kung dalawa ang magulang ng isang bata, pareho silang makakatanggap ng limanlibong dolyar (Alstott 75, 77). Ito ang “caretaker resource accounts.” Sa “life-planning insurance,” makakatanggap ng dagdag pa iyong mga magulang na may ekstraordinaryo ang sitwasyon. Si Alstott, halimbawa, ay may anak na may matindi at pambihirang anyo ng hika (10). May alam siya tungkol sa hirap na kinakaharap ng mga magulang. Bagaman mas mainam ang pampublikong serbisyong pangkalusugan sa Estados Unidos, halimbawa, kinikilala niyang “overworked” ang mga doktor at nars sa ospital ng kaniyang anak. Madalas ding pabago-bago kung sino ang nagbibigay ng serbisyong pangkalusugan dito. Nagkakamali ang mga doktor at nars na sobrang pagod sa trabaho: “I have had to question emergency triage procedures and make repeated requests for medication.” Kulang din ang mga nars: “I quickly learned that families simply cannot rely on the harried staff to wash, dress, feed, or even medicate the children in their care. [The] parent must be on duty twenty-four hours a day” (19). Ang punto niya, kahit sa larang na wala silang alam, kailangan maging “advocate” o kampeon ang mga magulang ng kanilang anak. Napakabigat ng responsabilidad na ito. Ganito sa usapin ng kalusugan, gayundin sa edukasyon, at sa iba pang aspekto ng buhay ng bata.

Bagaman pribado ang desisyong magkaroon ng anak, para kay Alstott, pampublikong papel din ang pagiging magulang. Sa kaniyang perspektiba, imbes na pagsabungin ang pangangailangan ng isang bata at ng kaniyang magulang, maaaring magkaroon ng mga repormang makakatulong sa mga anak at sa mga nag-aalaga sa kanila. Sa kaniya, ang mga magulang ay dapat mayroong “reasonable range of life options during and after their years of care” (9).

Ano ba ang nawawala sa isang tao pag gusto niyang “magpakamagulang”? Dalawa, ayon kay Alstott (54–55). Una, hindi na siya ang priyoridad sa pagtatakda ng mga priyoridad, kundi ang kaniyang anak. At, pangalawa, nawawala ang kalayaang magrebisa ng mga proyekto. Sinasalungat ni Alstott ang argumentong dahil pwede ka namang hindi mag-anak, walang obligasyon ang estado na tulungan ka sa pagiging magulang. Talinghaga niya ang pagpapalaglag. Ayon kay Alstott, hindi makatwiran na ipagbawal ang pagpapalaglag dahil lamang puwedeng umiwas sa pakikipagtalik (55).

Hindi kita, pero malaki ang pakikialam ng estado sa pagpapalaki ng isang anak. Ang pagiging magulang ay papel na may “rights and responsibilities . . . defined explicitly by the state through its laws” (Alstott 6). Sa kaniyang pag-iisip, dahil malaki ang papel at benepisyo ng estado mula sa patuloy na pag-aalaga ng mga magulang sa kanilang mga anak, dapat ay may kapalit ito. Dalawang instrumento ang mayroon ang estado. Ang “carrot”: pababayaan ng estado ang mga magulang na palakihin ang anak sa sarili nitong estilo, basta ba may patuloy na pag-aalaga; mayroon ding pamalo, pinakamarahas ang pagkuha sa anak ng mga abusado o pabayang magulang (43). Iginigiit ni Alstott na “society regulates child rearing with a heavy hand. . . . parents cannot entirely rear their children as they choose” (61).

Ang mga bata, para kay Alstott, ay mga tao, mga indibidwal na kailangang alagaan ng lipunan. Dahil ang “patuloy na pag-aalaga” ang primaryang kailangan ng mga bata, at dahil ang mga magulang ang nagbibigay nito, may obligasyon ang lipunan sa mga magulang. Hindi ito opsiyon para kay Alstott: “Continuity of care is . . . not an optional endeavour that can readily be traded off against other possible uses of society’s resources. The question is not whether society should subsidize modern art, or build a space station, or

engage in some other option that a fair society might or might not endorse” (38).

Narito ang kabalintunaan. Bagaman malaki ang papel ng estado sa pagpapalaki ng mga bata at malaki ang benepisyo sa lipunan ng tamang pagpapalaki ng mga bata, hindi maaaring maging aktibo sa pangingialam ang estado sa pagpapalaki ng mga anak ng isang magulang. May “minimal standard” lamang, na naroon ang magulang bilang magulang. Hindi maaaring magkaroon ng reserbang hukbo ng mga amain at inain, na ipapadala ng estado kapag tinimbang nila ang mga magulang ng isang bata at nakulangan dito. Pero bakit hindi? Kung wala namang natural na bentahe at husay ang mga biyolohikal na magulang ng isang bata kompara sa iba, hindi nga ba’t dapat magkaroon ng, kunwari, sertipikong kurso na maaaring kunin ng isang hindi magkaanak pero nais mag-ampon? Maaari nga tayong lumikha sa imahinasyon ng isang kompanya na ganito ang misyon. Negosyo nito ang pagmamatyag sa mga pamilya, ang pagsusuri sa husay ng isang magulang sa pagiging magulang. Magsasarbey sila sa mga bata para matuklasan kung sino ang masaya at yumayabong bilang tao. Pagkatapos, pag may magulang na bumagsak, mayroong katalog na maaaring pagpilian ang kaniyang anak, iba pang taong opsiyon na maging (mas mahusay na) magulang sa batang iyon. Ayon kay Alstott, mahirap kasing manghula kung magiging mas maganda nga ang buhay ng isang bata sa bagong pamilya, kahit na tanggap naman niyang magkakaroon ng bentahe ang isang batang lumaki sa bahay na, halimbawa, ibinibida ang pagbabasa, o di kaya’y simpleng mas maraming pera lang ang mga magulang (tingnan ang Alstott 68–69). Ayaw din niya sa aktibong pagtatasa ng mga magulang: “Clumsy intervention by bureaucrats could disrupt family bonds and children’s perceptions of their parents as authoritative and powerful. (Imagine how intrusive . . . it would be if a state- appointed ‘family counselor’ made weekly home visits to your house, correcting your disciplinary techniques, soliciting complaints from your child about you, or pointing out the mess in your kitchen.)” (42). Sa kasong ito, nananatiling burges ang balangkas ni Alstott. Bagaman naigpawan na niya ang biyolohikal na determinismo, hindi pa rin niya mayakap ang dinamikong kalikasan ng realidad, kasama na rito ang pagpapalaki ng mga anak. Ang

ibig kong sabihin sa pagsabing burgis ang pagtingin ni Alstott sa mga anak ay ito: tinitingnan niya ang mga bata bilang pag-aari ng mga magulang, kaya hindi ito dapat inihihwalay sa kanila (imbis na ang dapat: ibigay sila sa pinakamahusay na makapag-aalaga sa kanila). Sa bersiyong ito, ang mas binibigyang-diin sa konsepto ni Alstott ng “tuloy-tuloy na pag-aalaga” ay ang “pag-aalaga” imbis na “tuloy-tuloy.”

May mga magulang, halimbawa, sa Estados Unidos at Pilipinas, na mabuting tao naman, pero hindi naniniwala sa pagbabakuna. Nailalagay nila ang mga anak nila, gayundin ang ibang bata, at kahit ang ibang tao, sa panganib dahil lang sa mali-mali nilang pananaw tungkol sa sakit. Siyempre pa, hindi iniendorso dito ang sapilitang pagbaklas ng mga pamilya. Pero kailangan may opsyon ang mga bata na iligtas ang sarili nila sa mga hindi naman malubha, pero hindi pa rin optimal na sitwasyon. Isa pang punto: ayon kay Alstott, sa Estados Unidos, “Parental exit clearly is not beneficial from children’s point of view: for children, the more adults who are committed to them, the better” (45; tingnan din ang 47). Pero ang realidad ay naghihiwalay ang mga mag-asawa. Hindi ko rito binibida ang kabaliwang nagaganap sa Pilipinas, ang tanging bansa kung saan wala pa ring diborsiyo. Sa halip, nais kong salungguhitan ang puntong hindi laging kasuklam-suklam ang magkaroon ng institusyon o negosyong nagtatasa sa mga magulang. Maaari pa ngang may iba-ibang kompanyang nagsasagawa ng pagtatasang ito.

Ganito ang mungkahi ko, Alstottismong may katangiang Filipino. Gawin na nating ₱61,000 ang tulong na ibibigay kada taon. Saan kinuha ang bilang na ito? Ayon sa IBON Foundation (2021), nangangailangan ang isang pamilyang may limang miyembro ng ₱25,019 kada buwan para mabuhay nang “disente.” Tatlo dito ang anak, at ₱5,018.20 ang ilalaan para sa bawat isa, o ₱60,218.40 kada taon. Ang ₱25,019 na pisong estima ng IBON ay mas mababa sa pahayag ni Secretary Pernia ng National Economic and Development Authority (NEDA) noong 2018 (Sy et al.). Sinabi niyang ₱42,000 ang kailangan ng bawat pamilya na may limang miyembro para mabuhay nang disente. Ayon naman sa UNICEF, noong 2010, mayroong 100.98 milyong tao sa Pilipinas, at 40% ng populasyon ay nasa ilalim ng edad 18 (National Economic Development Authority at UNICEF Philippines).

Bagaman lumobo na ang populasyon mula ng taong iyon, maaari pa rin nating estimahin na mayroong 40,039,200 kabataan sa Pilipinas na bibigyan ng ₱61,000 ang mga tagapangalaga kada taon. Ang programa ko kung gayon ay mangangailangan lamang ng ₱2.442 trilyon kada taon para maipatupad.

Ibibigay ang perang ito sa bawat magulang (lolo at lola man, tiyo, amain at ina, atbp.) na “patuloy na nag-aalaga” sa isang bata. Gagraduhan ang bawat magulang ayon sa kahusayan ng buhay ng kanilang anak. Tatlo ang magiging criteria: (1) grado (honor ba o bagsak?), (2) kalusugan (kalitatibo ito imbes na kantitatibo, at isasaalay-alay kung PWD ang bata, halimbawa), at (3) buhay-sosyal (hindi naman puwedeng walang kaibigan ang isang bata). Bagaman kakailanganin pa ng pagdedetalye, marami na tayong maituturing na KPI o key performance indicators para sa (2) at (3). Halimbawa sa (2) ang mga average na tangkad at bigat para sa edad ng isang bata, e.g., 15 kilo dapat ang isang batang tatlong taong gulang. Ang buhay-sosyal (3) na isang bata ay mahirap ding sukatin, gayundin ang pangkalahatang “saya” o “ligaya” ng isang bata. Dito’y maaaring gumamit ng sarbey. Sasagutin ng bata, gaano ka kasaya sa iyong pamilya, 1 hanggang 10, ang 1 ay hindi talaga masaya, at ang 10 ay masayang-masaya. Sa ganitong paraan masusukat kung nakakatanggap ba ng mahirap nga namang sukating “alaga” ang isang bata. Nababalanse din ng mga salik ang isa’t isa. Kung 10 ang ibibigay ng bata sa kaniyang magulang dahil pinapakain siya ng ice cream sa agahan at pinapanood ng telebisyon hanggang madaling araw, pero siya naman ay bagsak sa eskuwela at obese, matutukoy ng tagapangasiwang social worker na may problema sa tahananang kaniyang binabantayan.

Kada tatlong buwan ang pagtatasa, at kada taon ang rekomendasyon, kung may renewal ba o hindi sa pagkamagulang ng magulang. Dahil ang gobyerno ang magluluwal ng pera, magkakaroon ng bidding ang mga kompanyang nagbibigay ng serbisyo ng pagtatasa. Maaaring magkaroon ng iba pang serbisyo ang mga kompanyang ito, na nakatuon naman sa mga magulang. Halimbawa, napansin ng tagatasa na mababa ang grado ni Alice. Sasabihin niya kina Bob at Charlie, mayroon kaming tutorial services. O di kaya’y walang kaibigan si Alice. Maaaring magset ng “play date” ang kompanya ng tagatasa sa iba pang batang walang kaibigan. May kontradiksiyon ba sa pag-usig

sa burges na balangkas ni Alstott tungkol sa pag-aari ng mga magulang sa kanilang anak, at ang pagpapanukalang magkaroon ng mga kompanyang tutulong sa mga batang magkaroon ng mas mabuting magulang? Ang pagkakaiba’y ito: ang burges na balangkas ni Alstott ay hindi nakakatulong sa mga bata. Hindi pwera may negosyo’y kapitalista na ang esensiya. Mananatili ang merkado kahit wala nang kapitalismo, mayroon pa ring paghabol sa tubo pero ang uunahin ay tao.

Kapag bumagsak ang isang magulang sa taunang rekomendasyon, at unang beses pa lang niyang bumagsak, bibigyan siya ng babala. Kapag dalawang bagsak na, kakailanganin na niyang magseminar, at gamitin ang mga serbisyong pampubliko at pribado para tulungan ang kaniyang anak. Kapag tatlong taon sunod-sunod siyang bagsak, maaari nang kunin sa kaniya ang kaniyang anak dahil bumagsak siya bilang magulang. Kapag naman pumasa siya, unang taon man niyang pumasa o sunod-sunod na sa isang dekada, makakatanggap siya ng ₱61,000 para ipagpatuloy ang mahusay niyang pag-aalaga.

Ngayon, maaaring argumento na ibig sabihin nito’y ang mga mayaman na, ang mas maraming resources, ang siyang laging papasa at makakatanggap ng pera mula sa gobyerno. Ito ang eksaktong punto. Sa ikatlong taon ng pagkabagsak, maaari nang ampunin ng ibang magulang na mataas lagi ang grado sa taunang pagtatasa, o di kaya’y ng mga nais maging magulang pero hindi pa nabibiyayaan ng anak (halimbawa, mag-asawang baog, o di kaya’y same-sex couples).

Ayon ulit kay Alstott, halos 80% ng mga Amerikano, pag nagdiborsiyo, sumusuko sa asuntong “sole custody” ng kanilang dating asawa (Alstott 46). Ibig sabihin, kung si Alice, nakipaghiwalay kay Bob, at sinabi ni Alice na gusto niyang siya ang maging primaryang tagapangalaga kanilang anak na si Charlie, 80% ang pagkakataong hindi sasabihin ni Bob na gusto niyang maging 50–50 ang hatian. E di sana, noon pa mang mas bata si Charlie, may naglipat na sa kaniya mula sa mag-asawa pa rin pero malapit nang magdiborsiyong sina Alice at Bob, halimbawa kina Daniel at Eddie, na, base sa pagtatasa, ay hindi maghihiwalay, at magiging mas mahusay na magulang. Bagaman walang diborsiyo sa Pilipinas, walang dudang nagkakaroon din ng

problema ang mga mag-aasawa dito. Sa aking panukala, hindi maaapektuhan nang malubha ang mga bata, dahil maiiwasan nila ang mga “bagsak” na magulang.

Ilan pa sa mga paghahambing ni Alstott ay pertinente sa kaniyang argumento. Halimbawa, ipinagtatangol niya ang “Social Security” at “Medicare” sa Estados Unidos dahil kailangan ng mga matanda ng pag-aalaga. Ito ang kaso para kay Alstott kahit hindi nag-ipon o nag-ayos sa buhay ang isang teenager, na umabot naman sa edad na 80. Isa pang talinghaga ni Alstott ang manggagawang natanggalan ng trabaho dahil naging “obsolete” na ang pinag-aralan. Mayroon silang “unemployment insurance and retraining assistance” (59). Kahit nga ang mga nagpabaya sa kanilang kalusugan, sinasabi ni Alstott na hindi kailangang buhatin lahat-lahat ang medikal na pangangailangan pag sa wakas ay siningil na ng katawan. Iniendorso niya ang pananaw ni Seana Shrifffin, na pinapayagan nga ng lipunan ang ganitong pagsasawalangbahala dahil pag naging masyadong estrikto sa pagtutuos, manghihina ang kapasidad ng mga tao “to deliberate about the lives they wish to lead” (Alstott 2004, 60).

Kongklusyon

Sa bahaging ito nais kong magbigay ng maikling komentaryo tungkol sa napakahusay na “Ang Batang Gustong Maging Ipis” ni Carlo Pacolor Garcia. Sa maikling kuwento, isang batang walang pangalan ang laging tumatawag sa kaniyang ina sa ospital para magpaalam maging kung ano-anong hayop. Una, alimango. Pagkatapos, hito. Pagkatapos, palaka. Lagi siyang pinapayagan ng kaniyang ina, na abala sa ospital. Lagi rin siyang tinatanong ng “Bakit?” ng kaniyang ate, at gustong-gusto niyang nagpapaliwanag. Napupulot ng bata ang idea sa paglabas nila ng kaniyang ama. Gusto niyang maging palaka, halimbawa, dahil isinama siya nito sa paglabas ng mga kumpare, para manghuli ng palaka. Ginusto niyang maging palaka dahil “mabilis’tong dumulas sa kanyang mga kamay at di na niya nahabol dahil sa liksi nitong lumundag” (70). Bagaman malapit sa kaniyang ate, malayo ang loob ng mga magulang sa bata. Hindi siya pinapansin ng ina pagkagaling nito sa ospital. Nakatutok lamang ito sa asawa, nagkukuwento nang kadalasan ay malungkot

na eksena. Kapag “isinasabuhay” ng bata ang pagkahayop (halimbawa, pag maging hito’y naglagay ito ng toothpaste sa ilalim ng ilong bilang bigote, saka nagpaapaw ng tubig para languyan), pinapagalitan ito ng mga magulang at pinagbabawalan. Nang “maging” palaka ito, pati ang ate’y nagalit na rin, “dahil ito ang maglilinis ng kalat” (ibid). Matagal-tagal na nahimik ang bata, naging “modelong bata” sa pagiging tahimik, mapag-aral, magalang. Hanggang isang gabing hindi ito makatulog ay nakaengkuwentro ito ng ipis. Sa mga unang interaksyon nito sa ipis, nalaman ng bata na mayroon ito ng mga katangian na hinahangaan niya sa mga naunang naging modelo (alimango atbp). Mahirap itong patayin. At hindi lang, nabubulabog nito ang ate at mga magulang niya. Mala-Kafka ang mga sumunod na pangyayari. Imbes na magpanggap lang na maging ipis, naging ipis talaga ang bata. Hindi nito magawang makapagpaalam para maging bata ulit. Nang makaengkuwentro ito ng piyesta sa basurahan, natuklasan nitong “hindi na niya kailangang magpaalam—at lalo nang hindi na niya kailangang maging mabait” (72).

Ito na siguro ang lugar para magbigay ng ilang tala tungkol sa estado ng panitikan bilang batis na kaalaman. Narito ang “epistemolohiya” ng “ipistemolohiya.” Sa lapit ng papel na ito, walang isinisukong posisyon ang panitikan vis-à-vis sa agham panlipunan, lalo na sa mga mas kumikiling sa empirisismong sosyolohikal o pangkasaysayan, gayundin sa “mas lohikal” na pilosopiya. Ang karunungan nahuhugot mula sa mga malikhaing akda ay simbalido ng mga kabatirang napupulot mula sa iba pang diskurso. Siyempre pa, maraming maaaring maging kahulugan ang mga likhang sining, at hindi ko sasabihing ang interpretasyong ito ang huling salita tungkol sa teksto ni Garcia. Gayumpaman, naniniwala ako sa interpretatibong kapangyarihan ng pagbasang aking ilalatag. Ang mga sanaysay ng mga iskolar ng agham panlipunan din naman ay kailangan ng interpretasyon. Pasaway ba ang tindig na ito? Ito ang “ipis” sa “ipistemolohiya.”

Kailangang bigyang-diin ang puntong hindi mahirap ang pamilya sa kuwento. Ito ang panganib sa paggamit ng ipis bilang imahen, na baka ito ay ikawing sa pagdarahop, at idiin na ang teksto ni Garcia ay kritikal sa lipunan sa ganitong paraan (hindi sinasabing maling maging kritikal sa lipunan sa ganitong paraan; ang sinasabi’y hindi ganito ang paraan ni

Garcia). Nasasalungguhitan ang panganib dahil pagkain, bukod sa mga ipis, ang makapangyarihang imahen sa huling bahagi ng kuwento.

Imbes, nais kong basahin ang kuwento mula sa perspektibo ng pagyabong. Ang mga hayop na ginustong maging ng bata ay hindi madaling patayin dahil lumalaban sila. Ang alimango’y naninipit, ang hito’y isdang kayang huminga sa lupa, ang palaka’y madulas. Samantala, kailangang magpaalam lagi ang bata sa ina para maging kung ano ang gusto niyang maging. At kahit lagi siyang nagpapaalam, lagi pa rin siyang napapagalitan. Nang maging ipis ang bata, inatake niya ang buong pamilya niya. Hindi lang ang kaniyang mga magulang, pati ang kaniyang ate. Ang huling pangungusap ng kuwento’y “hindi na siya naging bata kahit kailan” (Garcia 72), dahil hindi na niya ginustong maging bata kahit kailan. Ang pagpili ng bata sa pag-iral bilang ipis ang kaniyang pagtakwil sa pamilya, sa buhay-pamilya, at sa estruktura ng burges na pamilya (kailangang magpaalam sa mga magulang, napapagalitan). Ang pamilya ay aparato ng kontrol na kaniyang tinatakan (sa mga unang tangka) at natakan (sa pagiging ipis). Bagaman madumi ang imahen ng ipis sa “atin” (ang mga mabuting myembro ng lipunan), ipinagdiriwang ng teksto ni Garcia ang ipis, malaterorista ito sa pagbulabog sa burges na pamilya, at hindi mapatay-patay.

Ang ipis ang adik, ang lumpen, ang rebelde, ang iskuwater, at ang lahat ng mga “pasaway” na hindi sumusunod sa orden ng mga nasa poder. Bilang artistiko, imbes na politikal, na teksto, mainam na pinili ni Garcia ang may sipang naratibo. Nasa posisyon naman ng mga akademikong sanaysay, tulad ng papel na ito, na maggalugad ng mga “nakakabagot” na panukala tulad ng kay Alstott, at paghihimay ng mga artistikong teksto tulad ng kay Garcia. Hindi dapat hihingan ang mga tekstong tulad ng kaniya ng “pagkabalanse,” ng “obhektibong pagturing sa sitwasyon,” ng pakikipagkompromiso, di kaya’y blueprint sa maaaring paraan para makaalpas sa estrukturang kaniyang kinikritika (i.e., ang pamilya).

Sa “pasabog” na maikling kuwento ni Garcia, naipamalas niya ang kapangyarihan at limitasyon ng sining at panitikan. Hindi natin hahanapin sa literatura ang mga maliit na repormang maaaring subukan para gawing bukas hindi lamang sa mga tao, kundi pati sa mga ipis, ang ating lipunan.

At ano nga ba ang ating programa? Ang pagpapahina ng kapangyarihan ng estado. Sa paggalugad ng mga panukala ni Alstott, napakita natin na maaaring magkaroon ng denaturalisadong lapit sa pamilya, na maaari itong baguhin, palitan, at pagbutihin. Maaaring ituring ang ipistemolohiya bilang pag-aaral sa mga taong kung tratuhin natin ay parang ipis. Sila iyong sa ating mga mata’y di-kanais-nais, o, higit pa, dapat palayasin, kundi man puksain. Kontribusyon ang sanaysay na ito sa ipistemolohiya sa pagpapanukala nito ng mga maaaring solusyon sa “pag-iral bilang ipis” ng ating mga kapuwa-tao, base na rin sa ating pagtrato sa kanila, at sa posisyon nila sa estruktura ng ating herarkikong lipunan. Ipinapamalas din dito ang awto-kritikal o reflexive na katangian ng ipistemolohiya, sa paggalugad sa limitasyon ng mga panukalang ito.

Pahabol: ang mga magulang sa kuwento ni Garcia ay hindi “abusado,” iyon bang kung dekada nobenta pa’y isusumbong mo sa Bantay Bata. Nga lang, hindi sila “perpekto.” At kung hindi sila perpekto, ibig sabihin ay maaaring mayroong maging mas mahusay sa kanila, bilang magulang ng bata. Ito ang esensiya ng dagdag ng papel na ito sa mga panukala ni Alstott.

Sanggunian

- Alstott, Anne. *No Exit: What Parents Owe their Children and What Society Owes Parents*. Oxford UP, 2004.
- Brandal, Nik, Ovind Bratberg, at Dag Einar Thorsen. *The Nordic Model of Social Democracy*. Palgrave Macmillan, 2013.
- “The Family Living Wage (as of July 2021).” *IBON*, 13 Ago. 2021, www.ibon.org/the-family-living-wage-as-of-july-2021/. Binuksan 8 Okt. 2021.
- Garcia, Carlo Pacolor. “Ang Batang Gustong Maging Ipis.” *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature*, tomo 6, 2012, pp. 68–72.
- Hilson, Mary. *The Nordic Model: Scandinavia Since 1945*. Reaktion Books: 2010.
- Keshavarzian, Ghazal. “The Place of Foster Care in the Continuum of Care Choices.” *Family for Every Child*, 2015. *Better Care Network*, bettercarenetwork.org/library/the-continuum-of-care/foster-care/the-place-of-foster-care-in-the-continuum-of-care-choices-a-review-of-the-evidence-for-policymakers. Binuksan 20 Okt. 2021.
- Sejersted, Francis. *The Age of Social Democracy: Norway and Sweden in the Twentieth Century*. Princeton UP, 2011.

National Economic Development Authority at UNICEF Philippines. *Situation Analysis of Children in the Philippines: A Summary Report*. UNICEF, 2018, www.unicef.org/philippines/media/556/file#:~:text=over%2040%20million%20Filipino%20children%20and%20highlights%20progress,under-5%20mortality%20have%20been%20reduced%20by%20half%2C%20 Binuksan 8 Okt. 2021.

Sy, Marvin, et al. "NEDA: Family of 5 Needs ₱42,000 a Month to Survive. *The Philippine Star*, 8 Hun. 2018,. www.philstar.com/headlines/2018/06/08/1822735/neda-family-5-needs-p42000-month-survive. Binuksan 8 Okt. 2021.

AFTERWORD

Politika ang paksa ng gawang ito, politika sa pamamagitan ng lente ng Araling Kultural. Sabihin na nating posible ang pagbabago, at gusto natin ng pagbabago, sagutin natin ang mga sumusunod na tanong: sa anong paraan tayo magbabago? Anong uri ng pagbabago ang gusto natin? May kapalit ang lahat, at mapanganib ang padalos-dalos na pamamahala. Pero, hindi rin naman paraiso ang kasalakuyang orden, at hindi katanggap-tanggap ang pananatili ng ganitong uri ng kaayusan. Paano kung lumala? Pero mas may lalala pa ba sa kapitalismong-meron-tayo?

Nakikipag-usap ang mga sanaysay na ito sa isa't isa. Sana ay hindi nalibing ang aking tinig. Kung meron man akong “mensaheng” nais bigyang-diin, iyon ay ito: mapanganib ang estado, at mapanganib ang palakasin at palakasin pa lalo ito. Ang indibidwal na tao ang titigil sa pagkain ng hayop. At mas mabuti nang tayo ang pumili kung saan pupunta ang pera natin sa pamamagitan ng charity, imbes na nakawin ito ng gobyerno sa pamamagitan ng buwis. Ang kriminalisasyon ng droga at trabahong seksuwal ay hindi para sa ating pakinabang kundi pagpapalawak lamang ng pagpupulis sa ating pribadong buhay. Kung ang merkado man o ang komunidad ang dapat nating giya, matagal ko pang masasagot, pero hindi natin puwedeng asahan ang estado. Dadalhin lang nito tayo kapahamakan.

Ano ba ang magagawa ng isang manunulat laban sa estado? Marami. Lalo na kung kritiko. Ang dalawang modelo ko sa kritisismo ay sina Isagani Cruz at Rolando Tolentino.

Bata pa lang ako ay nababasa ko na ang kolum na “Mini-Critique” ni Cruz sa *Philippine Star*. Dito ko unang naengkuwentro ang terminong postmoderno, halimbawa. Siyempre pa, hindi ko naintindihan. Nang mabasa ko ang kaniyang *Bukod na Bukod* (2000) noong 2003, habang nagsisimulang magturo sa UP Los Baños, namangha ako sa dunong at tapang ni Cruz. Sasabihin niya, tatal naman pakiramdam ng mga Amerikano, sila ang sentro ng mundo, ilagay natin sila sa gitna ng mapa. Sa ganitong paraan, magiging Kanluran ang Pilipinas. Magiging lunsaran niya ito ng kritisismo sa oryentalismo. O di kaya, sasabihin ni Cruz, basahin natin ang *Florante at*

Laura na ang abot-tanaw ay ang administrasyon ni Cory Aquino. Pangontra niya ito sa mga gustong isara at paliitin ang kritisismo, ang mga pormalista at kampeon ng New Criticism. Sa ganitong paraan, nailalantad ang gahum ng mga apolitical kuno sa pagbabasa ng panitikan. Muli't muli kong binabalikan si Cruz, dahil sa lawak ng kaniyang kaalaman, at dahil di siya papapigil sa mga itinakdang hangganan ng humanidades, panitikan, o kritisismo. Samantalang karamihan sa mga kritiko'y nagtatago sa likod ng seryosong persona, mistulang pusong si Cruz, nagpapatawa, satirikal, nang-uuyam ng mga nasa kapangyarihan.

Walang kahenerasyon ko ang hindi nadama ang kapangyarihan ng kritisismo si Rolando Tolentino. Ano ba ang kahali-halina sa kaniya? Ang kaniyang malawak na kaalaman sa Teorya (malaking T), mula semiotika hanggang postestrukturalismo? O ang kaniyang ekumenikal na lapit sa pinapaksa? Magpahanggang ngayon, ipinapabasa ko ang aking mga klase ang klasikong *Richard Gomez at ang Mito ng Pagkalalake* (Tolentino, *Richard Gomez*). Walang patawad si Tolentino sa pagbabaklas sa kahit anong kultural na anyo, mula mall hanggang kay Rizal, pabalik kay Adele at Sy. Political din ang kritisismo ni Tolentino. Inaatake niya ang karahasan ng mga fraternity, at ng pasistang estado. Sa kaniyang panulat, naisiswalat ang panlipunang konteksto ng babae sa Balete Drive at mito ng gunless society. Samantalang si Cruz ay mandudula, si Tolentino ay manunulat ng maikling kuwento. Pinapasok ng kaniyang pagkamalikhain ang kaniyang kritikal na panulat, at pinapasok ng kaniyang kritisismo ang kaniyang mga malikhaing akda. Basahin itong sipi mula sa tekstong “Fastfood”:

order - kakainin at iinumun; kaantasan {tulad ng naghahari/pinaghaharian, lalaki/babae, puti/kayumanggi na nagbibigay ng ideolohikal na problema: saan ang puwang para sa burgesya komprador na sumusuporta sa strike, bakla at tomboy, Tsino at Atta halimbawa} (Tolentino, “Fastfood” 183)

Hindi tulad ni Cruz, personal kong nakilala si Tolentino. Malaki ang utang na loob ko sa kaniya, sa pagtulong sa akin bilang batang manunulat. Marami sa mga maikling kuwento ko'y sa antoholiyang isa si Tolentino sa

mga editor unang nalathala. Materyal at hindi lang espirital kung gayon ang naging tulong niya sa akin.

Ano nga ba ang silbi ng kritisismo, o ng panitikan? Ang turo nina Cruz at Tolentino sa akin, interbensiyon ang mga panulat sa lipunan. Pero anong klaseng interbensiyon? Hindi lamang listahan ng mga platitudes at motherhood statement, iyon bang tipong ipopost mo bilang Facebook status at walang magsa-sad face bilang reaksiyon. Laging nakikipagdebate at polemikal si Cruz. Sa kaniyang sanaysay sa mga *Tiempo*, halimbawa, hinamon niya ang dominanteng pananaw na pormalista ang mga *Tiempo*. Anuman ang natutunan ng mag-asawang Edilberto at Edith sa Iowa, hindi nila matatakan ang tradisyon ng pagsusulat sa Pilipinas. Katulad din ni Cruz, hindi takot makipaglaban si Tolentino. Inusig niya ang metapisikal na politika ni Benjamin Pimentel sa kaniyang rebyu ng paghalaw ni Rody Vera sa *Mga Gerilya sa Powell Street* (Tolentino, “Blast”). At hindi rin siya nagpapatawad kung bigo ang mga pelikulang tumupad sa pormal na standard ng kahusayan, kahit mga pelikulang Pilipino man ito (tingnan ang Eliserio).

Mayroon bang hangganan ang kritisismo? Para kina Cruz at Tolentino, wala. Parehong tunay na interdisciplinary ang kanilang lapit; babad sa kasaysayan; malay sa lipunan at ekonomiya; at may dunong tungkol sa kultura, sining, at panitikan. Sa isa sa pinakamahasag na sanaysay tungkol kay Rizal, inihambing ni Raul Bonoan ang ating pambansang bayani sa mga pilosopong Pranses, tulad nina Voltaire at Diderot. Ang mga pilosopong ito’y hindi tagagawa ng pilosopikal na sistema, tulad nina Kant at Hegel. Imbes, mga kritiko sila ng lipunan—nagsusulat ng sanaysay, oo, pero ng nobela rin, at iba pang anyong pampanitikan. Ang mga kritikong tulad nina Cruz at Tolentino ang mga tagapagmana ni Rizal, at sa tradisyong ito ako sumususo.

Ang dalawang kritikong ito ang inspirasyon ko para sa proyektong ito. Madalas itanong sa mga nagpoprotesta, ano ba ang gusto ninyo? Narito ang isang sagot: *Libreng Pagkain, Libreng Pabahay, Libreng Medisina, Libreng Edukasyon*.

Ang nakakatakot sa pagpanukala ng mga reporma, tila ba laging ang pagpapataas ng buwis ang nagiging sagot tuwing pinag-iisipan na ang pagkukuhanan ng pondo. Mas maliksi ang mga mayaman sa pagtatago

ng kanilang pera, at nagagamit ang batas para huwag ngang magbayad. Samantala, ang mga gitnang-uri at manggagawa ang naiiwan sa ere. Maaari kayang gamitin ang teknolohiya ng blockchain dito? Ang pangkalahatang argumento ko’y matatagpuan sa sanaysay na “Tungo sa Libreng Motor,” pero maaaring maglunsad ng maikling espekulasyon dito sa Introduksiyon.

Sa pag-iisip tungkol sa bitcoin at iba pang cryptocurrency, sa pagbabasa ng mga paglalarawan ng iba’t ibang proyekto, kung ano-ano ang pumapasok sa aking utak. Isa sa mga interesanteng setup ang tinatawag nilang *delegated proof of stake* (DPOS). Sa ganitong imprastruktura, imbes na libo-libong computer na nagmimina ng cryptocurrency ang nagmementena ng blockchain, mayroong mas konting bilang ng delegasyon na naggagarantiya na tama ang mga figura sa pampublikong ledger. Naisip kong maaaring magtayo ng National Blockchain Commission na siyang magpapasinaya ng ganito sa Pilipinas. Para itong serbisyo sa kuryente, tubig, at iba pang utility, na magbibigay ang gobyerno ng concession sa mga kompanya. Magkakaroon ng sandaang delegasyon, limapu’t isa rito’y kailangang kompanyang Pilipino ang mayorya ng may-ari, at apatnapu’t siyam ang banyaga. Sa DPOS, mas mabilis at mas marami kayang maprosesong transaksyon. Ano-ano ang mga maaaring proyektong ilunsad sa ganitong uri ng blockchain? Ang naiisip ko’y isang uri ng token ng universal basic income na walang hanggan (infinite) ang suplay.

Ganito ang magiging distribusyon. Isang buong taong aayusin ang mga papeles, para lahat ng Pilipinong labingwalo hanggang animnapu’t apat na taong gulang ay makapagrehistro. Sabihin na nating 2023 ito gaganapin. Lahat sila ay mabibigyan ng ID, narito ang kanilang batayang detalye, pangalan, edad, at gayundin ang kanilang blockchain wallet. Sa 2024, magsisimula ang distribusyon. Kada buwan, magluluwal ang pampublikong computer program ng limanlibong token ng UBI para sa bawat rehistradong blockchain wallet. Bawat nakapagrehistro’y makakatanggap ng limanlibong token na ito kada buwan. Alam ng computer program ang iyong petsa ng kapanganakan, kaya titigil lang ang pagbigay sa iyo ng token kapag animnapu’t anim na taóng gulang ka na. Kikilalanin ng gobyerno ang UBI token bilang legal na pera, na puwedeng gamiting pambayad sa buwis. Bibigyan din ng insentibo at grant

ang mga negosyo na tatanggap ng UBI sa pagbebenta ng mga produkto at serbisyo. Maaaring itanong, ano naman ang magiging halaga ng isang uri ng pera, gaano man kasopistikado ang computer program o kaborlolyo ang pangalan, na laging parami nang parami? Ang kapangyarihan ng UBI token ay nakasandig sa tatlong katangian nito: (1) patas ang distribusyon: lahat ng Pilipino, mayaman man o mahirap, tatanggap ng limanlibo nito kada buwan; (2) bukas sa lahat: makikita ng mga kompanya sa pampublikong blockchain kung saan napunta ang UBI ng isang wallet, at kung gaano karaming UBI ang mayroon sa kahit anong oras at taon; (3) hindi ito mababago: imementena ng mga kompanyang bahagi ng ordeng DPOS, sa pangangalaga ng National Blockchain Commission, na bawat transaksyon ay nakatala hanggang sa katapusan ng kabihasnang Pilipino. Ang pusta ay ito: mahalaga ang pera bilang pangrecord ng yaman, at wala talagang likas na katangiang espesyal. Kung ang isang kilong baboy ay ₱300 ngayong araw, at bukas ay may pampublikong pruwera na dumoble ang suplay ng piso sa Pilipinas, sa makalawa, kapag walang ibang nagbagong salik (suplay ng baboy, petsa [mas mahal ang baboy kung Disyembre], atbp.), ang magiging presyo ng baboy ay ₱600. Ang token na UBI, kung gayon, ay uri ng piso na alam ng lahat sa kahit anong oras kung gaano kadami ang suplay. Dahil din alam ng lahat kung gaano kailan dumadami ng bilang ng UBI, kada buwan, makakapagkalkula ang mga tao at negosyo, mababago nila ang kanilang presyo para sa produkto at serbisyo, depende sa kanilang sitwasyon.

Hindi lang ang paglikha ng mga token tulad ng UBI ang maaaring maganap sa Pilipinong blockchain. Suhestiyon kong dito rin isagawa ang mga transaksyon ng gobyerno. Sa ganitong kaso, hindi na kailangang lumikha pa ng espesyal ng token. Maaari na lang itong tawaging Piso token, na representasyon ng aktuwal na piso. Halimbawa ang Department of Education, nagbayad ng ₱10,000 sa isang gurong gumawa ng textbook. Iyon ay nakatala sa blockchain. Halimbawa, ang PhilHealth, bumili ng sanlibong laptop na tig-₱100,000. Kahit sinong mamamayan, maaaring itsek kung kanino napunta ang pera, kung naremata ba ang buwis sa gobyerno, at kung saan napunta ang buwis mismo.

Marami pang ibang aplikasyon ang teknolohiya ng blockchain. Halimbawa, ang ibang proyekto ngayo'y ginagamit ito bilang lunsaran ng mga likhang sining.

Para saan nga ba ang teknolohiyang ito? Siyempre pa, lumilikha tayo ng sining para sa sining, at nagdedebelop ng teknolohiya para sa teknolohiya. Pero, sa ganitong proseso, nakakadiskubre tayo ng mga konsepto at bagay na maaaring gamitin para sa sangkatauhan, para sa bayan. Naniniwala akong ang teknolohiya ng blockchain ay isang paraan para maging libre ang lahat.

Pagmamalabis bang hingin na libre ang lahat? Hindi, sapagkat bawat isang tao, sa kaniyang pag-iral lamang ay may kontribusyon na sa ekonomiya, at kung gayon ay karapat-dapat bigyan ng karampatang yaman.

Argumento ni Jonathan Beller na may pananamantalang nagaganap din sa pananood ng pelikula at telebisyon. Ang paggawa rito ay ang atensiyon, pero ang sinusuweldo lang ay “entertainment” (227). Si Beller naman ba ang nagmamalabis? Para maliwanagan sa kaniyang teorya, kailangang nating suriin ang social media. Halimbawa, sa *Facebook*, mula kang walang ginagawa. Pero nagtatrabaho ka para sa *Facebook* sa pamamagitan lang ng pag-scroll. Pinag-aaralan ng Facebook ang aktibidad mo bilang manggagamit ng *Facebook*. Sa agregasyon nito ng datos, mas mainam nitong naibebenta ang atensiyon sa mga advertiser na siya namang tunay na kustomer ng kompanya. Kahit ang simpleng pagkakaroon lang ng account sa *Facebook* ay malaking tulong na sa kanila. Tagahalina ang mga kasalukuyang gumagamit ng *Facebook* sa mga hindi gumagamit nito. At siyempre pa, kapag mahilig kang mag-like, share, at comment, mas marami kang naiaambag sa *Facebook*. Kumbaga, gumagawa ka ng materyales para lalong malulong ang iba pang nasa *Facebook* at para hindi sila mag-log out. Sa gayon ay magkakaroon ng mas maraming oportunidad ang Facebook na pakitaan sila ng ads. Ganito rin sa *YouTube*. Ang simpleng pananood ay nagdaragdag ng halaga sa isang video, mas mahusay ang may labing- isang views kaysa sampu. Sa iyong pagdedika ng minuto sa isang video, naipapaalam mo sa *YouTube* na interesante ang video, at puwede nila itong irekomenda sa iba pa para naman mapapanood din ito at ang kanilang ads. Kahawig dito ang nagaganap sa mga free to play game tulad ng *Hearthstone* at *Magic the Gathering Arena*. Libre nga

namang maglaro ng mga ito, at nakaaaliw. Bakit naman aaliwin ng Blizzard-Activision at Hasbro, ang mga walang pera? Ang mga walang perang manlalaro ay mistulang manggagawang walang bayad: sa kanilang paglalaro, may nakakalaro ang mga nagbabayad. Hindi lang iyon, dahil kadalasan mas makapangyarihan ang mga nagbabayad kaysa mga naglalaro nang libre, may lugod na narararamdaman ang mga nagbabayad kapag nakakaharap, at natatalo, ang mga naglalaro nang libre. Pero hindi nga sila naglalaro nang libre. Naglalaro sila nang hindi binabayaran.

Iwan muna natin ang keyboard ang tingnan ang isang graduate ng nursing. Maraming nag-aaral ng nursing, at ang turing nila sa isa't isa'y maaaring bilang kaibigan, pero sa ilalim ng kapitalismo, sila'y magkakompetisyon. Kapag inalok si Petra ng ₱10,000 kada buwan bilang nurse, hindi siya makakatanggi. Bakit? Kasi kung ayaw niya, maraming ibang nurse na papayag na magtrabaho para sa ₱10,000 kada buwan. Halimbawa, si Juana. Dahil ang pangunahing layunin ng mga korporasyon ay tubo, kailangan nilang panatilihin mababa ang suweldo ng kanilang empleado. Sa simpleng pagiging alternatibo o opsyong empleado, nakakatulong si Juana na pababain ang suweldo ni Petra. Kontribusyon ito sa madulas na pagtakbo ng makinarya ng ekonomiya. Kumbaga, lahat ng kakompetisyon mo, i.e. lahat ng kapareho mo ng larangan at skills, ay mistulang eskirol, scab, o strikebreaker.

Dahil lamang nabubuhay sila, nagsisilbing “untapped market” ang mga tao. Maaaring muling likhain ang mga komunidad na ito bilang merkado.

Pero kailangan pa bang mangatwiran laban sa kapitalismo? Hindi ba't ang kapitalismo ang kailangang magtanggol ng sarili nito? Isipin na lang ang isang taong nakatira sa may ilog. Nangingisda siya nang sapat para makakain, para mabuhay araw-araw. Pagkatapos ay may magtatayo ng dam. Maiiba ang daloy ng tubig sa ilog, at magbabago ang kapaligiran ng taong ito. Kailangan na niyang magtrabaho nang walo o higit pang oras kung gusto niyang kumain, kakarampot na pagkain! Kapag nagalit siya, nagwala, o di kaya'y nanlimos, tatawagin siyang tamad o parasitiko. Ang dam na ito ang tinatawag nating kapitalismo. Bilang danyos perhuwisyos, dapat nating igiit sa rehimen ng

kapital ang pinakamaliit na hiling na ito: libreng pagkain, libreng pabahay, libreng medisina, at libreng edukasyon.

Kunwari ay saniban tayo ng kapitalista, at tingnan natin ang mundo bilang isang malaking merkado, at ang ibang mga bansa ay kakompetisyon natin. Nagiging mas klaro ang pangangailangan para sa libreng edukasyon. Pagsasanay ito sa mga mamamayan na tapat at may utang na loob sa bayan laban sa mga dayuhan. Sa antas ng bansa laban sa bansa, mainam na malusog, matalino, at maalwan ang buhay ng isang populasyon.

Maaari nating tawaging liberal na konserbatismo ang ganitong pananaw sa politika at ekonomiya. Liberal dahil makakaliwa ang posisyon, kahit papaano ay progresibo. Ang gusto nati'y pagkakapantay-pantay, gusto nating tumulong sa kapuwa, sa mga nangangailangan. Konserbatibo dahil nakakapit pa rin sa konsepto ng karapatan ng pag-aari. Hindi puwedeng ipamigay na lang basta-basta ang mga bilyones ni ganire sa daang milyong populasyon. Ilang milyon lang ang maaaring kunin sa kaniya. Ang liberal na konserbatismong ito'y mainam na pananggalang sa mga kalabisan ng estado, at parang aso'y taliba laban sa mga pasistang balak looban ang ating bahay. Kumbaga, ang mga aristokrato ng Pilipinas ay papanig sa demokrasya hindi dahil gusto nilang magkaroon ng pamumuno bilang Marami. Ayaw lang nilang may diktador na mamuno bilang Isa.

Maraming panganib sa posisyong ito. Ang pinaka: pinapalakas nito ang estado. Ang estadong ito, kadalasan ang mga mamamayan ang target ng pandarahas. Paano natin iiwasan? Katulad lang din na ang merkado ay hindi katumbas ng kapitalismo, ang estado ay hindi katumbas ng bayan. Maaaring magkaroon ng organisasyon ang milyon-milyong indibidwal nang hindi burukratiko kundi boluntaryo.

At ano naman ang itatawag natin sa kaayusang ito? A, iyon, iyon ang tanong!

Sanggunian

- Beller, Jonathan. "The Spectatorship of the Proletariat." *boundary 2*, tomo 22, blg. 3, taglagas 1995, pp. 171–228.
- Bonoan, Raul. "Tasio *El Filisofo* and Padre Florentino: An Inquiry into Rizal's Prophetic Vision." *The Noli me tangere: A Century After, an Interdisciplinary Perspective*, inedit ni Soledad Reyes, Phoenix Publishing House, 1987, pp. 1–14.
- Cruz, Isagani. *Bukod na Bukod*. U of the Philippines P, 2000). Eliserio, U. *Kontra*. Sentro ng Wikang Filipino–Diliman, 2020.
- Tolentino, Rolando. "Blast from the Past na Palabas." *Bulatlat*, 29 Nob. 2008, <https://www.bulatlat.com/2008/11/29/blast-from-the-past-na-palabas-ng-politika/>. Binuksan 19 Okt. 2020.
- Tolentino, Rolando. "Fastfood." *Alagwa*, inedit nina Mes De Guzman at Vim Nadera, De La Salle UP, 1997, pp. 181–96.
- . *Richard Gomez at ang Mito ng Pagkalalake*. Anvil, 2000.